ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2016

Liahona



Pagtatatag ng Sion Ngayon, pp. 4, 20

Kilalanin si Elder Renlund, p. 14

8 Susi sa Pagtuturo sa mga Kabataan at mga Bata, pp. 28, 30

Mga Tipan at Pagsamba sa Templo: Pagpapalalim ng Inyong Ugnayan sa Diyos, pp. 32, 36

"Lahat ng bagay ay nagpapatunay na may Diyos; oo, maging ang mundo, at lahat ng bagay na nasa ibabaw nito, oo, at ang pag-inog nito, oo, at gayon din ang lahat ng planetang gumagalaw sa kanilang karaniwang ayos ay nagpapatunay na may Kataas-taasang Tagapaglikha."

Alma 30:44

Larawan ng Milky way, na kinunan mula sa Jackson Lake, Wyoming, USA.

Liahona, Hulyo 2016

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Tapat sa Pananampalataya ng Ating mga Ninuno**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Ating Potensyal na Maging Magulang**

SA PABALAT
Harap: *Hindi Nag-iisa,* ni Minerva Teichert. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Royce Bair. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni Guy Cohen.

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

12 **Ang Kaibhang Nagagawa ng mga Teacher Council Meeting**
Ni Sandra Cattell
Paano napahusay ng komentaryo sa isang teacher council meeting ang kanyang pagtuturo.

14 **Elder Dale G. Renlund: Isang Masunuring Lingkod**
Ni Elder Quentin L. Cook
Alam ni Elder Renlund sa kanyang habambuhay na paglilingkod, bilang bagong Apostol, na ginagawang karapat-dapat ng Panginoon ang mga tinawag Niya.

20 **Ang Paglalakbay Ko Bilang Pioneer na Taga-India**
Ni Mangal Dan Dipty na ikinuwento kay John Santosh Murala
Ang ginawa ng Panginoon sa buhay ko ay mas maganda kaysa sa inaasahan ko—mula sa paglaki ko bilang isang "batang-gubat" sa kanayunan ng India hanggang sa mabinyagan ako at maging kaibigan ng isang Apostol.

24 **Tulad ng Balo ng Sarepta: Ang Himala ng mga Handog-Ayuno**
Nina Po Nien (Felipe) Chou at Petra Chou
Gusto naming tulungan ang mga maralita at nangangailangan. At gusto naming mapaglabanan ng aming pamilya ang tendensiya na maging sakim. At nakita namin ang solusyon sa pagbibigay ng mga handog-ayuno.

36 **Paggalang sa Diyos sa Pamamagitan ng Pagtupad sa Ating mga Tipan**
Ni Elder Joseph W. Sitati
Iginagalang natin ang Ama sa Langit kapag pinalalalim natin ang ating kaugnayan sa Kanya sa paggawa at pagtupad ng lahat ng nakapagliligtas na mga tipan at ordenansa.

MGA BAHAGI

8 **Nagsasalita Ngayon ang mga Propeta at Apostol: Sumusuporta sa Kalayaang Pangrelihiyon**

10 **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Pagmamahal sa mga Taong Iba ang mga Pinahahalagahan**
Hindi ibinigay ang pangalan

28 **Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas: Pag-unawa sa mga Kabataang Tinuturuan Ninyo**

30 **Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas: "Masdan ang Inyong mga Musmos"—Pagkatutong Magturo sa mga Bata**

32 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Pagsamba sa Templo—ang Susi sa Pagkilala sa Diyos**
Ni Elder Marion D. Hanks

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Mga Espirituwal na Buwaya**
Ni Pangulong Boyd K. Packer

MGA YOUNG ADULT

44 **Paano Makakayanang Harapin ang Pag-uwi nang Maaga**
Ni Jenny Rollins
Nakapanlulumo ang pag-uwi ko nang maaga mula sa aking misyon. Narito ang ilang bagay na sana ay nalaman kong gawin at ng mga mahal ko sa buhay.

48 **Mga Young Adult Profile: Pananatiling Matatag sa France**
Ni Mindy Anne Selu
Kabilang sa Hukbong Pranses, Si Pierre ay umaasa sa panalangin at nag-aaral ng mga banal na kasulatan upang maipakita ang kanyang pananampalataya.



Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ano ang Cath-ormon?

MGA KABATAAN

50 **Mga Sagot mula sa mga Lider ng Simbahan: Paano Makakamtan ang mga Pagpapala ng Templo**
Ni Elder Ronald A. Rasband

51 **Tuwirang Sagot**
Pag-ibig ba? Mga himala sa panahong ito?

52 **Pamimilit ng Barkada at *Pisto***
Ni Kiara Blanco
Lagi kong pinipilit ang mga magulang ko na payagan akong dumalo sa mga party ng mga kaibigan ko. Nang sa wakas ay pinayagan nila ako, nagdasal ako na bumalik sana sila para masundo ako.

54 **Siyensya at ang Paghahanap Natin sa Katotohanan**
Ni Alicia K. Stanton
Nag-aalala ba kayo kung paano tumugma sa ebanghelyo ang isang bagay na natutuhan ninyo sa science class?

58 **Maghanda—at Kumilos**
Ni Elder Hugo E. Martinez
Ang plano ng Panginoon ay isulong ninyo ang gawain sa family history, sa templo, at ang gawaing misyonero.

60 **Pag-alaala sa Tagapagligtas**
Ni Eric B. Murdock
Limang pagpapala na nagmumula sa pagtupad sa ating pangako na palaging aalalahanin si Jesucristo.

64 **Poster: Nariyan Ka Ba Talaga?**

65 **Paano Ko Nalaman: Pagkatutong Maging Isang Liwanag sa Mundo**
Ni Victor de Jesus Cruz Vargas

MGA BATA

66 **Maging Sino Ka Man**
Ni Linda Davies
"Naku," naisip ni Andi. "Anong mangyayari sa akin samantalang hindi ako nabuklod sa aking pamilya?"

68 **Si Clarence Laban sa Kampeon**
Ni Lori Fuller
Dumating ang lahat para panoorin ang laban sa pagtakbo ni Clarence at alamin kung talagang totoo ang Word of Wisdom.

70 **Mga Batang Naninindigan: Mga Kaibigan at Pananampalataya**
Ni Melissa Hart

72 **Mga Sagot mula sa Isang Apostol: Paano tinatawag ang mga missionary?**
Ni Elder M. Russell Ballard

73 **Sulok para sa mga Tanong**
Kapag nagtatalo ang nanay at tatay ko, alalang-alala at lungkot na lungkot ako. Ano ang gagawin ko?

74 **Mga Bayani sa Aklat ni Mormon: Matapang si Kapitan Moroni**

75 **Kaya Kong Basahin ang Aklat ni Mormon**

76 **Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon: Ang Bandila ni Kapitan Moroni**

79 **Musika: 'Pag Naririnig Ko ang Hirap ng mga Batang Pioneer**
Ni Janice Kapp Perry

HULYO 2016 TOMO 19 BLG. 7
LIAHONA 13287 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Joseph W. Sitati
Assistant Editors: James B. Martino, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Cheryl A. Esplin, Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

Namamahalang Direktor: Peter F. Evans
Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Megan VerHoef Seitz
Writing at Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Rachel Smith, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick
Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:
July 2016 Vol. 19 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.

"Tulad ng Balo ng Sarepta: Ang Himala ng mga Handog-Ayuno," pahina 24: Isiping basahin ang artikulong ito nang sama-sama bilang pamilya at pagkatapos ay pag-aaralan ang kuwento ng balo ng Sarepta sa I Mga Hari 17. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na mga tanong: Paano tayo pinagpapala ng pag-aayuno bilang indibiduwal at bilang pamilya? Sino ang mapagpapala ng ating mga handog-ayuno? Anong mga pagpapala ang makikita natin sa ating tahanan dahil sa pagbibigay natin ng mas malaking handog-ayuno? Maaari ninyong pag-usapan ang posibilidad ng pagbibigay ng mas malaking handog-ayuno o ang iba pang mga paraan na matutulungan ninyo ang mahihirap at nangangailangan bilang isang pamilya.

"Ang Bandila ni Kapitan Moroni," pahina 76: Maaari ninyong basahin ang tungkol kay Kapitan Moroni sa artikulong ito nang sama-sama bilang pamilya. Pagkatapos ay maaari ninyong basahin ang Alma 46:11–14 at pag-usapan kung ano ang naghikayat kay Kapitan Moroni na ipagtanggol ang kanyang mga tao—"ating Diyos, ating relihiyon, at kalayaan, at ating kapayapaan, ating mga asawa, at ating mga anak." Ang mga ito ay mahalaga at inaatake pa rin sa panahong ito. Isiping gumawa ng sariling "bandila ng kalayaan" sa inyong pamilya at pag-usapan ang mga paraan para madepensahan ang mga bagay na pinakamahalaga sa inyo.

MARAMI PANG IBA ONLINE

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org**.** Bisitahin ang **facebook.com/liahona.magazine** (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol) para makahanap ng mga mensaheng nagbibigay-inspirasyon, mga ideya sa family home evening, at materyal na maibabahagi mo sa iyong mga kaibigan at pamilya.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Ama sa Langit, *36*
Banal na katangian, *7*
Bata, anak, mga, *7, 30*
Batas ng kalinisang-puri, *51*
Calling, tungkulin, mga, *41*
Espiritu Santo, *41*
Family history, *42, 43, 58*
Gawaing misyonero, *40, 44, 58, 65, 70, 72*
Gawain sa templo, *32, 43, 50, 58, 66, 70*
Handog-ayuno, mga, *24*
Himala, mga, *51*
Jesucristo, *4, 32, 60*
Kabataan, mga, *28*
Kahalagahan ng sarili, *42*
Kalinisang-Puri, *51*
Ordenansa, mga, *32, 36, 43*
Pag-aaral ng banal na kasulatan, *44, 48, 75*
Pag-aayuno, *24*
Pagbabalik-loob, *20*
Pagbabayad-sala, *10*
Pagiging magulang, *7, 28, 30*
Pagmamahal, pag-ibig, *10, 44*
Pagsunod, *80*
Pagtuturo, *8, 12, 28, 30*
Pamilya, mag-anak, *7, 10, 66, 73, 76*
Pamimilit ng barkada, *52*
Panalangin, *24, 48, 68*
Pananampalataya, *4, 44*
Pioneer, mga, *4, 20, 79*
Plano ng kaligtasan, *66*
Sakramento, *36, 60, 64*
Sakripisyo, *4*
Seminary, *58*
Siyensya, *54*
Tapang, Lakas-ng-loob, *74, 75*
Tipan, mga, *32, 36*
Word of Wisdom, *52, 68*

Ni Pangulong Thomas S. Monson

TAPAT SA PANANAMPALATAYA NG ATING MGA NINUNO

Si John Linford ay 43 taong gulang nang sila ng kanyang asawang si Maria at tatlo sa kanilang mga anak na lalaki ay nagdesisyon na lisanin ang kanilang tahanan sa Gravely, England para maglakbay nang libu-libong kilometro upang makasama ang mga Banal sa lambak ng Great Salt Lake. Iniwan nila ang kanilang pang-apat na anak, na nasa misyon noon, ibinenta ang kanilang mga ari-arian, at pumunta sa Liverpool sakay ng barkong *Thornton*.

Ang paglalakbay sa dagat papuntang New York City, at mula roon papuntang Iowa, ay mapayapa. Gayunman, di-nagtagal, nagsimulang makaranas ng problema ang pamilya Linford at iba pang mga Banal sa mga Huling araw na umalis sakay ng *Thornton*. Nilisan nila ang Iowa City noong Hulyo 15, 1856, bilang bahagi ng sinawing-palad na James G. Willie handcart company.

Dahil sa masamang panahon at mahirap na paglalakbay marami sa kanila ang nagkasakit, kabilang na si John. Dinagtagal, naging malubha ang kanyang sakit kaya't kinailangan siyang isakay sa kariton. Nang makarating ang grupo sa Wyoming, mas lalong lumubha ang kalagayan niya. Dumating ang isang rescue team mula sa Salt Lake City noong Oktubre 21, ilang oras matapos binawian ng buhay si John. Namatay siya nang umagang iyon malapit sa pampang ng Sweetwater River.

Nagsisisi ba si John na ipinagpalit niya ang ginhawa at kapanatagan sa mga pagpapakasakit, kawalan, at paghihirap madala lang niya ang kanyang pamilya sa Sion?

"Hindi, Maria," sabi niya sa kanyang asawa bago siya namatay. "Natutuwa ako't pumunta tayo. Hindi ko na mararating ang Salt Lake, ngunit kayo ng mga anak mo ay makararating doon, at hindi ko pinagsisisihan ang lahat ng dinanas nating hirap kung ang mga anak naman natin ay magsisilaki at magkakaroon ng sariling pamilya sa Sion."[1]

Natapos ni Maria at ng kanyang mga anak ang kanilang paglalakbay. Nang pumanaw si Maria pagkaraan ng halos 30 taon, nag-iwan sila ni John ng pamana ng pananampalataya, ng paglilingkod, ng debosyon, at ng sakripisyo.

Ang pagiging Banal sa mga Huling Araw ay pagiging isang pioneer, sapagkat ang kahulugan ng pioneer ay "isang taong nauna upang ihanda o buksan ang daang susundan ng iba."[2] At kaakibat ng pagiging pioneer ang pagsasakripisyo. Bagama't hindi na kailangang lisanin ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang tahanan para maglakbay patungong Sion, madalas ay kailangang talikuran nila ang kanilang dating pag-uugali, matagal nang kaugalian, at mga mahal na kaibigan. Ang ilan, bagama't masakit sa kanila, ay nagpapasiyang iwan ang mga kapamilya nila na tutol sa pagiging miyembro nila ng Simbahan. Gayon pa man, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nagpapatuloy, nananalangin na sana ay maunawaan at tanggapin sila kalaunan ng kanilang mga mahal sa buhay.

Mahirap ang landas na tinatahak ng mga pioneer, ngunit sinusundan natin ang mga yapak ng pinakadakilang Pioneer—maging ang Tagapagligtas—na nanguna upang ipakita sa atin ang daang dapat tahakin.

"Pumarito ka, sumunod ka sa akin,"[3] ang paanyaya Niya.

"Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay,"[4] ang pahayag Niya.

"Pumarito sa akin,"[5] pagtawag Niya.

Maaaring mahirap ang daan. Nahihirapan ang ilan na tiisin ang pangungutya at pang-iinsulto ng mga hangal na tao na nanlilibak sa kalinisang-puri, katapatan, at pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. At laging minamaliit ng daigdig ang pagsunod sa alituntunin. Nang utusan si Noe na gumawa ng arka, tumingin ang mga hangal sa maaliwalas na kalangitan at saka nangutya at nagtawanan—hanggang sa bumuhos ang ulan.

Sa kontinente ng Amerika maraming siglo na ang nakalipas, ang mga tao ay nag-alinlangan, nagtalo, at sumuway hanggang sa lamunin ng apoy ang Zarahemla, nabaon sa lupa ang lungsod ng Moronihas, at lumubog sa kailaliman ng dagat ang lungsod ng Moroni. Wala nang panlilibak, panlalait, kahalayan, at kasalanan. Napalitan ito ng mapanglaw na katahimikan, at makapal na kadiliman. Tapos na ang pagtitimpi ng Diyos, at natupad ang Kanyang itinakdang panahon.

Hindi nawala ang pananampalataya ni Maria Linford sa kabila ng pang-uusig sa kanya sa England, ang mahirap na paglalakbay niya patungo sa "lugar [ng Diyos] . . . na 'nilaan,"[6] at ang sumunod na mga pagsubok na tiniis niya para sa kanyang pamilya at sa Simbahan.

Noong 1937 sa isang seremonya sa puntod na inilaan sa alaala ni Maria, tinanong ni Elder George Albert Smith (1870–1951) ang kanyang mga inapo: "Magiging tapat ba kayo sa pananampalataya ng inyong mga ninuno? . . . Nawa'y sikapin ninyong maging karapat-dapat sa lahat ng sakripisyong ginawa [nila] para sa inyo."[7]

Sa paghahangad nating maitatag ang Sion sa ating puso, sa ating mga tahanan, sa ating komunidad, at sa ating bansa, nawa'y maalala natin ang matibay na determinasyon at matatag na pananalig ng mga taong ibinigay ang lahat-lahat matamasa lang natin ang mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo, lakip ang pagasa at pangako sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Andrew D. Olsen, *The Price We Paid* (2006), 45–46, 136–37.
2. *The Compact Edition of the Oxford English Dictionary* (1971), "pioneer."
3. Lucas 18:22.
4. Juan 14:6.
5. Juan 7:37; tingnan din sa 3 Nephi 9:22.
6. "Mga Banal, Halina," *Mga Himno,* blg. 23.
7. Tingnan sa Olsen, *The Price We Paid,* 203–4.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Isiping hilingin sa mga tinuturuan ninyo na isipin ang mga tao sa kanilang buhay na naunang maging miyembro at naging pioneer para sa kanila. Pagkatapos ay itanong sa kanila kung naging pioneer na rin sila at naghanda ng daan para sa iba. Sabihin sa kanila na pag-isipang mabuti ang mga sandali na nagsakripisyo sila at bakit naging sulit ito. Pagkatapos ay hikayatin silang itala ang kanilang patotoo tungkol sa "pinakadakilang Pioneer," ang Tagapagligtas.

PAMILYANG PIONEER NA NAKALUHOD SA NIYEBE, NI MICHAEL T. MALM

MGA KABATAAN

Tapat sa Kanilang Pananampalataya

Ikinuwento ni Pangulong Monson ang tungkol sa isang pamilyang pioneer at pagkatapos ay binanggit ang sinabi ni Pangulong George Albert Smith: "Magiging tapat ba kayo sa pananampalataya ng inyong mga ninuno? . . . Sikaping maging karapat-dapat sa lahat ng sakripisyong ginawa [nila] para sa inyo." Ikaw man ay may mga ninunong pioneer o ikaw ang unang miyembro ng Simbahan sa inyong pamilya, ikaw ba ay may mga hinahangaang tao na halimbawa ng matibay na pananampalataya na gagabay at magpapalakas sa iyo? Narito ang magandang paraan para magsimula:

1. Gumawa ng listahan ng mga taong hinahangaan mo. Maaaring mga miyembro sila ng sarili mong pamilya (patay o buhay), mga kaibigan, mga lider ng Simbahan, o mga tao sa mga banal na kasulatan.

2. Isulat ang mga katangiang nagustuhan mo sa kanila. Ang nanay mo ba ay talagang matiyaga? Siguro mabait ang kaibigan mo sa ibang tao. Marahil ay gusto mo ang katapangan ni Kapitan Moroni.

3. Pumili ng isang mabuting katangian sa iyong listahan at itanong sa sarili, "Paano ako magkakaroon ng ganitong katangian? Ano ang kailangan kong gawin para mas mapagbuti ko ito sa aking buhay?"

4. Isulat ang iyong mga plano para mas mapagbuti pa ang katangiang ito at ilagay ito sa isang lugar na makikita mo

nang madalas, upang maalala mo ang iyong mithiin. Manalangin na tulungan ka ng Ama sa Langit at regular na suriin ang iyong pag-unlad. Kapag nadama mo na napagbuti mo na ang katangiang ito, pumili ng isang bagong katangian na mas pagbubutihin pa.

Tandaan na habang nagkakaroon tayo ng magagandang katangian sa ating sarili, hindi lamang natin pinahahalagahan ang pananampalataya at mga sakripisyo ng ating mga ninuno, kundi maaari rin tayong maging mabuting impluwensya sa mga nakapaligid sa atin.

MGA BATA

Pioneer Ka Rin!

Ang mga pioneer ay mga taong naghahanda ng daan para sundan ng iba.

Magdrowing ng isang larawan o maghanap ng larawan ng isa sa iyong mga ninuno. Makakahanap ka ba ng kuwento kung paano sila naghanda ng daan para sundan mo? Sumulat ng dalawang paraan na maaari kang maging pioneer sa panahong ito. Maaari ka ring magbahagi ng mga ideya sa susunod na family home evening ninyo.

DROWING © ISTOCK/THINKSTOCK

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano lumalakas ang pananampalataya ninyo sa Diyos kapag naunawaan ninyo "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" at paano napagpapala ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

Ang Ating Potensyal na Maging Magulang

"Kinakailangang isilang sa mundo ang mga espiritung anak ng Diyos at magkaroon ng pagkakataong umunlad tungo sa buhay na walang hanggan," itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Kung iisipin ang pinakalayunin ng dakilang plano ng kaligayahan, naniniwala ako na ang pinakamahalagang kayamanan sa lupa at sa langit ay ang ating mga anak at angkan"[1]

Sinabi ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Naniniwala tayo na mahalaga ang mga pamilya at mga anak. . . .

"'. . . Sinabi ng Dios [kina Eva at Adan], Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa' [Genesis 1:28]. . . .

"Ang utos na ito ay hindi nalimutan o naisantabi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[2]

Bagama't hindi lahat sa atin ay magiging magulang sa buhay na ito, maaari nating pangalagaan ang mga bata sa kahit anong edad. Tinatamasa natin ang mga pagpapala ng pagiging bahagi ng pamilya ng Ama sa Langit, at nakadarama tayo ng kagalakan at dumaranas ng mga pagsubok ng pagiging bahagi ng isang pamilya sa lupa. At para sa marami, ang pagiging magulang ay naghihintay sa kanila sa kawalang-hanggan.

Mga Karagdagang Banal na Kasulatan

Awit 127:3; Mateo 18:3–5; 1 Nephi 7:1; Moises 5:2–3

Isipin Ito

Sa paanong mga paraan natutulad ang ating pamilya sa lupa sa pamilya natin sa langit?

MGA TALA

1. Dallin H. Oaks, "The Great Plan of Happiness," *Ensign,* Nob. 1993, 72, 75.
2. Neil L. Andersen, "Mga Anak," *Liahona,* Nob. 2011, 28.
3. Neil L. Andersen, "Mga Anak," 28.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mga Kuwento ng Buhay

"Maraming tinig sa mundo ngayon ang nagbabale-wala sa kahalagahan ng pagkakaroon ng anak o nagmumungkahing ipagpaliban o limitahan ang bilang ng anak sa isang pamilya," sabi ni Elder Andersen. "Kamakailan ay ipinabasa sa akin ng mga anak kong babae ang blog na isinulat ng isang inang Kristiyano (hindi natin kamiyembro) na may limang anak. Sabi niya: '[Lumaki ako] sa kulturang ito, at napakahirap kumuha ng pananaw sa Biblia tungkol sa pagiging ina. . . . Ang pag-aaral ay inuuna kaysa pagaanak. Siguradong inuuna rin ang paglalakbay sa iba't ibang lugar. Inuuna rin ang paglabas sa gabi kapag ginusto. Inuuna ang pagpapaganda ng katawan sa gym. Inuuna ang trabahong inyong papasukan o inaasam na pasukan.' Idinagdag pa niya: 'Ang pagiging ina ay hindi isang libangan, ito ay isang tungkulin. Hindi kayo nagpaparami ng mga anak dahil sa mas cute sila kaysa mga stamp. Hindi ito isang bagay na isisingit kapag may panahon kayo. Binigyan kayo ng Diyos ng panahon para dito.'"[3]

Sumusuporta sa Kalayaang Pangrelihiyon

Ang mga tao sa lahat ng bansa ay dapat magtulungan para itaguyod ang kalayaang pangrelihiyon, na paulit-ulit na sinasabi ng mga lider ng Simbahan.

"Hangad ng mga miyembro ng Simbahan ang mabuting pakikipagkapwa sa lahat ng relihiyon, paniniwalang pampulitika, at sa bawat lahi," sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, sa John A. Widtsoe Religious Symposium sa University of Southern California sa Los Angeles, California, USA, noong Abril 2015.

"Ang pagsisikap na tanggalin ang pagdududa at kakitiran ng isip at tunay na unawain ang isa't isa nang may bagong pananaw—iturin ang bawat isa hindi bilang mga taga ibang lupa o kaaway kundi bilang kapwa mga manlalakbay, kapatid, at mga anak ng Diyos—ay isa sa pinakamahirap gawin ngunit kasabay nito ang pinaka kapaki-pakinabang at nagpapadakilang mga karanasan sa ating buhay," sabi ni Pangulong Uchtdorf. Ito ay isa sa mga pakiusap para sa paggalang at pag-unawa na ginawa ng mga propeta at apostol kamakailan.

"Dapat ay walang pag-aaway sa pagitan ng relihiyon at pamahalaan," sabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Court/Clergy Conference at Congregation B'nai Israel sa Sacramento, California, USA, noong Oktubre 2015. "Lahat ay talo kapag nananaig ang galit o pagkapoot o pagtatalo," sabi niya.

"Ang mga pamahalaan at kanilang mga batas ay makapagbibigay ng mahalagang proteksyon para sa mga nananalig at mga relihiyon at kanilang mga aktibidad," sabi niya, pinapansin na ang alituntuning pangrelihiyon, mga turo, at organisasyon " ay makatutulong sa paglikha ng mga kundisyon kung saan ang pampublikong mga batas at mga institusyon sa pamahalaan at kanilang mamamayan ay mananagana," upang ang lahat ay "mamuhay nang magkakasama sa kaligayahan, pagkakasundo at kapayapaan."

Nagsalita rin si Elder Oaks tungkol sa kalayaang pangrelihiyon sa isang pagtitipon sa Argentina (tingnan sa "Balita sa Simbahan," *Liahona,* Ene. 2016, 16).

Nagsalita si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol sa All-Party Parliamentary Group on Foreign Affairs sa House of Lords sa London, England, noong Hunyo 2015. "Sa matinding panawagan ukol sa personal na pinahahalagahan ng tao," sabi niya, "ang mga relihiyon at organisasyong pangrelihiyon ay may kakaibang kakayahan na humikayat sa mga tao at, kasabay nito, makatulong para lalo pang bumuti ang ugaling mapagpatawad, madaling makipagbati, at kahandaang sikaping muli na matamo ang pinakamabuti sa kanilang personal na buhay at sa lipunan."

"Ang kalayaang pangrelihiyon ay ang batong panulok ng kapayapaan sa mundo na may napakaraming nagtutunggaliang pilosopiya," ang sabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol sa iba't ibang grupo ng relihiyon sa Brazil Mosque sa São Paulo, Brazil, noong Abril 2015. Nagsalita siya sa wikang Portuges sa mga naroon

Kausap ang parliamentary group sa London, England, sinabi ni Elder Holland na may kakayahan ang mga relihiyosong tao na hikayatin ang lipunan.

Sa isang kumperensya ukol sa relihiyon sa California, USA, nanawagan si Elder Oaks na igalang ng simbahan at estado ang isa't isa.

Si Pangulong Uchtdorf at ang kanyang asawang si Harriet, kausap ang mga lider ng relihiyon sa California, USA.

Sa isang pagtitipon ng iba't ibang relihiyon sa Brazil, sinabi ni Elder Christofferson na "ang kalayaang pangrelihiyon ay ang batong panulok ng kapayapaan."



Pinayuhan ni Elder Rasband ang mga estudyante sa Brigham Young University na sundin ang turo ni Cristo na magmahal tulad ng pagmamahal Niya.

na kinabibilangan ng mga Muslim, Katoliko, Adventist, Judio, Evangelical, mga Banal sa mga Huling Araw, katutubong espiritista, taong walang partikular na pananampalataya, at iba pa, sa isang kaganapan kung saan ipinagdiriwang ang malakas na suporta ng bansa sa kalayaang pangrelihiyon. "Nawa'y pagsikapan nating matamo ang kapayapaan," sabi niya, "sa pamamagitan ng pagtutulungan para maingatan at maprotektahan ang kalayaan ng lahat ng tao na manampalataya sa piniling relihiyon, ito man ay para sa sarili o komunidad kasama ang iba, sa tahanan o sa ibang lugar, sa publiko o pribado, at sa pagsamba, paggalang, pagsasanay, at pagtuturo."

"Ang mga taong may pananampalataya ang dapat manguna upang maprotektahan ang kalayaang pangrelihiyon—isang kalayaan kung saan nagmula ang maraming iba pang mahahalagang kalayaan," sabi ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol habang ibinabahagi niya ang Annual Religious Liberty Lecture sa University of Notre Dame Australia sa Sydney, Australia, noong Mayo 2015. "Hindi lamang ang ating kakayahang ihayag ang ating sariling relihiyon ang dapat nating protektahan kundi ang karapatan din ng bawat relihiyon na pangasiwaan ang sarili nitong doktrina at mga batas," sabi niya.

Si Elder Ronald A. Rasband ng Korum ng Labindalawang Apostol ay naglilingkod noon bilang Senior President ng Pitumpu nang magsalita siya sa mga estudyante sa Brigham Young University sa Provo, Utah, USA, noong Setyembre 2015.

"Nag-iisip ang ilan sa grupo ninyo kung bakit nakikilahok sa pulitika ang mga relihiyon, at sila ay madalas magduda sa mga motibo ng mga relihiyosong tao kapag sumasali ang mga ito sa pulitika," sabi niya. Ang sama-samang tinig ng grupo na naniniwalang hindi dapat makibahagi ang relihiyon sa pulitika ay naging mas malakas nitong mga nagdaang taon, at inihahayag ang "panganib na madamay ang isa pang mabibiktimang grupo: mga taong nananampalataya, katulad natin."

Sinabi ni Elder Rasband sa mga estudyante na kailangan ng mundo ang aktibong paglahok mula sa kanilang henerasyon tungkol sa paksang ito. "Kailangan namin sa inyong henerasyon ang likas ninyong pag-unawa tungkol sa pagkahabag, paggalang, at pagiging makatarungan. Kailangan namin ang inyong positibong pananaw at inyong determinasyong malampasan ang mga kumplikadong isyu sa lipunan." Ang sagot, sabi niya, ay nagsisimula sa mga utos ng Tagapagligtas na "kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na kung paanong iniibig ko kayo" (Juan 13:34). ■

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

PAGMAMAHAL SA MGA TAONG IBA ANG MGA PINAHAHALAGAHAN

Hindi ibinigay ang pangalan

Sinisikap kong palakihin ang aking mga anak na may mataas na moralidad. Ngunit nang makagawa ng maling pagpapasya ang isa sa kanilang mga hinahangaan, nabahala ako na baka mabalewala ang lahat ng bagay na sinikap kong ituro sa kanila.

Ang hipag kong si Janey (binago ang pangalan) ay lumaki sa ebanghelyo at napakatapat na miyembro ng Simbahan. Matapos mapawalang-bisa ang tila masaya niyang kasal sa templo, sinimulan siyang siraan at husgahan ng mga tao sa kanyang maliit na komunidad. Inilayo niya ang sarili mula sa kanyang mga kaibigan at paglaon ay sa Simbahan.

Nagsimula siyang makipagdeyt sa isang binatang si Andy at hindi nagtagal ay nagsama na sila. Nag-alala ako kung ano ang sasabihin ko sa aking mga anak. Mahal ng tatlong babae kong anak ang kanilang tita Janey. Hindi lamang malapit ang aming mga pamilya, siya rin ang nagtuturo sa kanila ng sayaw kaya nagkikita sila nang ilang beses sa isang linggo.

Maraming buwan na inakala nilang madalas lamang na bumibisita si Andy, ngunit sa huli ay kinailangan ko nang sabihin sa kanila na nagsasama na sina Janey at Andy. Ipinaliwanag ko na ang mga pasiyang ginawa nila ay isang mabigat na kasalanan. Parang naintindihan naman ito ng mga anak ko, at nagkaroon kami ng magandang talakayan tungkol sa kahalagahan ng pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

Pagkatapos ay dumating ang masamang balita. Masayang ibinalita ni Janey sa pamilya na magkakaanak na sila ni Andy. Muli nag-alala ako kung paano maaapektuhan ang mga anak ko sa balitang ito. Hindi ba nila alam na hindi sa ganitong paraan nais ng Ama sa Langit na isilang ang Kanyang mga anak sa mundo? Kung sila ang nasa sitwasyong ito, katanggap-tanggap at normal lang ba para sa kanila ito?

Maraming linggo akong nabalisa, dahil ayaw kong sabihin sa mga anak ko ang bagong balitang ito. Pagkaraan ng isang buwan nagpasya sina Janey at Andy na magpakasal. Bakit hindi na lang nila ibinalita ang pagdadalantao pagkatapos ng kanilang kasal?

Sumama ang loob ko. Paano ko mamahalin si Janey pero hindi ang ginawa niya? Paano ko matuturuan

KATAPATAN SA KATOTOHANAN

"Ang pagpaparaya at paggalang natin sa iba at sa kanilang mga paniniwala ay hindi dahilan para kalimutan natin ang ating katapatan sa mga katotohanang nauunawaan natin at sa mga tipang ginawa natin. . . . Dapat tayong manindigan sa katotohanan, bagama't nagpaparaya tayo at iginagalang ang mga paniniwala at ideyang naiiba sa atin at ang mga taong nagtataglay nito. . . .

"Gayundin, sa ating mga anak at sa ibang mga taong tungkulin nating turuan, ang tungkulin natin sa katotohanan ay napakahalaga. Mangyari pa, ang pagtuturo ay nagkakaroon lamang ng bunga sa pamamagitan ng kalayaan ng iba, kaya dapat ang ating pagtuturo ay laging gawin nang may pagmamahal, tiyaga, at panghihikayat."

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagbabalanse ng Katotohanan at Pagpaparaya," *Liahona,* Peb. 2013, 32, 33.

Paano ko matuturuan ang mga anak ko na patuloy na mahalin ang kanilang tita ngunit hindi ang mga pagpapasiyang nagawa niya?

ang mga anak ko na patuloy na mahalin ang kanilang tita ngunit hindi ang mga pagpapasiyang nagawa niya?

Isang araw sinabi sa akin ng kapatid ko ang tungkol sa isang dalagita sa kanyang ward na nagdalantao. Ang dalagitang ito ay nagpatuloy sa pagsisimba at tila masaya at sabik sa darating na pangyayari sa kanyang buhay. Naguluhan ang iba pang mga dalagita sa nakita nilang pag-uugali niya na parang walang masamang nangyari.

Ngunit nalaman ng kapatid ko, na visiting teacher ng ina ng dalagita, ang maraming gabing pag-iyak ng dalagita hanggang sa makatulog ito, sa matinding pagdadalamhati sa pagpiling ginawa niya na humantong sa kalagayang ito. Pagkaraan ng maraming linggo ng pagdurusa, nagpasiya ang dalagita na maaari siyang patuloy na magdalamhati dahil sa ginawa niya, o maaari siyang sumulong at maging maligaya. Dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Cristo, maaari niyang tanggapin ang mga bunga ng kanyang mga desisyon at muling maging malinis sa pamamagitan ng pagsisisi.

Inisip ko kung naranasan din ni Janey ang ganito. Pinagsisihan kaya niya ang kanyang desisyon pero, dahil hindi na niya kayang baguhin ang ibinunga nito, tinanggap na lang niya at nagpasiyang magpatuloy at sumulong.

Nakadama ako ng pagkapahiya sa malupit na panghuhusga ko at sa kakulangan kong magmahal sa paraang inaasahan ni Jesucristo na ipadarama natin. Nang isipin kong mabuti ang buhay ng Tagapagligtas, naalala ko na hinahanap Niya palagi ang mga makasalanan, tinuturuan sila sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at halimbawa, at minamahal sila. Ang pagmamahal na ito ang nagpapalambot sa puso at nagpapabago sa mga tao.

Natanto ko na madalas na minamahal ko ang mga tao kapag kumikilos sila nang ayon sa inaasahan ko, ngunit kapag nagkamali sila, isinusumpa ko sila sa aking puso. Napaka-ipokrita ko! Natanto ko na kailangan kong magsisi. Kailangan kong matutuhang mahalin ang nagkasala nang hindi kinukunsinti ang kasalanan. Sa huli, napawi ko ang sama-ng-loob ko kay Janey at minahal siyang muli nang lubusan.

Nagkaroon ako ng isa pang magandang talakayan sa aking mga anak. Binigyang-diin ko ang kahalagahan ng kasal bago ang pagkakaroon ng anak. Kinasabikan namin ang pagsilang ng isang sanggol sa aming pamilya. Gusto naming lahat na suportahan si Janey at maging bahagi sa espesyal na panahong ito ng kanyang buhay. Natanto ng mga anak ko na nakagawa ng mali ang Tita Janey nila, ngunit mahal pa rin nila siya at ang kanilang Tito Andy at umaasa na balang-araw ay magpapasiyang bumalik ang kanilang magandang pamilya sa naghihintay na bisig ng atingTagapagligtas na si Jesucristo. ■

PAGLALARAWAN NI JULIE ROGERS

ANG KAIBHANG NAGAGAWA NG MGA Teacher Council MEETING

Higit pa sa pagtuturo ko ang binago ng isang komentaryo sa isang teacher council meeting.

Ang mga teacher council meeting ay nakakatulong kay Sandra Cattell (gitna) na pagbutihin pa ang kakayahan niyang magturo.

Ni Sandra Cattell

Medyo matanda na ako, kaya nang tawagin akong magturo sa Young Women, naisip ko, "Naku naman! Bakit kaya ako ang tinawag nila?"

Pinagsikapan kong mabuti ang paghahanda ng mga lesson na angkop para sa mga pangangailangan ng young women, at inasam ko na maging handa silang ibahagi ang kanilang natutuhan at nagawa rito sa buong linggong iyon. Pero kadalasa'y sinasalubong ng katahimikan ang mga tanong ko.

Sa isa sa mga unang teacher council meeting ng ward namin, sinabi ng isa sa mga guro na siya man ay nahirapang makipag-ugnayan sa mga kabataan sa oras ng mga lesson. Sinabi ng isa pang guro sa miting, "Puwede naman silang tumahimik." Kung minsa'y kailangan ng mga tao ng kaunting panahon para pag-isipan ang tanong bago sumagot.

Ang komentaryong iyon sa teacher council meeting ay gumawa ng kaibhan hindi lang sa paraan ng pagtuturo ko kundi pati na sa mga estudyante ko. Pinag-isipan ko itong mabuti. Nang sumunod kong Young Women lesson, tinanong ko ang klase kung anong alituntunin ng ebanghelyo ang naipamuhay nila sa buong linggong iyon. Tulad ng dati, tahimik sila. Pero sa halip na basagin kaagad ang katahimikan, naalala ko ang talakayan namin sa teacher

ANO ANG LAYUNIN NG MGA TEACHER COUNCIL MEETING?

Dahil lahat tayo ay anak ng Diyos, sinumang handang matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo ay maaaring maging higit na katulad ng ating Ama sa Langit. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga guro sa kung paano natin natututuhan at ipinamumuhay ang ebanghelyo.

Para matulungan ang mga guro, inanyayahan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga ward at branch sa buong Simbahan na magdaos ng mga teacher council meeting. Tinutulutan ng mga buwanang miting na ito na sama-samang matuto ang mga guro at lider habang nagbabahagi sila ng mga ideya tungkol sa pagtuturo.

Ang mga miting na ito ay bago, pero may positibong epekto na ang mga ito kapwa sa mga guro at sa mga mag-aaral. Nasa ibaba ang mga komentaryo mula sa mga miyembrong natutong magpahalaga at masiyahan sa mga teacher council meeting:

- "Ang pagkakaroon ng support system ay nagpapalakas sa akin. Kung minsan bilang mga guro pakiramdam namin ay walang tumutulong sa amin. Pero nagbabago iyan kapag may isang council at isang forum para makapagbahagi kami ng mga hirap, ideya, at damdamin, at makakuha kami ng feedback mula sa isang grupong nakakaunawa sa calling." —Preston Stratford
- "Natatanto ko sa mga teacher council meeting ang kahalagahan ng mga pagsisikap kong mapadali ang pagkatuto." —Margaret Tueller
- "Nasiyahan akong makakuha ng mga ideya kung paano matututo ang mga guro na mas 'magturo ng mga tao' sa halip na 'magturo ng mga lesson.'" —Richard Pattee
- "Ang pagtalakay sa mga paraan para mapagbuti pa ang aming pagtatanong at maghikayat ng higit na pakikibahagi ay napakalaking tulong. Nakakuha rin ako ng ideya sa pag-uusap tungkol sa mga tagumpay at kabiguan." —Ken Sonnenberg
- "Maganda ang nagawa ng council na ito sa pagtuturo ng skills para kami maging mas mahuhusay na guro. Kung mas mahusay kang guro, makikinabang ang lahat sa klase mo. Kahit teacher council ito, pakiramdam ko nagiging mas espirituwal din ako." —Brent Nelson
- "Kasiyahan kong palawakin ang pag-iisip ko para mapagbuti ko pa ang aking pagtuturo." —Camille Fronk

Para malaman ang iba pa tungkol sa mga teacher council meeting at *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* bisitahin ang teaching.lds.org.

council meeting at mahina kong sinabi, "Hindi ko kayo minamadali."

Nang sabihin ko iyon, nagsimula na silang magsalita. Nagsimulang magsalita ang young women, at nagbahagi sila ng magagandang karanasan. Ginusto kong pasalamatan kaagad ang gurong nagbigay ng simpleng komentaryong iyon sa teacher council meeting tungkol sa katahimikan. Namangha ako kung paano nakagawa ng malaking kaibhan ang pagsunod sa isang alituntuning iyon.

Pero matagal bago ko natanto ang kaibhang ginagawa niyon at ng iba pang mga alituntuning natututuhan ko. Pagkatapos magsimba sinabi sa akin ng ina ng isa sa young women na sinabi raw ng kanyang anak na alam niya na ako ay tinawag ng Diyos.

Hindi ko masasabi sa inyo kung gaano kaespesyal sa akin ang marinig ang komentaryong iyon. Naroon ako't nag-iisip, "Ano ang ituturo ko sa young women na ito?" Pero may naituturo naman siguro ako sa kanila. Tinawag ako para sa isang layunin, at tinutulungan ako ng mga teacher council meeting na tuparin ang layuning iyon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Scotland.

Para malaman ang iba pa tungkol sa kung paano ninyo mapagbabago ang mga buhay sa pamamagitan ng pagbabago ng paraan ng inyong pagtuturo, bisitahin ang teaching.lds.org.

Elder Dale G. Renlund

ISANG MASUNURING TAGAPAGLINGKOD

Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Kabilang pahina: Si Elder Renlund at ang kanyang mga kapatid (sina Anita, Linda, at Gary) ay lumaki sa Utah, na nagsasalita ng Swedish. Ang kanilang mga magulang na sina Åke at Mariana ay lumipat sa Utah mula sa Sweden noong 1950 upang mabuklod sa templo dahil walang templo sa Scandinavia o Europa noong panahong iyon. Kanan: Sina Elder at Sister Renlund at ang kanilang anak na si Ashley ay tumira nang anim na taon sa Baltimore, Maryland, USA, kung saan tinapos ni Elder Renlund ang kanyang medical residency at cardiology fellowship sa Johns Hopkins Hospital at nag-aral si Sister Renlund sa University of Maryland School of Law.

Napakaabala ng buhay nina Dale at Ruth Renlund. Malapit na silang mag-30 anyos noon, at nakatira sa Baltimore, Maryland, USA. Nakatapos na ng medisina si Dale sa University of Utah. Lumipat sila ni Ruth ng tirahan para masimulan niya ang mahirap at bantog na medical residency sa Johns Hopkins School of Medicine. Mayroon silang isang magandang anak na babae, si Ashley. Ang kanyang mahal na asawang si Ruth ay nagpapagamot sa kanser, at masunuring tinanggap ni Dale ang tawag na maglingkod bilang bishop.

Kapag bumibisita siya sa mga miyembro ng ward, isinasama ni Dale paminsan-minsan si Ashley. Isang araw binisita nila ang isang di-gaanong aktibong miyembro. "Alam ko na hindi maaatim ng sinuman na iwaksi ang kaibig-ibig na batang ito sa tabi ko," paggunita ni Elder Renlund. Kumatok siya sa pinto ng isang lalaking galit na nagpaalis noon sa tagapayo ni Bishop Renlund.

Nang buksan ng lalaki ang pinto, napakalaki niya at halos matakpan niya ang pintuan. Pinandilatan nito si Bishop Renlund. Bulalas ng apat-na-taong-gulang na si Ashley, "Papapasukin ba ninyo kami o ano?"

Ang nakakagulat, sinabi ng lalaki, "Palagay ko. Pasok kayo."

Nang nakaupo na sila sa loob, sinabi ng lalaki kay Bishop Renlund na hindi siya naniniwala na ang Simbahan ay totoo, ni hindi siya naniniwala kay Jesucristo. Panay ang pagsasalita nito nang pagalit habang naglalaro si Ashley. Sa huli ay tumayo ang bata mula sa kanyang upuan, habang nakatakip nang kaunti ang kanyang kamay sa kanyang bibig ay lumapit sa tainga ng kanyang ama at malakas na ibinulong, "Daddy, sabihin mo nga sa kanya ang totoo."

Kaya iyon ang ginawa niya. Nagpatotoo si Bishop Renlund sa lalaking ito. Paggunita niya, "Lumambot ang kalooban ng lalaki, at nadama ang Espiritu sa kanyang tahanan."

Ngayon bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, may pagkakataon si Elder Renlund na sabihin sa buong mundo ang totoo (tingnan sa D at T 107:23). "Ang pinakamalaking kagalakan," sabi ni Elder Renlund, "ay nagmumula sa pagtulong na maiparating ang Pagbabayad-sala ni Cristo sa buhay ng mga tao sa lahat ng dako. Palagay ko ang calling na ito ay nagbibigay sa akin ng pagkakataong gawin iyan nang malawakan, sa mas

maraming lugar, bilang saksi ni Cristo sa buong mundo.”

Paglaki sa Scandinavia

Si Dale Gunnar Renlund ay isinilang sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Nobyembre 3, 1952. Silang magkakapatid ay lumaki na nagsasalita ng Swedish. Ang kanilang inang si Mariana Andersson ay nagmula sa Sweden, at ang kanilang amang si Mats Åke Renlund ay nagmula sa isang bayan sa kanlurang Finland na Swedish ang salita. Lumipat sila sa Utah mula sa Sweden noong 1950.

Nagkakilala ang mga magulang ni Dale sa simbahan sa Stockholm. Matapos magpasiyang magpakasal, determinado silang gawin lamang iyon sa templo. Dahil walang mga templo sa Europa noon (ang Bern Switzerland Temple ay inilaan noong 1955), nagpunta sa Utah ang dalawa para mabuklod sila sa Salt Lake Temple.

Ipinahayag ng kapatid ni Elder Renlund na si Linda C. Maurer, na mas bata sa kanya nang pitong taon, na nang magsilaki na ang lahat ng apat na anak, “alam na nila kung gaano kapambihira at katapat ang kanilang mga magulang

para mangibang-bayan kahit hindi sila marunong magsalita ng Ingles at walang gaanong suporta para makamtan ang mga pagpapala ng ebanghelyo at makasal sa templo.”

Noong 11 taong gulang si Dale, tinawag na maglingkod ang kanyang ama, na isang mahusay na karpintero at manggagawa, bilang building missionary sa Sweden sa loob nang tatlong taon. Nanatili ang pamilya sa Helsinki, Finland, at Gothenburg, Sweden. Dumalo sila sa isang maliit na branch ng Simbahan, at nag-aral ang mga bata sa mga pampublikong paaralang Swedish. Nagunita ng kapatid ni Dale na si Anita M. Renlund, na mas bata sa kanya nang isang taon, ang isa sa mga problema sa paglipat: “Nagulat kami talaga noong una dahil, kahit Swedish ang salita namin sa bahay, hindi namin alam ang gramatika o pagbaybay sa wikang iyon.”

Bata pa ay nagkaroon na ng karanasan si Dale na nagpalakas ng kanyang patotoo matapos niyang basahin ang Aklat ni Mormon. Hinikayat ng mission president sa Sweden ang mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood na basahin ang Aklat ni Mormon, kaya tinanggap ng kuya ni Dale na si Gary, na 12 anyos noon, ang hamon. Tinanggap din ng labing-isang-taong-gulang na si Dale ang hamon.

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA RENLUND, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; LARAWAN © BUSATH.COM; BACKGROUND MULA SA ISTOCK/THINKSTOCK

Kasama ang kanyang asawa at anak (itaas), nagsalita si Elder Renlund sa 2016 RootsTech family history conference sa Salt Lake City. Kabilang pahina: Ikinasal sa Salt Lake Temple noong 1977, nakapaglingkod sina Elder at Sister Renlund sa Panginoon kahit saan at kahit kailan sila tinawag.

Matapos basahin ang Aklat ni Mormon, nanalangin siya at itinanong niya kung totoo nga ito. Paggunita ni Elder Renlund, "Nagkaroon ako ng malinaw na impresyon: 'Noon ko pa sinasabi sa iyo na totoo ito.' At kamangha-mangha ang karanasang iyon."

Naaalala ni Dale at ng kanyang mga kapatid—sina Gary, Anita, at Linda—na nang bumalik ang pamilya nila sa Estados Unidos, patuloy silang nagsalita at nanalangin sa Swedish. Naaalala rin nila ang pambihirang pagbibigay-diin ng kanilang mga magulang sa kaalaman sa mga banal na kasulatan. Sabi nila, "Ang pinakamainam na paraan para maipaliwanag sa aming mga magulang ang iniisip namin ay sa paggamit ng banal na kasulatan." Pagbibiro ni Anita, "Ang pag-alam sa mga banal na kasulatan sa aming pamilya ay kinailangan naming makasanayan; hindi iyon opsyonal."

Kamangha-mangha na kapwa tinawag sina Gary at Dale na maglingkod sa Swedish Mission nang sabay. Hindi sila naging mag-kompanyon, pero kapwa nila nagamit ang kasanayan nilang magsalita ng Swedish sa paglilingkod sa Panginoon bilang mga missionary sa loob ng dalawang taon. Inilarawan ni Elder Renlund ang kanyang misyon na maraming trabaho pero isang napakagandang karanasan: "Nagpabago ito ng buhay kung pag-uusapan ang katapatan at pagpapasiya na gawin ang lahat para maging disipulo ni Cristo."

Ang Pinaka-nakamamanghang Pagpapala

Pag-uwi mula sa kanyang misyon noong 1974, nag-aral si Dale sa University of Utah. Magaling siyang estudyante at tumanggap siya ng bachelor's degree sa chemistry. Naaalala ng lahat ng kanyang kapatid at malalapit na kaibigan ang kanyang kakayahan, pagtutuon ng pansin, kasipagan, at katapatan sa bawat gawain—mga katangiang patuloy niyang ipinapakita. Ibinulalas ni Gary, "Siya ang pinaka-masipag na manggagawang nakita ko."

Sa kanyang ward nakilala ni Dale ang dalagang si Ruth. Siya ay anak ng miyembro ng stake presidency na si Merlin R. Lybbert, na kalaunan ay naglingkod sa Pitumpu. Ang naaalala ni Dale ay nag-ipon siya ng lakas-ng-loob na yayaing makipagdeyt si Ruth, pero tumanggi ito. Nang subukan niyang muli makaraan ang ilang buwan, pumayag ito. Medyo iba ang bersyon ni Ruth. Naaalala niya na nang magsalita si Dale sa sacrament meeting tungkol sa kanyang misyon, humanga siya rito. Lalo pa silang nagkakilala, at natuwa siya nang yayain siya nitong mag-deyt, pero may party sa bahay nila noon kaya tumanggi siya. Nasiyahan siyang pumayag nang magyaya itong muli.

Ikinasal sina Dale at Ruth noong 1977 sa Salt Lake Temple habang nag-aaral ng medisina si Dale sa University of Utah at nagtuturo naman si Ruth sa South High School, doon din sa Salt Lake City. "Maliban sa desisyon kong maging aktibo sa Simbahan," ang malinaw na sabi ni Elder Renlund, "ang mapakasalan si Ruth ang pinaka-nakamamangha sa buhay ko." Ang kanilang anak na si Ashley ay isinilang isang linggo matapos magtapos si Elder Renlund sa medisina noong 1980.

Pagkatapos ay nalugod si Elder Renlund nang matanggap siya sa Johns Hopkins Hospital, ang una niyang pinili para ipagpatuloy ang pag-aaral niya ng medisina. Lumipat ang pamilya sa Baltimore, Maryland, kung saan siya naging bahagi ng medical staff ng ospital.

Pag-unlad sa Kabila ng mga Pagsubok

Noong Oktubre 1981, si Sister Renlund ay nasuring may ovarian cancer. Sumailalim siya sa dalawang operasyon at siyam na buwang chemotheraphy. Hirap sa pag-aalaga kay Ruth at sa kanilang anak na babae, nagunita ni Elder Renlund, "Nasasaktan ako, at parang hindi nakakarating sa langit ang mga panalangin ko."

Nang iuwi niya si Ruth mula sa ospital, nanghihina ito, pero gusto nilang sabay na manalangin. Tinanong niya si Sister Renlund kung gusto nitong manalangin. "Ang unang sinabi nito ay, 'Ama namin sa Langit, salamat po sa kapangyarihan ng priesthood para anuman po ang mangyari, maaari kaming magkasama-sama magpakailanman.'"

Sa sandaling iyon, lalo siyang napalapit sa kanyang asawa at sa Diyos. "Ang dati kong naunawaan tungkol sa walang-hanggang pamilya sa aking isipan, naunawaan ko na ngayon sa aking kalooban," sabi ni Elder Renlund. "Binago ng karamdaman ni Ruth ang takbo ng buhay namin."

Para mawala sa kanyang isipan ang karamdaman, ipinasiya ni Sister Renlund na mag-aral ng abugasya. "Naisip ko lang, 'Magiging masamang karanasan lang ito kung wala tayong gagawing maganda mula rito,'" sabi ni Sister Renlund. "Wala sa plano namin na magkaroon ako ng kanser noong dalaga ako at magkaroon lang ng isang anak. At nasa bingit ako ng kamatayan. Pero nadama namin na tamang mag-aral ako ng abugasya."

Ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral kahit patuloy siyang nagpapagamot para sa kanyang karamdaman at patuloy na nagtrabaho sa ospital ang kanyang asawa.

Bishop sa Baltimore

Habang tinatapos ni Elder Renlund ang tatlong taon niya bilang medical staff at nagsisimula sa cardiology fellowship, ininterbyu siya para maging bishop ng Baltimore Ward. Naaalala ni Brent Petty, na siyang unang tagapayo noon sa Baltimore Maryland Stake, ang interbyung iyon. Kapwa nila nadama ng stake president na si Stephen P. Shipley ang "malakas na impluwensya ng Banal na Espiritu" nang interbyuhin nila ito.

Nagunita ni Brother Petty na "napakagaling niya bilang bishop," sa kabila ng mga hamon sa kanyang trabaho at pamilya na dinaranas niya noon. Nang matanggap ni Elder Renlund ang tawag sa kanya sa Korum ng Labindalawang Apostol noong nakaraang taon, napansin ni Brother Petty na nasiyahan ang mga miyembro ng Baltimore Ward gayundin ang mga kasamahan ni Elder Renlund sa medisina, na karamiha'y hindi miyembro ng Simbahan. Ipinahayag nila ang kanilang pagmamahal sa kanya at ang paghanga nila sa kanyang paglilingkod at namumukod-tanging moralidad.

Mararangal na Propesyon

Noong 1986, nang makatapos si Sister Renlund mula sa University of Maryland School of Law at makumpleto ni Elder Renlund ang kanyang tatlong-taong internal medicine residency program at tatlong-taong cardiology fellowship, nagbalik sila sa Utah. Nagsimula si Sister Renlund sa pagiging abogada sa Utah attorney general's office, at si

KALIWA: MGA LARAWANG KUHA NI KRISTEN MURPHY, *DESERET NEWS*; LARAWAN NG KASAL © NEWMAN PHOTOGRAPHY

Iniwan ni Elder Renlund ang kanyang matagumpay na propesyon bilang cardiologist para tanggapin ang tawag na maglingkod bilang General Authority, at una siyang itinalaga sa Africa Southeast Area Presidency. Kabilang pahina: Piniling isabit ni Elder Renlund ang painting ng Tagapagligtas ni Heinrich Hofmann sa kanyang opisina matapos niya itong makita sa opisina ni Pangulong Monson.

Elder Renlund naman ay naging propesor ng medisina sa University of Utah. Siya ang medical director ng Utah Transplantation Affiliated Hospitals Cardiac Transplant Program sa loob ng 18 taon.

Noong 2000 naging director din siya ng Heart Failure Prevention and Treatment Program sa Intermountain Health Center sa Salt Lake City. Kabilang sa programa ang mga implantable cardiac pump at ang buong artificial heart. Si Donald B. Doty, M.D., isang heart surgeon na kilala sa buong mundo, ay kasamahan at kaibigan ni Dr. Renlund sa LDS Hospital. Sabi ni Dr. Doty, "Ang kanyang pambihirang training, detalyadong pagtutuon ng pansin, mahusay na pangangasiwa, at habag ay namumukod-tangi."

Ipinahayag ni Dr. A. G. Kfoury, isang debotong Katoliko na tumulong nang husto kay Dr. Renlund sa loob ng maraming taon, na si Dr. Renlund ang nangungunang transplant cardiologist sa rehiyon, "na walang-katulad ang pagkatao, integridad, pagpapakumbaba, at pagkamaawain."

Sinabi niya na si Dr. Renlund ay "inilabas ang pinakamabuti sa mga tao. Tahimik niya itong ginawa. Nakinig siyang mabuti at nagmalasakit, at lubos na interesado sa tagumpay ng mga taong nakatrabaho niya." Tahimik na namuno si Dr. Renlund sa pamamagitan ng halimbawa at laging nag-aalala tungkol sa mga pamilya ng kanyang mga katrabaho.

Napansin ni Dr. Kfoury lalo na ang pagkahabag ni Dr. Renlund sa mga pasyente. Halimbawa, kung walang sasakyan ang isang pasyente, si Dr. Renlund ang nagpupunta sa bahay nito kahit napakalayo, isinasakay ito sa kotse niya, at saka inihahatid ang pasyente pabalik sa ospital. Sabi ni Dr. Kfoury, pambihira daw ito.

Paglilingkod sa Pitumpu

Matapos maglingkod bilang stake president nang limang taon sa Salt Lake University First Stake, tinawag na maglingkod si Elder Renlund noong 2000 bilang Area Seventy sa Utah Area. Pagkatapos noong Abril 2009 tinawag siyang maging General Authority Seventy. Ang una niyang tungkulin ay maglingkod sa Africa Southeast Area Presidency, isang area na may mga unit ng Simbahan sa 25 iba't ibang bansa.

Ibinahagi ni Sister Renlund ang kanilang pagtugon sa tawag: "Nakakagulat, siyempre pa. At sabi ng mga tao, 'Aalis kayo samantalang nasa tugatog kayo ng tagumpay sa inyong propesyon.' At marahil ay totoo iyan. Ngunit kung kailangan ng Panginoon na nasa tugatog kami ng tagumpay sa aming propesyon at ito ang panahon para



Elder Renlund. Walang-humpay ang pagsisikap niyang kilalanin ang mga tao, mahalin ang kanilang mga kultura, at tulungan ang mga Banal na matubos.”

makapaglingkod kami, iyon ang tamang panahon para umalis.”

Sa pagsasalita tungkol sa iniidolo niyang asawa, sinabi ni Elder Renlund, “Mas malaki ang sakripisyong ginawa niya.” Iniwan ni Sister Renlund ang kanyang trabaho bilang presidente ng kanyang law firm at nagbitiw sa ilang kilalang board para maglingkod na kasama niya. “Ipinadala kami sa Africa at tinuruan kami ng mga Banal kung ano talaga ang mahalaga,” sabi ni Elder Renlund.

Isang araw ng Linggo sa central Congo tinanong niya ang mga miyembro kung ano ang mga hamong kinakaharap nila, ngunit wala silang maisip na mga hamon. Nagtanong siyang muli. Sa huli, tumayo ang isang matandang ginoo sa likuran ng silid at nagsabing, “Elder Renlund, paano kami magkakaroon ng mga hamon? Nasa amin ang ebanghelyo ni Jesucristo.” Habang iniisip ang karanasang iyon, nagpaliwanag si Elder Renlund: “Gusto kong maging katulad nitong mga miyembro sa Congo, na nagdarasal para sa pagkain araw-araw, nagpapasalamat araw-araw para sa pagkain, nagpapasalamat para sa kanilang pamilya. Hikahos sila sa buhay, pero nasa kanila ang pinakamahalagang bagay.”

Sa paglilingkod sa Area Presidency sa loob ng limang taon, libu-libong milya ang nilakbay ni Elder Renlund sa malawak na Africa Southeast Area, sa pagbisita sa mga miyembro at missionary. Nag-aral siya ng French dahil ito ang wika sa iba’t ibang lugar ng mga bansang iyon.

Ganito ang sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland, na miyembro ng Labindalawa na nakatalagang tumulong sa Africa Southeast Area Presidency noong panahong iyon, tungkol kay Elder Renlund: “Wala nang ibang maglalaan ng kanyang sarili sa lugar at sa mga mamamayan nito at sa kanilang mga pangangailangan nang higit kaysa kay

Tinawag na Maging Natatanging Saksi

Noong Setyembre 29, 2015, hindi niya inasahang makakatanggap siya ng tawag mula sa Tanggapan ng Unang Panguluhan. Sa Church Administration Building, “Malugod akong sinalubong ni Pangulong Thomas S. Monson at ng kanyang dalawang tagapayo. Nang makaupo na kami, tiningnan ako ni Pangulong Monson, at sinabing, ‘Brother Renlund, tinatawag ka naming maglingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.’”

Nabigla si Elder Renlund. Mapagpakumbaba niyang tinanggap ang calling at naaalala niya, “Palagay ko nadama ni Pangulong Monson na nanghina ang butu-buto ko, kaya tiningnan niya ako, at sinabing, ‘Tinawag ka ng Diyos; ipinaalam ito ng Panginoon sa akin.’”

Bumalik si Elder Renlund sa kanyang opisina, nagsara ng pinto, at lumuhod sa panalangin. Matapos kalmahin ang sarili, tinawag niya ang kanyang asawa. “Namangha siya,” sabi ni Elder Renlund, “nang may lubos na katapatan sa Panginoon, sa Kanyang Simbahan, at sa akin.”

Sinabi ng kanilang anak na si Ashley, “Napakagaling ng tatay ko dahil sa pagpapala ng Diyos at naihanda siya sa habambuhay na paglilingkod sa tungkuling ito. Napakabait niya; puspos siya ng pagmamahal.”

Sinabi rin ng kapatid ni Elder Renlund na si Gary, na si Elder Renlund “ay matagal nang inihanda, kapwa ng mga hamon at ng paglilingkod sa tawag na dumating sa kanya. Bahagi ito ng mas malaking planong nakatakda, at magaan sa loob ko na suportahan siya.”

Habang pinagmumuni-muni ang kahalagahan ng calling, sinabi ni Elder Renlund, “Pakiramdam ko ay hindi ako nararapat, maliban sa totoong alam ko na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng mundo. Mapapatotohanan ko na Siya ay buhay, na Siya ang aking Tagapagligtas at inyong Tagapagligtas. Alam ko na ito ay totoo.” ■

KALIWA: LARAWANG KUHA SA OPISINA NI TOM SMART, *DESERET NEWS*; LARAWAN NG BABAE NA KUHA NI JOY BASSO

Ang Paglalakbay Ko

BILANG PIONEER NA TAGA-INDIA



Ginunita ko ang aking buhay mula sa pagiging "batang-gubat" sa kanayunan ng India hanggang sa kinalalagyan ko ngayon, at alam ko na ang buhay at pananampalataya ko ay tunay na mga himala.

PAGLALARAWAN NG BATANG LALAKI NI WENDY GIBBS KEELER; LARAWAN NG TAJ MAHAL, PAISLEY BACKGROUND, SELYO © ISTOCK/THINKSTOCK, HEMERA/THINKSTOCK

Ni Mangal Dan Dipty na ikinuwento kay John Santosh Murala

Isinilang ako sa isang kagubatan sa maliit na nayon na naliligiran ng kabundukan ng Eastern Ghats sa India. Noong 18 buwang gulang ako, lumipat kami sa nayon ng Dangrapalli sa baybayin ng River Kolab. Nakalagay ako sa basket na bitbit ng mga magulang ko habang naglalakad sila. Ang nayon ay binubuo ng mga 20–25 pamilya, na nakatira sa maliliit na kubo na walang kuryente. Wala kaming paaralan, ospital, o istasyon ng bus. Naghukay kami sa riverbed o sa dinadaluyan ng ilog para sa aming inuming tubig. Ginugol ko ang aking pagkabata sa paglalaro sa kagubatan at mga bukid, paglalakad gamit ang takyaran [stilts] sa mga latian, at paglangoy sa ilog.

Ang mga ninuno ko ay mga Hindu temple priest sa ilalim ng Maharaja (Hari) ng Bastar ng Jagdalpur. Ngunit nang maging mapanganib ang sitwasyon ng pulitika, ang lolo ko at kanyang pamilya ay tumakas papunta sa Kotpad. Pinahintulutan silang tumira sa German Lutheran mission, kung saan siya nagtrabaho bilang tagapangalaga doon at nakapagtrabaho sa Ayurveda (herbal na panggagamot). Dito nagpasiya ang lolo ko na magpa-convert sa Kristiyanismo.

Ipinagpatuloy ng aking ama ang kanyang pagiging Kristiyano nang magpasiya siyang maging isang ebanghelista at guru (guro). Noong isilang ako, pinangalanan akong Mangal Dan Dipty (ibig sabihin "maganda," "kaloob" at "liwanag"), na minana ang tradisyon ng pananampalatayang Kristiyano.

Noong bata pa ako regular akong nagsisimba sa German Lutheran. Madalas kaming pumupunta sa bundok para magdasal. Isang maulan na araw, lahat ng tao sa grupo ay nabasa sa ulan, at isa sa mga mangangaral ay taimtim na nagdasal at nagsumamo sa Panginoon na patigilin ang ulan. Namangha kami nang tumigil ang ulan. Iyon ang simula ng aking pananampalataya sa Diyos at paniniwala sa panalangin.

Ang Mormonismo ba ay Kristiyano?

Matapos ang ikawalong grado, tumigil ako sa pag-aaral para dumalo sa isang tatlong-taong theological seminary sa Kotpad at inordenan bilang ebanghelista, tulad ng aking

ama. Pagkaraan ng ilang taon ng pangangasiwa sa mga pagpupulong sa Kotpad at sa mga lugar sa palibot nito, lumipat ako sa hilagang India, kung saan nagsimula akong magbenta ng mga aklat mula sa Evangelical Christian literature society. Nakakita ako ng isang aklat na may pamagat na *Ang Mormonismo ba ay Kristiyano?* Isang bagay tungkol sa aklat ang nakatawag ng aking pansin, at nagpasiya akong basahin ito.

Ang aklat ay maraming pintas sa mga Mormon at sa kanilang mga paniniwala. Gayon pa man, maraming bahagi ng aklat ang nakatawag ng pansin sa akin, lalo na ang kanilang konsepto sa Panguluhang Diyos, paraan ng kanilang pagsamba, at ang salaysay tungkol sa poligamya. Gayunman, naging interesado ako lalo na sa simbahan nila na ipinangalan kay Jesucristo. Gusto kong malaman pa ang iba.

Isang araw habang nagdarasal, nagkaroon ako ng inspirasyong alamin pa ang Simbahang Mormon. Nalaman ko na ang Salt Lake City, Utah, ang headquarters ng Simbahan. Nagpasiya akong sumulat at ipadala ito sa "Kalalakihang namamahala sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Salt Lake City, Utah, USA."

Natuto mula sa Isang Apostol

Noong 1959, bilang sagot sa liham ko, si Brother Lamar Williams mula sa Missionary Department ng Simbahan ay nagpadala ng kopya ng patotoo ni Joseph Smith, Saligan ng Pananampalataya, at ng Aklat ni Mormon. Pinag-aralan kong lahat ito at nakumbinsi sa katotohanan nito. Gayunman, walang mga missionary o miyembro na magtuturo sa akin sa India.

Kaya noong Enero 1961, bumisita sa Delhi si Elder Spencer W. Kimball (1895–1985) ng Korum ng Labindalawang Apostol. Gumugol ako ng tatlong araw sa pagbibiyahe kasama niya papunta sa Taj Mahal sa Agra at sa Dharamsala. Para akong espongha sa pagtanggap ng lahat ng aral na itinuro niya sa akin. Sa huling araw ng kanyang pagbisita, handa na akong mabinyagan. Noong Enero 7, 1961, bininyagan ako ni Elder Kimball sa Yamuna River; at si Sister Kimball ang opisyal na saksi, bagamat maraming mausisang nanonood noon. Kinumpirma ako nang gabing iyon.

Ang tatlong araw na iyon kung saan tinuruan ako ng Apostol ng Panginoon nang walang sagabal ay ilan sa pinakamagagandang araw ng buhay ko. Malungkot ang paghihiwalay namin dahil naging espesyal ko na siyang Mormon na kaibigan.



Pananabik na Makasama ang mga Banal

Nang umalis si Elder Kimball, ibinahagi ko sa mga kaibigan ko ang karanasan ko sa pagbabalik-loob, at kinutya nila ako. Pero alam kong totoo ang ebanghelyo at hindi ko ito maipagkakaila, kaya nagpasiya akong maghanap ng ibang trabaho. Nagsimula akong magnegosyo ng damit tulad ng aking ama. Kaya lang unti-unti kong naisip na hindi ako uunlad kung hindi ko daragdagan ang kaalaman ko. Nasa mid-20s na ako at ang ideya na pagpasok muli sa paaralan ay nakakatakot, gayon pa man ang sumunod na siyam na taon ay ginugol ko sa pag-aaral. Nagnegosyo ako sa araw at nag-aral sa gabi. Ginugol ko ang lahat ng kita ko sa pag-aaral. Determinado ako at nagdasal sa Diyos na tulungan ako. Nag-aral ako ng bachelor's degree sa psychology, sociology, at arts mula sa Agra University. Sa huli, pumasok ako sa Meerut University para mag-aral ng abogasiya.

Sa unang bahagi ng siyam na taon na iyon, may isang pamilyang Banal sa mga Huling Araw sa Delhi, ang Shortlefts, na nagtatrabaho sa Embahada ng Amerika. Pumupunta ako sa Delhi para sa sacrament meeting sa kanilang tahanan. Noong 1962, bumisita si Elder Richard L. Evans (1906–71) ng Korum ng Labindalawang Apostol, at noong 1964, dumating si Elder Gordon B. Hinckley (1910–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol. Naaalala ko na sinuotan ko ng garland si Elder Hinckley at inabot ang isang banga ng ikapung inipon ko sa loob ng maraming taon.

Ang nakakalungkot, ang mga sandaling ito ng pagkakapatiran—bagama't nakatutulong—ay bihirang mangyari, at habang nasa India hindi ko palaging nakakasama ang iba pang mga Banal. Nabagabag nito ang puso ko. At sa tila mabagal na pag-usad ng panahon, naaapektuhan na ako ng lungkot na nararamdaman ko, at nakita ko na wala akong kinabukasan sa India. Nasasabik akong makatanggap ng priesthood at mamuhay kasama ang mga Banal.

Pagiging Pioneer

Nang madama kong kailangan ko nang manirahan malapit sa mga Banal, itinigil ko na ang kurso ko sa abogasiya at dumayo sa Canada. Nang makarating ako sa Edmonton, Alberta, nagpunta ako sa pinakamalapit na ward. Nakilala ko si Bishop Harry Smith at kaagad kong nadama na kabilang ako at kasama sa ward na iyon. Pinuntahan ko ang Cardston Alberta Temple, kahit hindi pa ako maaaring makatanggap ng endowment.

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI MANGAL DAN DIPTY AT NG BYU FAMILY HISTORY LIBRARY

Itaas: Si Brother Dipty noong estudyante pa siya sa India. Ibaba: Si Brother Dipty (kaliwa) kasama si Paul Trithuvadass, isa pang pioneer na miyembro ng Simbahan mula sa India, sa Temple Square sa Salt Lake City. Kaliwa: Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagkaroon ng mahalagang bahagi sa paglalakbay ni Brother Dipty sa buhay.

Gusto kong bisitahin ang Salt Lake City at sorpresahin ang aking mabubuting kaibigan na sina Elder Kimball at Brother Lamar Williams. Sa wakas, noong tagsibol ng 1969, walong taon matapos akong binyagan, bumisita ako sa Salt Lake City at nakipagkita kay Elder Kimball. Natuwa siya at iniukol niya ang buong maghapon sa akin.

Habang nasa Salt Lake City, nagpunta ako sa isang salon para magpagupit. Ibinahagi ko ang aking patotoo sa barbero, na isa ring miyembro. Narinig ako ng isang ginoo, na naghihintay magupitan, at ikinuwento sa akin ang tungkol sa pagpunta niya sa India. Binayaran niya ang gupit ko, inimbitahan ako sa hapunan, at inihatid ako sa Brigham Young University. Humanga ako sa kampus. Binanggit ko na gusto kong ipagpatuloy dito ang aking pag-aaral ngunit hindi ko kaya. Nag-alok ang lalaking iyon na bayaran ang $1,000 na matrikula ko. Nagulat ako at nagpasalamat nang lubos.

Sumali ako sa social work program ng BYU. Noong 1972, nang makatapos ako sa BYU, lumipat ako sa Salt Lake City para kumuha ng master's degree sa University of Utah. Kalaunan ay lumipat ako sa California, USA, kung saan nagtapos ako ng PhD sa clinical psychology, at nagturo ng mga kurso kung paano mapipigilan ang karahasan sa tahanan, at nagsulat ng isang libro. Retirado na ako ngayon at nakatira kami ng asawa kong si Wendy, sa Nevada, USA.

May panahon sa buhay ko na naranasan ko ang matinding kaguluhan, hamon, at pagsubok. Ang pagtuon ko sa ebanghelyo at sa mga pagpapala ng templo ay nakatulong sa akin na makayanan ang marami sa mga hamon ng buhay.

Ang Kanyang mga Plano ay Kamangha-mangha

Madalas kong gunitain ang buhay ko mula sa pagiging "batang-gubat" sa kanayunan ng India hanggang sa kinalalagyan ko ngayon at alam ko na ang buhay at pananampalataya ko ay tunay na mga himala. Ang mga ginawa ng Panginoon sa buhay ko ay mas maganda kaysa inasahan ko. Napakalaki ng pasasalamat ko na naturuan ako ng hinirang ng Panginoon na si propetang Spencer W. Kimball at ginabayan sa mahahalagang yugto sa buhay ko.

Madalas kong inaalala ang mga sandaling kasama ko si Pangulong Kimball. Iniimbita niya ako sa mga camping trip, mga piknik, at Thanksgiving at Christmas dinner ng kanyang pamilya. Noon pa man ay alam ko na talagang siya ay isang Apostol at propeta ng Panginoong Jesucristo.

Ang huling pagkikita namin ni Pangulong Kimball ay noong malubha ang kanyang karamdaman. Ngunit nginitian pa rin niya ako at niyakap. Siya ang unang LDS na nakilala at nakausap ko, at alam kong hindi niya ako kalilimutan.

Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa ating mga propeta at sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang Simbahan natin ay ang banal na huwarang kailangan ng mundo ngayon. Dahil sa Simbahan nakapag-aral ako at umunlad bilang isang tao. Nagpapasalamat ako sa araw na iyon nang malaman ko na totoo ang panalangin at na handa akong makinig sa marahan at banayad na tinig at alamin ang tungkol sa Simbahan. Nagpapasalamat ako na tinulutan ko ang Panginoon na hubugin ang aking buhay. Alam ko na kung hahanapin natin ang Kanyang kaharian, lahat ng iba pa ay idaragdag sa atin (tingnan sa Mateo 6:33). ■

Ang awtor ay mula sa Telangana, India.

TULAD NG BALO NG SAREPTA:

Ang Himala ng mga Handog-Ayuno

Habang pinag-iisipan namin ang pagbibigay ng mas malaking handog-ayuno, naalala namin na ang tao ay hindi makapagbibigay ng kapirasong tinapay sa Panginoon nang hindi nakatatanggap ng isang buong tinapay bilang kapalit.

Nina Po Nien (Felipe) Chou at Petra Chou

Maraming pamilya sa buong mundo ang hirap sa pera, lalo na sa panahon ng krisis sa ekonomiya.[1] Ang epekto ng gayong krisis ay nadama sa aming ward ilang taon na ang nakalipas, nang makita namin ang ilang pamilyang nangangailangan ng tulong. Sa simula ng taong iyon, ibinahagi sa amin ng aming bishop ang paanyaya mula sa aming stake president na magbigay ng malaking handog-ayuno para tulungan ang mga nangangailangan.

Bagama't sinabihan kami ng mga lider namin na tingnan ang aming situwasyon at pag-isipan kung makapagbibigay kami ng mas malaking handog-ayuno, hindi nila tinukoy kung magkano ang dapat naming ibigay. Gayunman, ipinaalala sa amin ng Espiritu ang payong ibinigay ni Pangulong Marion G. Romney (1897–1988), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, maraming taon na ang nakararaan. Sabi niya: "Matibay ang paniniwala ko na hindi kayo maghihirap sa pinansiyal kung magbibigay kayo sa Simbahan at para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. . . . Ang tao ay hindi makapagbibigay ng kapirasong tinapay sa Panginoon nang hindi nakatatanggap ng isang buong tinapay bilang kapalit. Ganyan ang naging karanasan ko. Kung dodoblehin ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang kontribusyon sa handog-ayuno, dodoble rin ang espirituwalidad sa Simbahan. Kailangan nating isaisip iyan at maging bukas-palad sa pagbibigay ng ating mga kontribusyon."[2]

PAGLALARAWAN NI ROSE DATOC DALL

Alam namin na magiging mahirap para sa aming pamilya na lakihan ang aming mga handog-ayuno, ngunit pinag-isipan naming mabuti ang turo at pangako ni Pangulong Romney. Bilang pamilya, pinagpala kami nang sagana at nakadama kami ng matinding hangarin na dagdagan ang aming mga handog-ayuno.

Bukod pa rito, gusto namin na mapaglabanan ng aming pamilya ang tendensiya na maging sakim. Dahil nabubuhay tayo sa isang lipunan na masyadong nakatuon sa pagkakamit ng mga bagay at pagtupad sa sarili nating mga hangarin, nag-alala kami na baka magsilaking makasarili ang aming mga anak. Ngunit nagkaroon kami ng pag-asa sa mga salita ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "Sa pagsunod sa batas ng ayuno, matatagpuan ng tao ang isang bukal ng kapangyarihan upang mapaglabanan ang pagsunod sa layaw at kasakiman."[3]

Sa loob ng unang tatlong buwan ng pagbibigay ng mas malaking handog-ayuno, nagsimula kaming makakita ng maraming biyaya. Nabawasan ang gastos namin sa pamimili, at tila mas matagal maubos ang tangke ng gas namin. Kaunting bagay na lang ang hinihiling ng mga anak namin, at halos maglaho ang kasakiman sa aming tahanan.

Halimbawa, nang magbigay kami ng donasyon para sa food drive sa aming lugar, hinikayat kami ng mga anak namin na dagdagan pa ang ibibigay namin. Nang gawin namin ang taunang imbentaryo sa aming suplay ng pagkain, nalaman namin na mayroon pala kaming sapat na pagkain para sa dalawang taon. Bukod pa riyan, isang buwan lang noon ay ubos na namin ang 50-librang (22.7 kg) sako ng bigas. Ngayon ang isang sakong bigas na iyon ay umaabot ng dalawang buwan. Para bang dumarami ang imbak naming pagkain.

Naalala namin ang kuwento tungkol sa balo ng Sarepta. Noong panahon ng taggutom, nakiusap si propetang Elijah sa isang balo, na walang maipapakain sa kanya, na bigyan siya ng tubig at tinapay. Sinabi ng balo, "Ang Panginoon mong Dios ay buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang ako'y pumasok, at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay" (I Mga Hari 17:12).

Pinangakuan siya ng propeta na "ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan. . . .

"At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni [Elijah]: at kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na maraming araw" (I Mga Hari 17:14–15). Ang kanyang gusi, na ang laman ay sapat para sa huling hapunan ng kanyang pamilya, ay pinadami upang makakain ang kanyang pamilya at ang iba pa sa loob ng maraming araw. Ang gayon ding himala—batay sa sarili naming handog—ay nangyayari sa aming pamilya.

Sa panahon ng mga problemang pinansiyal, ang pagbibigay ng malaking handog-ayuno at pagtulong sa panganganalaga sa nangangailangan ay maaaring maging mahirap, lalo na kapag tayo—katulad ng balo ng Sarepta—ay isa sa mga nangangailangan. Ang pagbibigay ng malaking handog-ayuno, gaano man ang halaga, ay nangangailangan ng pananampalataya sa Panginoon at sa Kanyang pangako na tayo ay pangangalagaan. At tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako, at natutuhan namin sa karanasan ng aming pamilya na kapag handa tayong magbahagi at tumulong, mas lalo tayong pinagpapala.

Tulad ng sinabi ni Pangulong Romney: "Huwag kang magbigay para lang sa kapakanan ng mga maralita, kundi para sa iyong sariling kapakanan. Magbigay nang sapat at bukas-palad upang makapasok kayo sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng paglalaan ng inyong salapi at inyong panahon."[4] Ang pagbibigay ng mas malaking handog-ayuno ay nakatulong sa aming pamilya na makadama ng kagalakan sa pangangalaga sa maralita at lakas sa sarili naming espirituwal na kapakanan.

Ang kahandaan naming magbigay ng handog-ayuno ay nagdulot ng maraming pagpapala sa amin. Dumami ang imbak naming pagkain dahil handa kaming magbigay ng mas malaking handog-ayuno. Sa katunayan ang kapangyarihan ng Panginoon na nagparami ng limang tinapay at dalawang isda upang pakainin ang 5,000 kalalakihan, bukod pa sa kababaihan at mga bata, at nagkaroon pa ng labis na pumuno sa 12 basket (tingnan sa Mateo 14:16–21), ang siya ring kapangyarihan na nagpuno sa gusi ng balo ng Sarepta at nagparami sa imbak na pagkain ng aming pamilya. Gayunpaman, ang pinakamalaking pagpapala ay hindi sa dumaming pagkain kundi sa nabawasang kasakiman at pag-unlad ng espirituwalidad sa aming tahanan.

Nagpapatotoo kami na kapag bukas-palad tayong nagaambag sa pondo ng handog-ayuno ng Simbahan, kahit sapat lang ang pera natin, daragdagan ng Panginoon ang ating mga pagsisikap at pagpalain tayo nang higit pa sa inaasahan natin. ■

Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TALA

1. Tingnan, halimbawa, sa Henry B. Eyring, "Hindi Baga Ito ang Ayuno na Aking Pinili?" *Liahona,* Mayo 2015, 22–25.
2. Marion G. Romney, Welfare Agricultural Meeting, Abr. 3, 1971, 1.
3. Spencer W. Kimball, "Becoming the Pure in Heart," *Ensign,* Mayo 1978, 80.
4. Marion G. Romney, "The Blessings of the Fast," *Ensign,* Hulyo 1982, 4.

MGA TINAPAY AT MGA ISDA, NI ROSE DATOC DALL



PAG-AAYUNO: ITANGI ANG INYONG SAGRADONG PRIBILEHIYO

"Pinatototohanan ko ang mga himala, kapwa espirituwal at temporal, na dumarating sa mga taong sumusunod sa batas ng ayuno. Pinatototohanan ko ang mga himalang dumating sa akin. Tulad ng itinala ni Isaias, tunay ngang hindi lang minsan ako nanalangin habang nag-aayuno, at tunay ngang ang Diyos ay tumugon, 'Narito ako' (Isaias 58:9). Itangi ang sagradong pribilehiyong iyan kahit minsan lang sa isang buwan, at maging bukas-palad sa pagbibigay ng handog-ayuno at iba pang kontribusyon na pangkawanggawa, pang-edukasyon, at para sa mga missionary kung kaya ninyo. Ipinapangako ko na magiging bukas-palad sa inyo ang Diyos, at ang mga napapaginhawa ninyo ay tatawagin kayong pinagpala magpakailanman."

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Hindi Ba't Tayong Lahat ay mga Pulubi?" *Liahona,* Nob. 2014, 41–42.

Pag-unawa

SA MGA KABATAANG TINUTURUAN NINYO

Ang pagsisikap na alamin ang tungkol sa mga kabataang tinuturuan ninyo ay maaaring magbukas ng pinto sa kanilang pagbabalik-loob.

Maraming kabataan ang masigla at masigasig kaya't ang pagtuturo sa kanila ay nagiging kalugud-lugod. Ngunit ang ilan ay nahaharap din sa mga hamon habang sila ay lumalaki at nagkakaroon ng hustong kaisipan—lahat ng bagay mula sa mga pagbabago sa kanilang katawan, problema sa paaralan, at mga impluwensya ng kultura na pumipigil sa kanila upang ipamuhay ang ebanghelyo. Kailangan ng mga kabataan ng mga guro na nakauunawa at nagmamalasakit sa kanila. Kailangan nila ng mga tagapagturo na magbibigay ng ligtas na kapaligiran kung saan maaari silang matuto at kumilos ayon sa natututuhan nila.

Narito ang ilang bagay tungkol sa mga kabataan na kapag alam ninyo ay maaaring makatulong habang kayo ay nagpaplano, naghahanda, at nagtuturo sa kanila ayon sa paraan ng Tagapagligtas:

1. *Gusto at kinakailangan ng mga kabataan na matutuhan ang doktrina.* Sa isang mundong lumalayo sa mga pamantayan ng ebanghelyo, matindi ang hangarin ng mga kabataan na malaman ang walang-hanggang katotohanan. Gusto nilang maturuan "ng mga bagay kung ano talaga ang mga ito, at mga bagay kung ano talaga ang magiging ito" (Jacob 4:13). Ang mga bagay na ito ay matatagpuan sa doktrina ng ebanghelyo. Kapag nagtuturo kayo, pagtuunan ng pansin ang doktrinang matatagpuan sa mga banal na kasulatan, mga turo ng mga buhay na propeta at apostol, at iba pang opisyal na mga materyal ng Simbahan. Hikayatin ang mga kabataan na pag-aralan nang sarilinan ang mga sangguniang ito. Ang doktrina ay may mabisang epekto (tingnan sa Alma 31:5).

2. *Inaalam ng mga kabataan ang kanilang pagkatao.* Sinisikap nilang alamin kung sino sila at kung sino ang nais nilang maging. Habang naghahanda sila para sa mga tungkulin sa hinaharap, maaaring iniisip nila kung ano ang plano ng Panginoon para sa kanila at kung magagawa nila ang lahat ng inaasahan sa kanila. Bilang magulang o guro, maaari ninyong palakasin ang loob nila tungkol sa hinaharap at gabayan sila sa paghahanda para dito. Tulungan silang mapalapit sa Diyos at mamuhay ayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo. Ituro sa kanila ang kahalagahan ng templo at ng kanilang tungkulin sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

3. *Alam ng mga kabataan kapag nagmamalasakit kayo.* Upang mahikayat ang mga kabataan na talagang pag-aralan ang ebanghelyo, kailangan nilang malaman na mahal ninyo sila at interesado kayo sa kanila bilang mga indibiduwal. Pakinggan sila. Alamin ang mabubuting katangian nila at tulungan silang mas pagbutihin ang mga ito.

Ipahayag ang tiwala ninyo sa kanila at magbigay ng katiyakan na sila ay pinahahalagahan at kinakailangan.

4. *Maraming interes o kinawiwilihan ang mga kabataan.* Bawat kabataan ay natatanging indibiduwal. Alamin ang kanilang mga interes o kinawiwilihan, pangangailangan, at mga hamon sa buhay. Para magawa ito, maaari silang puntahan at kausapin bukod pa sa regular na nakaiskedyul na mga miting, klase, at mga aktibidad. Sa pagkilala sa kanila, magkakaroon kayo ng mga ideya at inspirasyon sa pamamagitan ng Espiritu tungkol sa kanilang mga pangangailangan. Makatutulong ang mga ito sa paraan ng pagtuturo ninyo sa kanila. Kapag naramdaman ng mga kabataan na kayo ay tunay na nagmamalasakit sa kanilang buhay, magiging mas bukas ang kanilang puso para sa inyong pagtuturo at patotoo.

5. *Makakahanap ang kabataan ng mga sagot sa kanilang mga katanungan.* Lahat ng nag-aaral anuman ang edad nila ay natutuwang matuklasan ang mga kaalaman tungkol sa ebanghelyo, ngunit higit itong mahalaga sa mga tinedyer sa pagpapatatag nila ng kanilang mga pinahahalagahan at mga paniniwala. Ang mga aral ng ebanghelyo ay may epekto habambuhay kapag personal nilang natutuhan ang mga ito—at isinabuhay. Sa halip na ibigay sa kabataan ang mga sagot, maaari ninyong gamitin ang mga pamamaraan sa pagtuturo na hihikayat at magbibigay-inspirasyon sa kanila na sila mismo ang maghanap ng mga sagot. Ito ay hahantong sa mas malalim na pananampalataya at pagbabago—ang pinakalayunin ng lahat ng pagtuturo ng ebanghelyo.

6. *Maaaring turuan ng mga kabataan ang isa't isa.* Ang mga kabataan ay interesadong magbigay ng mga ideya tungkol sa mga bagay na itinuro sa kanila at sabik magbahagi ng nalalaman nila. Sa inyong halimbawa at pagtuturo, matutulungan ninyo sila na matutong magturo ayon sa paraan ng Tagapagligtas. Sa paggabay ninyo maaari silang magsimula sa pagtuturo ng isang bahagi ng lesson o mamuno sa maikling talakayan. Kapag naranasan nila ang magturo at nagkaroon sila ng tiwala sa sarili, maaari silang bigyan ng paminsan-minsang pagkakataon na magturo ng isang buong aralin. Kapag natututo ang mga kabataan sa isa't isa, tinutulungan nilang palakasin ang isa't isa laban sa impluwensya ng mga taong hindi nila katulad ang mga pinahahalagahan.

7. *Ang mga kabataan ay natututong mamuno.* Ang mga class at quorum presidency ay may mga sagradong tungkulin na pamunuan ang mga kasama nila sa klase o korum. Ngunit kahit may karanasan na sila sa pamumuno, kakailanganin pa rin nila ang inyong paggabay kung paano mangasiwa sa mga miting, tulungan ang iba na matuto, at maglingkod. Ang iba pang mga pagkakataon sa pamumuno ay maaaring magmula sa tahanan kapag ang mga kabataan ay binibigyan ng mga makabuluhang responsibilidad.

8. *Natututo ang mga kabataan mula sa mga magulang at iba pang adult na mabubuting huwaran.* Isang mahalagang bahagi ng inyong responsibilidad bilang guro ang tumulong na mapatibay ang ugnayan ng mga kabataan sa kanilang mga lider, at kanilang mga magulang. Matutulungan ninyo ang mga kabataan na makahanap ng sagot sa marami nilang katanungan, ngunit ang ilan sa kanilang mga tanong ay mas masasagot ng kanilang mga magulang o lider. Payuhan ang mga kabataan na magpatulong sa kanilang mga magulang at hikayatin sila na patibayin ang ugnayan nila sa kanilang pamilya. Regular na makipagugnayan sa mga magulang tungkol sa pinag-aaralan ninyo sa klase at ikuwento sa kanila ang mga talento, pag-unlad, at magagandang kontribusyon na nakikita ninyo sa kanilang mga anak. Itanong kung ano ang maitutulong ninyo sa pagtuturo nila sa kanilang mga anak.

Ang pagtulong sa mga kabataan na magbalik-loob at magbago ay nangangailangan ng pinagsamang pagsisikap ng mga magulang, lider, adviser, at guro, kabilang na ang mga guro sa seminary. Matuturuan ninyo nang mas epektibo ang mga kabataan kung sama-sama kayo kaysa kung magkakahiwalay kayo. ■

Para sa iba pang mga ideya, tingnan sa "Turuan ang mga Kabataan" sa bagong manwal na Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas *(online sa teaching.lds.org).*

"Masdan ang Inyong mga Musmos"

PAGKATUTONG MAGTURO SA MGA BATA

"Kinuha [ni Jesus] ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila. . . . At nangusap siya sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos" (3 Nephi 17:21, 23).

Kung kayo ay isang magulang o tinawag upang magturo sa mga bata, kayo ay nabigyan ng mahalagang kaloob. Itinuro ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "[Kayo] ang hinirang ng Diyos para ipadamang mabuti sa mga bata ngayon ang pagmamahal at alab ng pananampalataya at pag-unawa sa kanilang pagkatao."[1]

Ang mga bata ay magdudulot sa inyo ng kagalakan at iimpluwensyahan kayo na maging mabuting halimbawa. Habang nalalaman ninyo ang katapatan, pagmamahal, tiwala, at pag-asa ng mga bata, mas mapapalapit kayo sa Panginoon at higit ninyong mauunawaan ang Kanyang utos na "maging tulad sa maliliit na bata" (Mateo 18:3).

Narito ang walong bagay na dapat tandaan tungkol sa mga bata habang sinisikap ninyong mahalin at turuan sila ayon sa paraan ng Tagapagligtas.

1. *Ang mga bata ay madaling maniwala.* Sila ay handang tumanggap ng katotohanan. Ituro sa kanila nang simple at malinaw ang tamang doktrina, gamit ang mga salita at mga halimbawa na mauunawaan nila.

2. *Makikilala ng mga bata ang impluwensya ng Espiritu.* Ituro sa kanila na ang nadarama nilang kapayapaan, pagmamahal, at kagalakan kapag nagsasalita o kumakanta sila tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo ay nagmumula sa Espiritu Santo. Tulungan silang maunawaan na ang mga nadarama nilang ito ay bahagi ng patotoo.

3. *Mga simpleng ideya ang kayang maunawaan ng mga bata.* Nalilito sila sa mga kumplikadong metapora o talinghaga. Kapag nagtuturo kayo, tukuyin ang mga pamilyar na pangyayari at gawain: tahanan, pamilya, at ang mundo sa paligid nila.

4. *Ang mga bata ay sabik na matuto.* Natutuwa silang mag-aral sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad at mga pandama. Tumutugon sila nang husto sa mga visual aid at sumasali sa talakayan at aktibidad sa mga lesson. Hayaan silang kumilos, magsiyasat, at sumubok ng mga bagong bagay.

5. *Gusto ng mga bata na magbahagi at tumulong.* Mayroon silang mga bagay na maituturo sa isa't isa at sa inyo. Anyayahan silang ibahagi ang natutuhan nila. Bigyan sila ng pagkakataon na basahin ang mga banal na kasulatan, hawakan ang mga larawan, sumagot sa mga tanong, o magsulat sa pisara.

6. *Ang mga bata ay mapagmahal at gusto nilang minamahal sila.* Humanap ng mga pagkakataon na mapagibayo pa ang magiliw at mapagmahal na pag-uugali na likas sa kanila. Palakasin ang kanilang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagpapakita ng inyong pagmamahal at pasasalamat at pakikinig nang mabuti sa sinasabi nila.

7. *Tinutularan ng mga bata ang inyong halimbawa.* Palagi kayong nagtuturo, kahit hindi ninyo ito napapansin. Mapapansin ng mga bata kung paano ninyo ipinamumuhay ang mga itinuturo ninyong alituntunin. Ang inyong mabuting halimbawa ay maaaring maging malakas na impluwensya sa lumalago nilang patotoo.

8. *Ang maliliit na bata ay madaling mainip.* Ang hindi nila pakikinig ay maaaring mangahulugan na pagod o gutom sila, na hindi nila nauunawaan ang isang bagay na inyong sinabi, na kailangan nilang kumilos, o nababagot na sila. Natutuwa silang mag-aral sa pamamagitan ng pag-uulit, paiba-iba ng gagawin, mga simpleng kuwento, awitin, at mga aktibidad. Hikayatin silang makibahagi sa mga lesson. ■

MGA LESSON RESOURCES

Kailangan ba ninyo ng isang kuwento, visual aid, o video para mapayaman ang isang Primary o family home evening lesson pero hindi ninyo alam kung paano matatagpuan yon? Bisitahin ang lessonhelps.lds.org!

Para sa iba pang mga ideya, tingnan sa "Turuan ang mga Bata" sa bagong manwal na *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* (online sa teaching.lds.org).

TALA

1. M. Russell Ballard, "Great Shall Be the Peace of Thy Children," *Ensign,* Abr. 1994, 60.

"Magpasaya nawa sa ating mga puso ang tawanan ng mga bata. Aluin nawa ng pana-nampalataya ng mga bata ang ating kaluluwa. Ang pagmamahal nawa ng mga bata ang maghikayat sa ating mga gawa."

Pangulong Thomas S. Monson, "Precious Children —A Gift from God," *Ensign,* Nob. 1991, 70.

Ni Elder Marion D. Hanks (1921–2011)
Naglingkod bilang miyembro ng Pitumpu mula 1953 hanggang 1992

Pagsamba sa Templo

ANG SUSI SA PAGKILALA SA DIYOS

Sa loob ng templo maaari tayong matutong mamuhay na tulad ni Cristo noong Siya ay nasa lupa at maghandang mamuhay na katulad Niya at ng Ama ngayon.

Malinaw ko pang naaalala ang isa sa una kong masayang pakikipag-usap sa isang dumalo sa templo pagkatapos magsimula ang aking paglilingkod bilang pangulo ng Salt Lake Temple. Isang mapag-isip na dalaga ang nakabasa ng mga talata tungkol sa layunin ng templo bilang tahanan ng pag-aaral at pagtuturo. Naunawaan niya agad na ang makilala ang Diyos at si Cristo, ang "iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo," ay "buhay na walang hanggan" (Juan 17:3). Alam din niya na matututuhan nating makilala ang ating Ama at sa huli ay makababalik sa Kanya sa pamamagitan ni Cristo.

Nagpatotoo ako sa kanya noon na, para sa akin, ang lahat ng bagay sa templo ay patungo pa rin sa huli kay Cristo at sa ating Ama. Ang bisa ng mga ordenansa at tipan ay nasa Kanyang nagbabayad-salang pagmamahal at ipinagkaloob na awtoridad—ang awtoridad ng "Banal na Pagkasaserdote, alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos" (D at T 107:3). Ngunit hindi pa niya malinaw na naikokonekta sa kanyang puso at isipan kung gaano kahalaga ang pagsamba sa templo sa pagkilala sa Panginoon. . . .

Si Cristo, mga Banal na Kasulatan, Templo, Tahanan

Napakahalaga ng templo para sa pagpapadalisay at dahil dito napapabanal ang ating sarili, na, kapag natututo tayo tungkol kay Cristo, magkakaroon tayo ng personal na kaalaman at patotoo tungkol sa Kanya na hahantong sa pinakamahalagang kaloob sa buhay.

Ang pagkatuto at pagsamba sa templo ay maaaring maging unibersidad ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesucristo. Sa panalangin ng paglalaan sa Kirtland, inihandog ang pagsamong ito sa Panginoon: "At inyong ipahintulot, Banal na Ama, na ang lahat ng yaong sasamba sa bahay na ito ay maturuan ng mga salita ng karunungan . . . ;

"At nang sila ay lumaki sa inyo, at makatanggap ng kaganapan ng Espiritu Santo" (D at T 109:14–15).

Natutupad ba ito sa mga seremonya at ritwal? Oo, kahit paano, kung nauunawaan natin ang layunin at ang simbolismo, katulad nina Eva at Adan na nakaunawa sa mga ito sa mga unang araw ng buhay sa mundo. Ngunit talagang natututo tayo sa pamamagitan ng katunayan ng mga mensahe, ng mga alituntunin ng walang-hanggang pag-unlad, ng buhay na walang hanggan. Hinggil sa ilang simpleng alituntunin ang pakikipagtipan natin sa Panginoon. Alalahanin ang pahayag ni Pablo sa Mga Taga Roma na tayo ay pinakipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo, at naligtas ng "kaniyang buhay" (Mga Taga Roma 5:10). Sinasabi nito sa akin na inaakay tayo ng mga alituntunin ng Kanyang banal na buhay tungo sa kabuuan ng kaligtasan na tinatawag na kadakilaan—buhay na puno ng pagmamahal, pag-aaral, paglilingkod, pag-unlad, paglikha tulad sa buhay ng Diyos sa piling ng mga mahal sa buhay at ng Ama at Anak. Sa loob ng templo maaari tayong matutong mamuhay tulad ni Cristo noong Siya ay nasa lupa at mamuhay na katulad Niya at ng Ama.

BUMANGON, AT LUMAKAD, NI HARRY ANDERSON

Mahahalagang Alituntunin sa Buhay ni Cristo

Ano ang mga alituntuning iyon na mahalaga sa Kanyang buhay na itinuturo sa templo at may kaugnayan sa mga tipang ginagawa natin sa Panginoon? . . .

Nagmahal Siya sa paraang marahil Siya at ang Ama lamang ang nakauunawa. Ngunit narito tayo upang malaman iyon, ang matutong magmahal nang sapat para magbigay. Sa digmaan at sa mga silid ng ospital at sa mga tahimik at dakilang pagkakataon na puno ng di-makasariling pagmamahal sa magulang o anak, nakita ko na may mga taong natutong tunay na magmahal at magsakripisyo ayon sa Kanyang paraan.

Kapag pinili at tinahak natin ang landas ng pagbibigay, pagmamalasakit, kabutihang-loob at kabaitan, mauunawaan natin na ito ay hindi opsyonal na bahagi ng ebanghelyo; ito ang pinakamahalagang bahagi. Ang kagandahang-asal at karangalan, pagiging di-makasarili, mabuting ugali, at mahusay na pagpili ay inaasahan sa atin. Ang talagang mahalaga, matapos ang lahat, ay kung anong klaseng tao tayo, kung ano ang handa nating ibigay. . . . Pinagpapasyahan natin ito araw-araw, oras-oras, habang natututo tayo at tinatanggap natin ang tagubilin ng Panginoon.

Matapos ang Pagpapako sa krus, Pagkabuhay na Mag-uli, at Pag-akyat sa Langit ng Tagapagligtas, may nangyari sa naiwang mga disipulo, na pinamunuan ni Pedro, na sa oras ng kagipitan ay binigo Siya. Naganap ang Pentecostes—ang pagparito ng Espiritu—at ang mga taong nanghina sa pananampalataya ay lumakas sa patotoo at pagpapatotoo. Nakasaad ito sa kabanata 1 hanggang 5 ng aklat ng Ang Mga Gawa. Ang mga huling talata ng kabanata 5 ay may malaking epekto. Sinabi ni Gamaliel sa kanyang mga kasamahan na bigyan ang mga disipulo ng isa pang pagkakataon, ng kaunting panahon. Kaya ang mga disipulo ay sinabihang muli na tumigil sa pagtuturo at pangangaral tungkol kay Cristo, muling binugbog, at pinakawalan. Ayon sa tala, nilisan nila ang lugar na nagagalak dahil sila ay natagpuang karapat-dapat na magdusa dahil kay Cristo. Pagkatapos, "araw-araw, sa templo at sa mga bahay-bahay, ay hindi sila nagsisipagtigil ng pagtuturo at pangangaral, na si Jesus ang siyang Cristo" (Ang Mga Gawa 5:42).

Sa gayon ding paraan dapat ay may mangyari sa atin sa pag-alis natin sa templo na tulad ng nangyari sa 3 Nephi 17:3: "Kaya nga, magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at bulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi, at tanungin ang Ama, sa aking pangalan, upang kayo'y makaunawa, at ihanda ang inyong mga isip para sa kinabukasan, at ako ay paparitong muli sa inyo."

Ang Nagpapadalisay na Kapangyarihan ng Pagsamba sa Templo

Dahil pamilyar na tayo ngayon sa espesyal na paraan sa landas na tinahak at tinanglawan ng Panginoon—at minamahal natin Siya—tutulungan tayo ng nagpapadalisay na espiritu na maging bagong nilalang, na nagmamahal at nagtutulungan, magkakasama sa pagsunod sa kalooban ng Panginoon, naglilingkod, nagbabahagi, mapagmahal, tapat sa mabubuting pamantayan, at inuuna ang kaharian ng Diyos.

Kailangan nating padalisayin ang ating buhay-pamilya at gawin ang ating tahanan na lugar kung saan "itinuturo at ipinapangaral" natin ang tungkol kay Jesucristo araw-araw at sinusunod Siya palagi. Ang ating tahanan, ating pamilya, ang buhay ng bawat isa ay dapat maging sentro ng pagaaral at sentro ng pagiging di-makasarili at paglilingkod. Sa mga salita ni Rufus Jones, "Ang mga banal ay hindi nilayon na magmistulang anghel at para sa pansariling kasiyahan. Nilikha sila para maging sentro ng liwanag at kapangyarihan. Ang tunay na banal ay mabuting ina, mabuting kapwa, nakatutulong sa lipunan, masayang kasama at isang pagpapala. Ang tunay na banal ay masigasig na Kristiyano na ipinapakita sa kanyang pamumuhay ang uri ng buhay na makakamtan nang lubos sa langit."[1]

Pag-isipan ang para sa akin ay malinaw at mahalagang bagay upang maunawaan ang kahulugan ng mga templo at ng pagsamba sa templo. Inihayag ng Panginoon kay

LARAWAN NG MANILA PHILIPPINES TEMPLE, *ANG BABAING TAGA SAMARIA*, NI HARRY ANDERSON

Propetang Joseph Smith noong 1836 ang panalangin na inihandog sa paglalaan ng Kirtland Temple. Ang panalangin ay nakatala sa bahagi 109 ng Doktrina at mga Tipan. Babasahin ito nang paulit-ulit ng taong may taos-pusong hangarin na maunawaan ang pangunahing kahulugan ng templo, lalo na ang nakaaantig na unang dalawampu't apat na talata. Ang talata 5 ay magandang pahayag na dapat isiping mabuti: "Sapagkat inyong alam na aming ginawa ang gawaing ito sa pamamagitan ng labis na paghihirap; at mula sa aming kahirapan kami ay nagbigay ng aming ari-arian upang magtayo ng isang bahay sa inyong pangalan, *nang ang Anak ng Tao ay magkaroon ng lugar na pagpapakitaan ng kanyang sarili sa kanyang mga tao"* (D at T 109:5; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Paano Siya nagpapakita sa Kanyang mga tao sa templo?

Sa paniniwala ko, karaniwang ito ay sa pamamagitan ng kagandahan at impluwensya ng mga alituntunin, ordenansa, at mga tipan sa templo, sa pamamagitan ng pagsamba sa templo—sa pamamagitan ng diwa ng paghahayag at iba pang mga pagpapala ng Espiritu na natatamo roon ng mga tao na ang isipan at puso ay nakaayon dito, at matiyaga at gustong matuto at tularan sa kanilang buhay ang mga halimbawa ni Cristo (tingnan sa 3 Nephi 27:21, 27).

Maaaring sapat na ang isang halimbawa para ipakita ang espirituwal na lakas na natatanggap ng mga taong masigasig sa paglilingkod sa Panginoon sa mga templo. Isang araw ay dumating ako sa templo ng mga alas-4:30 n.u., nagpapasalamat na maayos akong nakapaglakbay sa kabila ng matinding pagbagyo ng niyebe mula sa aming tahanan papunta sa templo. Sa isang tagong silid, nakita ko ang isang nakatatandang kaibigan na labis kong hinahangaan. Siya ay tahimik na nakaupo at matamang nag-iisip at nakahilig sa kanyang baston. Tulad ko, siya ay nakasuot ng puting damit na kasuotan ng mga temple worker. Masaya ko siyang binati at tinanong kung ano ang ginagawa niya roon nang gayon kaaga.

Ang sabi niya, "Alam ninyo ang ginagawa ko dito, Pangulong Hanks. Ako ay ordinance worker na narito para gampanan ang aking tungkulin."

"Alam ko iyan," sabi ko, "pero iniisip ko kung paano ka nakarating dito sa kabila ng masamang panahon. Narinig ko sa radyo na sarado ang Parley's Canyon sa lahat ng mga sasakyan, at hinarangan pa ito."

Sabi niya, "May sasakyan akong four-wheeler na kayang dumaan kahit saan."

Sabi ko, "Ako rin, kung hindi ay wala ako dito. Ilang milya lamang ang layo ng bahay ko dito."

Pagkatapos ay tinanong ko siya kung paano siya nakadaan sa mga harang na inilagay roon. Ang sagot niya ay

karaniwan sa isang rantsero at stake president na una kong nakilala bilang masigla at malakas na lalaking nakasakay sa kanyang kabayo nang minsang nakasama ko siya isang hapon bago ang mga miting ng stake conference. At ngayon literal siyang napaliit ng arthritis at katandaan, at hindi magtatagal ay magiging dahilan ng kanyang pagpanaw. Nakadarama siya ng labis na sakit kapag kumikilos siya. Ang sagot niya nang umagang iyon ay, "Pangulong Hanks, kilala ko na ang mga pulis na nakatalaga roon, marami sa kanila, mula pa noong sila ay isinilang. Alam nila na kailangang makaraan ako roon at na maghahanap ako ng ibang daan kung kinakailangan! Alam din nila ang kakayahan ko at ng aking trak, at inaalis na lang nila ang harang kung kinakailangan."

Naroon siya, puno ng pananalig at katapatan nang gayon kaaga, upang simulan ang kanyang sagradong gawain. Ang gayong tao na may gayon katinding pananampalataya at katapatan ang tinutulungan ng templo na mas tumatag sa espirituwal. ■

Mula sa mensaheng ibinigay noong Pebrero 1993 sa Brigham Young University; nakalimbag ang buong teksto sa Temples of the Ancient World, *inedit ni Donald W. Parry (1994).*

TALA

1. *Rufus Jones Speaks to Our Time* (1961), 199.

Ni Elder
Joseph W. Sitati
Ng Pitumpu

PAGGALANG SA DIYOS
SA PAMAMAGITAN NG PAGTUPAD SA ATING MGA TIPAN

Ang mga pinakadakilang pagpapala sa ating pananampalataya sa Diyos ay matatagpuan sa paggalang sa Kanya sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga tipan.

Noong 1985 nakilala namin ni Sister Sitati ang isang lalaking nagngangalang Roger Howard sa Nairobi, Kenya. Siya at ang asawa niyang si Eileen ay naglilingkod noon bilang senior missionary couple. Inanyayahan nila kaming dumalo sa isang maliit na kongregasyon na nagpupulong sa kanilang tahanan. Iyon ang una naming pagdalo sa pulong ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nadama namin ang Espiritu sa unang pulong na iyon, at mula noon ay nagsisimba na kami tuwing Linggo.

Pagkaraan ng ilang buwan, bininyagan kami ni Roger, pati na ang aming siyam-na-taong-gulang na anak. Dinagtagal, umuwi na sina Roger at Eileen pagkatapos ng kanilang misyon. Patuloy kaming nakakabalita mula sa kanila kada ilang taon.

Noong mga unang buwan ng 2010, muli naming nakita ni Sister Sitati si Roger. Halos 90 taong gulang na siya noon. Dahil matanda na at mahina na ang kalusugan, nakaasa siya nang husto sa walker niya. Nang magkaharap kami sa unang pagkakataon pagkaraan ng maraming taon, pareho naming hindi maipaliwanag ang galak sa aming puso. Napaluha kami nang husto nang magiliw kaming nagyakap. Nakadama kami ng malaking pasasalamat para sa isa't isa at para sa napakagandang kaloob na ebanghelyo. Nagkaisa kami sa pananampalataya bilang kapwa mamamayan sa kaharian ng Diyos.

Nang pakaisipin ko ang sandaling iyon, sumagi sa isipan ko ang isang talata sa banal na kasulatan: "Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos; . . .

"At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!" (D at T 18:10, 15).

Ang ilan sa pinakadakilang mga pagpapala ng Diyos ay ipinangako sa mga nagdadala ng mga kaluluwa sa Kanyang kaharian. Sinabi ng Tagapagligtas: "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo" (Juan 15:16).

Pumanaw si Roger kalaunan nang taon ding iyon. Damang-dama ko na payapa siya sa piling ng Diyos. Naimpluwensyahan niya nang husto ang aming buhay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo. Ang kanyang halimbawa ng tapat na paglilingkod sa kanyang kapwa-tao, pati na sa malaking hukbo ng mga bata pang missionary at mga senior missionary na naglilingkod sa Simbahan, ay nagpapakita ng isang paraan na maigagalang natin ang Diyos.

Ang Ating Pakikipagtipan sa Diyos

Salamat at naging miyembro tayo ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo, lahat tayo ay nagkaroon ng matibay at personal na kaugnayan sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng mga tipan. Bawat tipan ay pinagtitibay sa pamamagitan ng ordenansa, at kusa nating tinatanggap ito at nangangako tayong tutuparin ang tipan. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, nagagampanan natin ang

ating mga obligasyon sa bawat tipan kapag sumasampalataya tayo sa Kanya.

Iginagalang natin ang Ama sa Langit kapag pinalalalim natin ang ating kaugnayan sa Kanya sa paggawa at pagtupad ng lahat ng nakapagliligtas na mga tipan at ordenansa. Pinagpapala Niya ang mga tumutupad ng kanilang mga tipan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu na gumagabay at nagpapalakas sa kanila. Narito ang pinakamahahalagang pakikipagtipan natin sa Ama sa Langit.

Ang Tipan sa Binyag

Ang binyag ang ating unang pakikipagtipan sa Diyos. Karapat-dapat tayo para sa ordenansa kapag tayo ay "nagpapakumbaba ng [ating] sarili sa harapan ng Diyos, . . . [humaharap] nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, at pinatutunayan sa simbahan na [tayo] ay tunay na nagsisisi sa lahat ng [ating] kasalanan . . . at tunay na ipinakikita sa pamamagitan ng [ating] mga gawa na natanggap [natin] ang Espiritu ni Cristo tungo sa kapatawaran ng [ating] mga kasalanan" (D at T 20:37).

Kapag ipinakita natin sa ating mga kilos na tayo ay pumapayag na "taglayin sa [ating] sarili ang pangalan ni Jesucristo, na may matibay na hangaring paglingkuran siya hanggang wakas" (D at T 20:37), "magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan; . . . makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; . . . at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan" (Mosias 18:8–9), tinutupad natin ang tipan.

Bunga nito, bibigyan tayo ng Diyos ng kaloob na Espiritu Santo, upang laging sumaatin ang Espiritu Santo, na nagbibigay ng patnubay at direksyon sa lahat ng ating ginagawa, tungo sa buhay na walang hanggan (tingnan sa Mosias 18:9–10).

Nakadama ako ng malaking kagalakan at napuspos ng Espiritu matapos akong binyagan, at patuloy ko itong nararanasan lalo na kapag malapit ako sa Diyos.

Ang Sumpa at Tipan ng Priesthood

Ang kalalakihang tumutupad sa tipan ng binyag ay karapat-dapat pumasok sa sumpa at tipan ng priesthood. Tinatanggap natin ito sa pamamagitan ng ordenansa ng pagpapatong ng mga kamay. Ang tipan ng priesthood ay tipan ng paglilingkod para sa kaligtasan ng mga anak ng Diyos. Iginagalang natin ang Diyos kapag ginagampanan natin ang ating mga tungkulin (tingnan sa D at T 84:33) at "pinaglilingkuran [natin] siya nang buong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas" (D at T 4:2) at nang may "pananampalataya, pag-asa, pag-ibig sa kapwa-tao at pagmamahal, na may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos" (D at T 4:5).

Kabilang sa mga pagpapala ng Panginoon na dumarating sa matatapat na mayhawak ng priesthood ang pagpapabanal "sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng kanilang mga katawan" (D at T 84:33). Sila ay nagiging mga tagapagmana ng mga pagpapalang ibinigay kina Moises at Abraham (tingnan sa D at T 84:34). Ang mga propeta at apostol sa mga huling araw ay magagandang halimbawa ng mga taong ginagampanan nang mabuti ang kanilang tungkulin sa priesthood. Ang kanilang buhay ay patotoo na kinikilala sila ng Panginoon.

Mga Ordenansa at Tipan sa Templo

Ang kalalakihang karapat-dapat na may hawak ng mas mataas na priesthood at ang mga karapat-dapat na kababaihan ay maaaring tumanggap ng mga sagradong ordenansa at gumawa ng mga sagradong tipan sa templo. Sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan sa templo, natututo tayong unawain ang layunin ng buhay na ito at nagiging handa tayo para sa buhay na walang hanggan. Tinatanggap natin ang ordenansa at pumapasok sa tipan ng kasal na walang hanggan at ng pagbubuklod sa ating mga pamilya. Nangangako tayo na ilalaan natin ang ating buhay sa Diyos at sa gawain ng kaligtasan para sa lahat ng Kanyang mga anak. Sa matapat na pagtupad sa mga tipang ito, may karapatan tayong tumanggap ng espirituwal na patnubay at lakas na makayanan ang mga pagsubok ng mortalidad at magtamo ng kadakilaan, ang pinakadakilang pagpapalang maibibigay ng Diyos sa Kanyang mga anak (tingnan sa D at T 14:7). Ang ibig sabihin ng kadakilaan, o buhay na walang hanggan, ay ang matamo bilang pamilya ang uri ng buhay ng ating Ama sa Langit.

Ang Sakramento

Para sa mga miyembro ng Simbahan, ang karapat-dapat na pakikibahagi ng sakramento tuwing araw ng Sabbath ay mahalaga. Sa ordenansang ito, pinagtitibay natin ang ating patuloy na kahandaang taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo at panibaguhin ang ating pangako na tuparin ang lahat ng tipan na ginawa natin. Sumasamo tayo na tulungan tayo ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na magtiis hanggang wakas sa kabutihan. Kapag ginagawa natin ito, magiging marapat tayo sa lahat ng pagpapala ng lahat ng tipang ginawa natin.

Mabubuting Hangarin

Ang paglabag sa tipan ay kasalanan sa Diyos at nawawalan ng bisa ang mga ipinangakong pagpapala dahil dito (tingnan sa D at T 82:10).

ANG PINAKADAKILA SA LAHAT, NI DEL PARSON



Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, naga-gampanan natin ang ating mga obligasyon sa bawat tipan kapag sumampalataya tayo sa Kanya.

Sa I Samuel 2:12–17, 22–34, nalaman natin ang kasama-ang ginawa ng mga anak ng saserdoteng si Eli. Sinaman-tala nila ang katungkulan ng kanilang ama para labagin ang tipan ng priesthood. Isinakatuparan nila ang kanilang mahahalay na hangarin sa mga gawaing imoral kasama ang mga babaeng sumasamba at walang karapatan nilang kinuha ang mga handog na hain ng mga mamamayan ng Israel. Naghayag ang Panginoon ng matinding paghatol sa mga anak ni Eli at kay Eli mismo dahil sa kabiguan nitong pigilan sila.

Ang gayong mga makamundong hangarin ay mada-raig ng determinasyon na tuparin ang ating mga tipan sa Diyos, tulad ng ipinakita ni Jose ng Egipto nang tuksuhin siya ng isang babaeng mahalay na walang pananampalataya (tingnan sa Genesis 39:9, 12). Pinarangalan ng Diyos si Jose at tinulungan siyang madaig ang lahat ng balak na kasamaan laban sa kanya. Siya ang naging pangalawang pinakamakapangyarihang tao sa Egipto at naging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos para mapangalagaan ang mag-anak ni Israel (tingnan sa Genesis 45:7–8).

Kung nadaraig tayo ng tukso, ang hangaring ipanumbalik ang ating kaugnayan sa Ama sa Langit ang aakay sa atin na taos-pusong magsisi. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na si Jesucristo ang tutulong sa atin na maging karapat-dapat muli.

Pagsunod sa mga Propeta

Nang itatag ni Cristo ang Kanyang Simbahan, pumili Siya ng mga apostol, propeta, evangelista, pastor, at guro "sa ikatitibay ng katawan ni Cristo:

"Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo" (Mga Taga Efeso 4:12–13).

Itinuro ng ating mga buhay na propeta at apostol na "ang kaligaya-han sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pag-sisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panliba-ngan" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129).

Ang ating mga tahanan at pamilya ang nagsisilbing pundasyon sa pagkakaroon ng matatag na pakikipag-ugnayan sa Diyos batay sa mga tipan. Ang pagsunod sa mga inspiradong turo ng ating mga buhay na propeta ay tutulong sa atin na magkaroon ng matatatag na pamilya, magbibigay sa atin ng lakas na tuparin ang ating mga tipan, at titiyak sa pinakadakilang mga pagpapala ng ating pananampalataya. ■

SALAMAT AT IBINAHAGI MO SA AKIN ANG EBANGHELYO

Sa mga unang taon ng 1980s, nanirahan ang aming pamilya sa West Germany, at mga miyembro kami ng Kaiserslautern Germany Servicemen Stake. Noong panahong iyon, binigyang-diin ng mga lokal na lider ang gawaing misyonero. Sinabi nila sa amin na sa grupo ng mga kaibigan namin, naglagay ang Panginoon ng ilan sa Kanyang mga piling espiritung anak na naghahanap ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Naniwala kami ng asawa kong si Jenny na totoo iyon. Hinikayat ng aming mga lider ang bawat isa sa amin na tukuyin ang mga kaibigang sa tingin namin ay magiging interesadong makinig sa ebanghelyo. Pinaglista kami ng 10 pangalan ng mga tao at pagkatapos ay pinag-ayuno kami at pinagdasal tungkol sa inilista naming mga kaibigan at pinagdesisyon kung sino ang una naming lalapitan. Nagpasiya kaming kausapin ang dalawang lalaking kasamahan ko sa opisina. Kinausap ko muna ang isang binatang nagngangalang Chris, ngunit hindi pa siya gaanong interesado noon. Pagkatapos, nagdesisyon kami na lalapitan ko si Bruce Hamby, isang mabuti at mabait na lalaki na bata pa ang mga anak.

Gayunman, lumipas ang ilang araw at kinabahan akong kausapin siya tungkol sa ebanghelyo. Sa huli, tinawagan ako ni Jenny sa opisina at tinanong, "Nakausap mo na ba si Bruce?" Sabi ko, "Hindi pa, pero maya-maya lang." Itinanong niya kung naroon si Bruce sa opisina nang araw na iyon, at sinabi kong naroon siya. Sa puntong iyon sinabi niya, "Scott, ibaba mo ang telepono. Maghihintay ako habang kausap mo siya!"

Ibinaba ko ang telepono at kinakabahang nilapitan ko si Bruce at tinanong, "Bruce, alam mo ba na miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw?" Oo raw; at sinabi ko, "Interesado ka bang malaman ang iba pa tungkol sa Simbahan?" Sumagot siya, "Oo, gusto ko."

Sa sumunod na ilang linggo, nagpunta sa bahay namin si Bruce, ang asawa niyang si Ella, at ang anak nilang si Tanya para maghapunan at maturuan ng mga missionary. Tinuruan sila ng mga lesson, dumalo sila sa mga miting ng simbahan kasama namin, tinanggap nila ang ebanghelyo, at nabinyagan sila. Maganda at masaya ang araw na iyon. Nagpasalamat si Bruce na ibinahagi namin sa pamilya niya ang ebanghelyo. Maging si Chris, ang binata naming kaopisina, ay dumalo sa binyag at napahanga. Kalaunan, kinausap nina Bruce at Ella si Chris tungkol sa ebanghelyo. Dahil sa pakikipagkaibigan nila, naturuan ng mga missionary si Chris at sumapi rin sa Simbahan. ■

Scott Edgar, Utah, USA

"Scott, ibaba mo ang telepono," sabi ng asawa ko. "Maghihintay ako habang kausap mo si Bruce tungkol sa ebanghelyo!"



PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS

Nagulat ako nang makita ko ang isang di-gaanong aktibong sister sa bulwagan na nangangailangan ng pag-alo at tulong.

NADAMA KO NA HINDI SAPAT ANG KAKAYAHAN KO

Nang matawag akong Relief Society president, abala ako sa mga gawain ng isang ina. Lumaki ako sa Simbahan at namuhay ayon sa mga turo nito, pero alam kong hindi ako perpekto at nabahala ako tungkol sa kakayahan kong tulungan ang mga kababaihang may pangangailangan sa aming ward.

Isang araw ng Linggo sa simbahan, pinanghinaan talaga ako ng loob. Buong araw akong nilapitan at kinausap ng mga sister na may kailangan sa akin. Ang ilan sa kanila ay kailangan ng tulong, at ang ilan naman ay kailangan lang na pakinggan ko sila. Pagkatapos ay hinikayat ako ng Espiritu na huwag pumunta sa sacrament meeting nang magsimula ito, at nagulat ako nang makita ko ang isang di-gaanong aktibong sister sa bulwagan na nangangailangan ng pag-alo at tulong at hindi na mahintay na matapos ang miting.

Nang matapos ang simba, pagod na pagod ako! Umiyak ako sa kotse habang pauwi. Malinaw kong narinig sa isipan ko ang mga salitang: "Kausapin mo ang bishop!" Nadama ko na may matalinong payo ang bishop kung paano ako di-gaanong mabibigatan sa calling ko, pero ayaw ko siyang abalahin matapos ang nakakapagod na maghapon sa simbahan. Nakapagpasiya na akong huwag muna siyang tawagan nang tumunog ang telepono. Ang bishop ko iyon. May naghikayat sa kanya na tawagan ako.

Sinabi ko sa bishop na nakakapagod ang napakaraming gawaing kailangang asikasuhin nang sabay-sabay at kung gaano ako nalungkot na hindi ko matulungan ang iba pang kababaihan. Matiyaga siyang nakinig. Pinag-usapan din namin ang ilang tanong tungkol sa welfare na nabanggit sa araw na iyon, at gumaan ang pakiramdam ko.

Nang matapos ang pag-uusap namin, sinabi ko, "Akala ko po may matalinong payo kayo sa akin kung paano ako di-gaanong mabibigatan sa calling ko." Sumagot siya na sana nga ay may maipayo siyang gayon, ngunit sa kasamaang-palad ay wala raw.

Kahit hindi nasagot ang tanong ko, masaya ako nang ibaba ko na ang telepono. Pakiramdam ko'y natugunan na ng Panginoon ang kailangan kong patnubay at suporta.

Sa sumunod na mga linggo muli akong pinanghinaan ng loob, at ipinagdasal ko na maunawaan ko ang kailangan kong gawin para maging mas mabuting Relief Society president. Isang araw, habang nakikinig ako sa pangkalahatang kumperensya, natuon ang pansin ko sa ilang salitang narinig ko, at nangusap nang malakas ang Espiritu sa puso ko. Naunawaan ko na kaya ko nadama na hindi sapat ang kakayahan ko ay dahil *hindi sapat* ang kakayahan ko sa sarili ko.

Sa pamamagitan ng kanyang halimbawa, ipinakita sa akin ng bishop ko kung gaano kahalaga ang makinig sa Espiritu Santo. Ang Espiritu ang mahalaga sa mga calling natin sa Simbahan, hindi ang ating sariling mga talento o kasanayan. Sa unang pagkakataon pagkaraan ng mahabang panahon, nakadama ako ng kapayapaan at pagtiyak.

Kulang pa rin ang karanasan ko at abala pa rin ako sa aking pamilya tulad ng dati, pero hindi na ako naniniwala na dapat kong gampanan nang perpekto ang calling ko. Mabibigyan ako ng Ama sa Langit ng mga bagay na kailangan ko para maisagawa ang Kanyang kalooban at madaragdagan Niya ang ating mga pagsisikap basta't sinusunod natin ang Kanyang mga utos. ■

Hindi ibinigay ang pangalan, Stockholm, Sweden

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

PAGHAHANAP KAY LOLA

Ang isang pinanghihinayangan ko ay hindi ko kailanman nakausap ang lola ko sa ama tungkol sa kanyang buhay at naitala ang kanyang mga alaala para sa mga inapo. Pagkamatay niya ikinuwento sa akin ng tatay at mga tiyo ko kung gaano katindi ang kawalan niya ng tiwala sa sarili at itinanong pa nga niyang paminsan-minsan, "Bakit ako gugustuhing kilalanin ninuman?"

Nang mapilitang lumipat ang pamilya ko sa lumang bahay ni Lola dahil sa kahirapan, bumalik ang masasayang alaala, pati na ang panghihinayang. Isang gabi ilang araw mula nang lumipat kami, hinalungkat ko ang ilan sa mga lumang photo album, at isang kahon ng mga alaala ng lola ko, kasama ang mga lumang liham ng tiyo ko, mga lumang temple recommend, at maging ang programa sa libing ng lolo ko. Matapos makita ang mga alaalang ito, inisip ko kung may iba pa.

Naganyak akong tumingin sa itaas ng kisame at agad kong napansin ang isang sako na may lamang lumang binder na kulay asul na mukhang patapon na. Sa binder na iyon natuklasan ko ang simula ng isang kuwento ng buhay na isinulat ng lola ko 30 taon na ang nakararaan. Laking gulat ko nang malaman ko kalaunan na wala ni isa sa pamilya ko ang nakakaalam na mayroon nito. Tama ang tatay at mga tiyo ko—wala ngang tiwala sa sarili ang lola ko kaya ni hindi man lang niya sinabi kaninuman na sinimulan niyang isulat ang kuwento ng kanyang buhay!

Nang gabing iyon binasa ko ang bawat salita sa walong pahinang iyon, at nang gawin ko iyon, marami akong nalaman tungkol sa lola ko—kung ano ang naging buhay niya noong nasa high school, paano sila nagkakilala ng lolo ko, at gaano kahirap para sa kanya na isara ang sinehang pinatakbo nila ng lolo ko.

Nadama kong naroon siya habang binabasa ko ang mga pahinang iyon, na para bang sinasabi niya sa akin na huwag ko nang alalahaning tapusin ang kasaysayang binalak kong gawin. Ang mabasa ang kuwento ng buhay ng lola ko na isinulat-kamay niya mismo ay talagang walang katumbas at nakabawas sa panghihinayang na matagal ko nang nadarama. Muling tiniyak niyon ang magigiliw na awa ng Panginoon at iyon ay isang patotoo na ang family history ay hindi lamang tungkol sa pagsasaliksik tungkol sa mga ninunong hindi natin nakilala sa buhay na ito. Tungkol din ito sa pagtuklas ng iba pang mga bagay tungkol sa mga minamahal at nakasama natin sa natatanging panahon natin dito sa lupa.

Kapag sinabi ko sa iba pang miyembro ng pamilya na isulat ang kanilang kasaysayan at tinanong nila ako kung bakit gugustuhin silang kilalanin ninuman, titiyakin ko sa kanila na nararapat ikuwento ang kanilang buhay at na pasasalamatan sila ng kanilang mga inapo, tulad ng pasasalamat ko sa lola ko na nag-iwan ng kanyang napakahalagang salaysay. ■

Reuben Wadsworth, Utah, USA

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

ISANG TEMPLO SA KABILANG PANIG NG MUNDO

Noong nagdadalaga ako sumapi ako sa Simbahan nang labag sa kalooban ng pamilya ko. Noong nasa edad 20s na ako, sinimulan kong gawin ang aking family history matapos pumanaw ang aking ama. Hindi nagtagal, naging abalang asawa at ina ako ng maliliit na anak, at natigil ang paggawa ko ng family history.

Dahil wala akong kapamilya sa Simbahan, nagkaroon ako ng matinding hangaring magsaliksik ng aking family history. Gustung-gusto kong gawin ito at matagal ko nang inasam na magkaroon ng mas maraming oras para dito.

Pagsapit ko sa edad na 33, hindi inaasahang nagsimulang manghina ang katawan ko. Bagama't nakakapag-hiking ako noon kasama ang pamilya ko, ngayo'y hirap na akong maglakad sa paligid namin. Ang paglilinis ng bahay nang dalawang oras sa araw ng Sabado ay naging imposible, at masaya na ako kung makatapos akong magvacuum. Bagama't marami akong kaibigan noon, ngayo'y kaunti na lang ang mga kabarkada ko dahil hindi na nila ako makasama sa lakaran na gaya ng dati.

Sa panahong ito sinimulan kong balikan ang paggawa ng aking family history. Nagsimulang magsaliksik ang anak kong babae sa panig ng tatay niya at isang gabi lang ay tinapos niya ang gawaing natapos ko nang maraming taon. Nakumpleto ko ang ilang henerasyon ng aking mga ninuno at isinumite ko ang mga pangalan sa templo para matapos ang gawain. Noon ko pa gusto na ako mismo ang magpunta sa templo para sa aking mga kapamilya, pero hindi ito naging posible dahil mahina ang kalusugan ko at malayo rin ang templo.

Matapos isumite ang mga pangalan, napaiyak ako, na para bang binigo ko ang aking mga kapamilya dahil wala ako roon sa espesyal na araw na ginagawa ang mga ordenansa para sa kanila. Pagkaraan ng isang linggo nang mag-log in ako sa FamilySearch.org para tingnan ang progreso ng ginagawa para sa kanila sa templo, may nakita akong isang kagila-gilalas na bagay. Hindi lamang kinukumpleto ang gawain, kundi mga miyembro sa Accra Ghana Temple ang nagsasagawa ng gawain! Gulat na gulat akong malaman na mga miyembro sa kabilang panig ng mundo ang nagsasagawa ng gawain sa templo para sa aking maliit na pamilya. Muli akong napaluha nang maisip ko ang mga sakripisyo ng mga tao sa Ghana sa paglalakbay nila papunta sa templo para sa aking pamilya. Labis akong nagpapasalamat sa mga miyembrong iyon ng Accra Ghana Temple district na ginawa ang hindi ko kayang gawin: pumunta sa templo at ipagkaloob sa pamilya ko ang mga pagpapala ng mga ordenansa sa templo. ■

Robin Estabrooks, Virginia, USA

Naganyak akong tumingin sa itaas ng kisame at agad kong napansin ang isang sako na mukhang patapon na.

PAANO MAKAKAYANANG HARAPIN ANG PAG-UWI NANG MAAGA

Ni Jenny Rollins

Ang pag-uwi nang maaga mula sa misyon, kahit problema sa kalusugan ang dahilan, ay maaaring maging nakapanlulumong karanasan. Gayon ang naranasan ko. Ngunit magagawa mo itong isang hakbang pasulong, hindi paurong.

Nasa ibang bayan si Itay para sa isang business trip, kaya si Inay lang ang sumalubong sa akin nang paika-ika akong bumaba sa eroplano mula sa aking misyon. Niyakap niya ako at nag-iyakan kami.

Sumailalim ako sa maraming medical test, pero hindi makita ng mga doktor ang problema. Ang pagtatanggal ng missionary tag ko nang mas maaga nang siyam na buwan ang pinakamahirap na bagay na nagawa ko. Pakiramdam ko ay bigo ako dahil hindi ko natapos ang aking misyon.

Nakatakdang Maging Missionary

Noon pa man ay plano ko nang maging missionary. Nang umalis ang kuya ko para magmisyon, nagsuot ako ng name tag na gawa-gawa ko lang nang ihatid namin siya. Nang ipahayag ang pagbabago sa edad ng pagmimisyon noong 2012, kararaan lang ng ika-19 na kaarawan ko at alam ko na ang pahayag ay sagot sa aking mga dalangin. Sumayaw-sayaw ako sa buong silid, pinunan ko ang aking mga papeles sa araw na iyon, nagpaiskedyul ako ng medical appointment, at isinumite ang mga papeles ko sa loob ng linggong iyon.

Natanggap ko ang tawag na magmisyon sa California Anaheim Mission pagkaraan ng dalawang linggo at nagtungo ako sa missionary training center dalawang buwan pagkatapos niyon.

Nang dumating na ako ako sa misyon, punung-puno ako ng sigla na karaniwan sa isang "bagong dating" at ayaw kong maghinay-hinay. Talagang binilisan namin ng trainer ko ang pag-aaral ng ilang lesson dahil gustung-gusto na naming magturo. Para sa akin, ang pagiging full-time missionary ang pinakanatural na gawin sa mundo. Naasiwa at nahirapan ako paminsan-minsan, pero wala nang ibang mas kamangha-mangha para sa akin kaysa pagiging missionary.

Nang mga walong buwan na ako sa misyon, binigyan kaming magkompanyon ng bisikleta dahil hindi sapat ang mga kotse para sa mga missionary. Matagal na akong hindi nakapagbisikleta at hindi ako sigurado kung paano gawin iyon nang nakapalda, pero natuwa pa rin ako. Gayunman, makalipas ang ilang linggo, may sumakit sa tagiliran ko na pasumpung-sumpong. Binalewala ko ito at nagpatuloy ako sa gawain.

Dumalas at tumindi ang pananakit hanggang sa isang gabi ay kinailangan na akong dalhin ng kompanyon ko sa emergency room. Sumailalim ako sa maraming medical test pero hindi makita ng mga doktor ang pinagmumulan ng sakit.

Nang sumunod na mga linggo, ipinagdasal ko sa Ama sa Langit na mawala na ang pananakit at tumanggap ako ng ilang basbas ng priesthood, pero lalo lang itong lumala.



PAGLALARAWAN NI COLIN LIGERTWOOD

Basta't sinisikap mo sa abot ng iyong makakaya na mamuhay nang matwid, lagi itong isang hakbang pasulong.

Anumang pihit ng katawan ko ay masakit; panay ang sakit. Pero ipinasiya ko na makasanayan na lang ito at nagpatuloy ako sa gawain.

Isang araw napahandusay ako sa tabi ng kalsada, at hindi na ako makagalaw. Dinala ako sa ospital para masuri at wala na namang nakitang dahilan. Sinikap kong maghinay-hinay at maupo sa mga bangko ng bus-stop na kasama ang mga kompanyon ko at magturo sa mga taong naghihintay ng bus nila. Nakaupo ako habang nagtuturo ng mga lesson, at nagkakagat-labi tuwing sasakit ito. Kalaunan ay naabuso ko nang husto ang sarili ko at muli akong naospital. Natanto ko na baka tuluyan ko nang ipahamak ang sarili ko kung manatili ako sa misyon. Matapos ang maraming panalangin, natanggap ko ang sagot na dapat akong umuwi para malunasan ang problema ko sa kalusugan.

Isang Hakbang Pasulong

Nang matanto ko na hindi na ako makakabalik sa misyon, nanlumo ako. Pero pinilit kong patuloy na manampalataya at mag-aral ng banal na kasulatan. Maayos itong nakayanan ng pamilya ko, pero hindi sigurado ang ibang tao sa paligid ko kung paano tutugon sa sitwasyon ko. Tanong sila nang tanong sa akin, at nahirapan akong magpigil ng damdamin. Gayunman, hindi inaasahang may tumawag na isang lalaki sa akin at sinabi na umuwi nang maaga ang kanyang anak mula sa misyon matagal na panahon na ang nakararaan. Sinabi niya na ang pagsubok na ito ay kayang wasakin ang aking pananampalataya at kaligayahan at na madalas itong mangyari sa maraming missionary na umuwi nang maaga. "Ang kailangan mong tandaan," sabi niya, "ay na basta't sinisikap mo sa abot ng iyong makakaya na mamuhay nang matwid, lagi itong isang hakbang pasulong anuman ang mangyari na hindi mo kayang kontrolin."

Iyan ang naging motto ko sa buhay, at lubos ko itong pinanghawakan sa sumunod na taon. Sa loob ng walong buwan halos hindi ako makalakad, pero hinusgahan pa rin ako ng mga tao nang malaman nila na umuwi ako nang maaga. Sabi nila may mga tao raw na mas malala pa ang kundisyon ng kalusugan pero nakatapos sa misyon. Hindi nila naunawaan kung bakit hindi ako nakatapos, kahit tinitiis ko ang sakit ko. Napakasakit na marinig ito dahil minahal ko nang labis ang aking misyon, pero nanampalataya ako na may layunin ang Ama sa Langit sa pagsubok ko at magiging hakbang ito pasulong.

Nag-aral akong muli at nagsimulang makipagdeyt. Nakita ko na untiunti na akong umuunlad, pero dama ko na lagi kong maaalala ang aking misyon nang may kaunting kapaitan. Pagkatapos ay ipinaalala sa akin ng isang kaibigan na mapapagaling ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang lahat ng pasakit at kapaitan. Sa tulong Niya maaari akong lumigaya kapag inisip ko ang aking misyon.

Lumuhod ako at nagdasal sa aking Ama sa Langit. Sinabi ko sa Kanya ang lahat ng pasakit at pagsisikap kong gumaling at mapanatag. Tinanong ko kung papawiin Niya ang pait na nadama ko. Pagkatapos kong magdasal, binigyan ako ng kakayahan ng Panginoon na makita ang aking misyon sa Kanyang pananaw. Ang aking paglilingkod at pag-uwi nang maaga ay kapwa bahagi ng plano ng Panginoon na tulungan akong maging katulad ng gusto Niyang kahihinatnan ko. Nakita ko ang mga himala Niya simula nang umuwi ako. Nahirapan ako, pero ngayo'y maaari kong gunitain ang pag-uwi ko nang maaga nang may kapayapaan, batid na hangad ng Diyos ang pinakamabuti para sa akin.

Para SA MGA RETURNED MISSIONARY:

6 NA PARAAN PARA MAKAYANAN ANG PAG-UWI NANG MAAGA

Ang pag-uwi nang maaga ay mahirap, pero kung pagsisikapan ay magagawa ninyong marangal at mapakinabang na hakbang pasulong ang pag-uwi ninyo nang maaga. Ito ang mga bagay na nakatulong sa akin:

Lumapit kay Cristo. Anuman ang naging dahilan ng inyong pag-uwi, matutulungan kayo ni Cristo na lutasin ito. Ang Kanyang Pagbabayad-sala ay hindi lang para sa pagsisisi; para din ito sa kapanatagan, pag-unawa, at paggaling.

Alalahanin na maaari itong maging isang hakbang pasulong. Hangga't nabubuhay kayo nang marapat sa Espiritu at ginagawa ninyo ang lahat, ang tila mga batong katitisuran ay maaaring maging tuntungan tungo sa pag-unlad.

Ituloy ang nakagawiang pag-aaral ng banal na kasulatan. Nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na natatamo, bukod pa sa ibang paraan, sa taimtim na pag-aaral at pagsasabuhay ng mga banal na kasulatan. Maaari ninyong makita na naglaan ang Diyos ng buong mga kabanatang isinulat para lamang maghatid sa inyo ng kapanatagan.

Manatiling abala. Ang dating disiplinado at abalang pamumuhay ng missionary na nauwi sa buhay na di-gaanong abala ay maaaring maging dahilan ng pagmumukmok, pagkaawa sa sarili, at pananamlay na siyang gusto ni Satanas. Nais ng Diyos na kayo ay maging "sabik sa paggawa" ng mabubuting bagay (tingnan sa D at T 58:27) dahil iyan ang magpapaligaya sa inyo.

Humiling ng tulong sa panalangin. Naghihintay ang Ama sa Langit na biyayaan kayo ng kapanatagan at patnubay. Ang gagawin lang ninyo ay humiling. Kailangan ang tulong ng Panginoon sa pagdaig sa anumang pagsubok.

Ipalagay na may mabuting intensyon ang mga tao. Madaling humanap ng dahilan para masaktan ng mga taong maaaring talagang nagmamalasakit sa inyo pero baka hindi alam kung paano tutugon sa inyong sitwasyon. Magtuon sa mga tao na gustong magtagumpay kayo kaysa mga taong nanghuhusga.

Para SA MGA MAHAL SA BUHAY:

5 PARAAN PARA MATULUNGAN ANG MGA MISSIONARY NA UMUWI NANG MAAGA

Nang umuwi ako, nalaman ko na parang hindi alam ng mga tao kung paano ako pakikitunguhan. Narito ang ilang tip na sana'y malaman ng mga tao:

Huwag manghusga. Ang mga taong umuuwi nang maaga ay nagpapagaling o may nilulunasan, ito man ay kanilang katawan, isipan, espiritu, o maging ang pamilya. Maging mabait sa mga nagsisikap at nahihirapan.

Tumigil sa pagtatanong. Bagama't talagang kasiya-siya na nagmamalasakit ang mga tao, maaaring makasama ang masusing mga tanong. Kahit mabuti ang inyong intensyon, huwag piliting pasagutin ang isang missionary na umuwi nang maaga sa mga tanong ninyo. Ipakita ang inyong pagmamahal sa pamamagitan ng iba pang uri ng pagsuporta.

Tulungan silang manatiling abala. Mahirap mag-adjust mula sa kaayusan at aktibidad sa misyon tungo sa di-gaanong abalang panahon at mga bagong pagpapasiya sa tahanan. Tulungan silang humanap ng kapaki-pakinabang, masaya, at makabuluhang mga bagay na gagawin.

Hayaan silang tumanggap ng sarili nilang paghahayag. Ipasiya man ng mga missionary na bumalik sa misyon o hindi ay sa kanila na lamang iyon ng Ama sa Langit. Hikayatin silang humingi ng payo sa Diyos at magtiwala na tatanggap sila ng sarili nilang mga sagot.

Makipagkaibigan. Malamang, magiging isa ito sa pinakamahihirap na pagsubok sa buhay ng isang missionary na umuwi nang maaga. Marami ang maaaring mag-alinlangan sa sarili nilang pananampalataya. Hindi iyan nangangahulugan na hindi na sila maaaring lumigaya o umunlad, pero kailangan nila ng isang kaibigan na handang mahalin sila nang walang pasubali. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Pananatiling Matatag sa France

Ni Mindy Anne Selu
Mga Magasin ng Simbahan

Bilang miyembro ng Simbahan na nasa French Army, umaasa si Pierre sa pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan para maipakita ang halimbawa ng kanyang pananampalataya.

Ang training para maging piloto ng helicopter ay isang oportunidad na hindi nakakamtan ng karamihan. Ngunit nang magpasiyang umanib si Pierre O., edad 24, sa French Army, nakamtan niya iyon. Ngayon sa kanyang ikalawang taon ng apat-na-taong training, ginagawa ni Pierre ang lahat para mamuhay bilang halimbawa ng mga nagsisisampalataya, sa kabila ng sitwasyon sa kanyang paligid.

Nakadestino sa labas ng Bordeaux, sa timog-kanlurang France, na isang oras at kalahati ang layo, malayo si Pierre sa kanyang mga kaibigan, pamilya, at sa bayan ng Rennes kung saan siya ipinanganak. Ang pinakamalapit na meetinghouse ay isang oras ang layo, ibig sabihin ay hindi niya gaanong nakakasalamuha ang mga miyembro sa buong linggo. "Hindi madaling maging miyembro ng Simbahan kapag nasa army," sabi ni Pierre, "dahil napakaraming tukso at talagang magkaiba ang dalawang mundong ito. Huhusgahan kang masyado sa army hindi batay sa ginagawa mo kundi sa kung sino ka." Nais ni Pierre na makita ng mga nakapaligid sa kanya na hindi siya umiinom ng alak, naninigarilyo, nanonood ng pornograpiya, o nakikipag-party—na karaniwang ginagawa sa army—dahil sa kung sino siya: isang miyembro ng Simbahan. Bagama't nahihirapan siyang makuha ang respeto ng mga nakapaligid sa kanya, nakakatulong ang pagdarasal at pag-aaral ng banal na kasulatan para manatiling matatag ang kanyang patotoo. "Sinisikap kong huwag matulog nang hindi muna nagbabasa ng aking mga banal na kasulatan," paliwanag niya, "at sinisikap kong magdasal tuwing may pagkakataon ako."

"Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdarasal ay nakatulong nang malaki sa akin habang nag-aaral ako na malaman na mayroong Diyos, na nariyan Siya—kahit hindi ko talaga nauunawaan ang iba pang bagay tungkol sa ebanghelyo," paliwanag ni Pierre. "Alam ko lang na naroon ang Diyos, kaya nakatulong ito sa akin na manatili sa tamang landas."

Ang pundasyong iyon ng pag-aaral ng banal na kasulatan ay nagpalakas kay Pierre sa buong panahon ng kanyang pag-aaral at kahit ngayon sa kanyang army training. Bago umanib sa army, nagmisyon si Pierre sa Montreal, Quebec, Canada, kung saan tumatag ang kanyang patotoo at pag-unawa sa ebanghelyo.

"Ang mga banal na kasulatan ay isa sa mga pinakatiyak na paraan na sinasagot tayo ng Ama sa Langit," wika niya.

Sa pamamagitan ng kanyang araw-araw na pagdarasal at pag-aaral ng banal na kasulatan, hindi lamang tumatanggap ng inspirasyon si Pierre kundi nagiging halimbawa pa siya sa kanyang army unit. Magkakaiba man sila ng mga kaklase niya sa maraming bagay maliban sa pagmamahal sa bayan, alam ni Pierre na sa pagsunod sa mga turo ng mga banal na kasulatan, magiging isang tao siya na rerespetuhin nila dahil sa at hindi sa kabila ng kanyang mga paniniwala. ■

IBA PANG IMPORMASYON TUNGKOL KAY PIERRE

Ano ang mga paborito mong kainin?

Gusto ko ang Breton galette (isang pagkain sa almusal na parang waffle mula sa kanlurang France). Gusto ko rin ang tinapay, keso, sausage, at pâté.

Ano ang ginagawa mo sa libreng oras mo?

Gusto kong mamasyal kasama ang mga kaibigan ko. Kung minsan lumalabas lang kami para kumain at magusap-usap. Gusto kong mamili kasama ang asawa ko o manood ng sine. Gusto ko ring magbasa at maglaro ng isports. Gustong-gusto kong tumakbo at lumangoy.

Paano makipagdeyt sa France?

Kumplikadong makipagdeyt sa isang babae bilang magkaibigan lamang, maliban kung alam ng babae kung paano makipagdeyt ang mga taga-Estados Unidos: magkasamang lumalabas para makilala ang isa't isa at maging magkaibigan lang. Sinisikap ng mga pinuno ng Simbahan na magkaroon ng maraming aktibidad para sa mga single adult para makasalamuha namin ang mga tao at makapagdeyt kami nang grupu-grupo—ganyan kami nagkakilala ng asawa ko.

ANG SIMBAHAN SA FRANCE

37,812 Banal sa mga Huling Araw
107 ward at branch
67 family history center
2 mission
1 templo (itinatayo pa)

FRANCE: AYON SA BILANG

66 na milyong katao (kalkulasyon noong 2015)
40,000 châteaux (medieval na mga kastilyo, asyenda, palasyo)
80 milyong turista ang bumibisita sa France taun-taon—ang bansang may pinakamaraming bumibisita sa buong mundo

Ni Elder Ronald A. Rasband
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

PAANO MAKAKAMTAN ANG MGA PAGPAPALA NG TEMPLO

Ang mga templo ay bahay ng Panginoon, kung saan ang mga turo ng ating Tagapagligtas ay pinagtitibay sa pamamagitan ng mga sagradong ordenansang tulad ng binyag para sa mga patay at pag-aasawa, na pinag-iisa ang mga pamilya hanggang sa buong kawalang-hanggan.

Iminumungkahi ko na ugaliin ninyong sumamba sa templo—bilang mga indibiduwal at bilang mga pamilya—kapag pinag-isipan ninyo kung ano ang inyong pagtutuunan at bibigyan ng pansin, sa pagtatakda ng matitibay na huwaran sa inyong buhay. Alam ko na marami na sa inyo ang gumagawa nito, at dahil diyan lubos kaming nagpapasalamat sa inyo.

Nagpalabas ng paanyaya ang Unang Panguluhan sa lahat ng miyembro ng Simbahan, na talagang angkop sa inyo at sa akin: "Kung ipahihintulot ng panahon at mga pangyayari, hinihikayat ang mga miyembro na palitan ang ilang gawaing pang-libangan ng paglilingkod sa templo."

Nawa'y atin ding isipin ang mga ipinangakong pagpapala ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag habang tapat tayong dumadalo sa templo. Ipinangako ni Pangulong Thomas S. Monson: "Magpunta sa templo at idulog ang inyong mga pasanin sa Panginoon at kayo ay mapupuspos ng panibagong sigla at pananalig sa hinaharap. Magtiwala sa Panginoon, at kapag ginawa ninyo ito susuportahan Niya kayo at pangangalagaan at aakayin sa bawat hakbang sa landas patungo sa kahariang selestiyal ng Diyos."[1]

Ang isa pang nakapapanatag na pagpapala ng pagsamba sa templo ay ang katiyakang mabigyan ng proteksyon at kapayapaan mula sa mga paghihirap sa paligid sa ating panahon. Ang ilan sa pinakaligtas na mga lugar na naitayo ng Ama sa Langit para sa pagtitipon ng Kanyang mga tao ay nasa mga templo ng Panginoon.

Mababasa sa labas ng pader ng bawat templo ang pahayag na: "Kabanalan sa Panginoon / Ang Bahay ng Panginoon." Pinatototohanan ko na lahat ng templo ng Panginoon ay Kanyang mga santuwaryo dito sa lupa. Inaanyayahan ko kayong lahat na dumalo nang mas madalas, kung tutulutan ng inyong sitwasyon, at kamtin ang inyong mga pagpapala at proteksyon na ipinangako sa inyo ng mga propeta ng Diyos. ■

LARAWAN NG SILID-SELESTIYAL SA GILBERT ARIZONA TEMPLE

PAANO MO ITO NASUNOD?

Ang isang bagay na nagpatibay sa aking isipan na ang templo ay bahay ng Panginoon ay ang kapayapaang nadarama ko tuwing pupunta ako sa templo. Dahil ang pamilya ko ay nasa militar, nabisita ko na ang ilang templo sa iba't ibang panig ng mundo at gayon din ang naging damdamin ko—ng kapayapaan, kapanatagan, at Espiritu. Ang kapayapaan ng templo ay nakatulong sa akin na mas lubos na maunawaan ang papel ko sa buhay na ito at kung paano ko pa mapagbubuti ang sarili ko. Naragdagan din nito ang kakayahan kong harapin ang mga problema sa araw-araw.

Genesee B., Utah, USA

Mula sa isang mensahe sa debosyonal sa Brigham Young University noong Pebrero 10, 2009. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.

TALA

1. Thomas S. Monson, sinipi sa Dell Van Orden, "San Diego Temple: 45th House of the Lord Dedicated in 'Season for Temple Building,'" *Church News,* Mayo 8, 1993, 12.

TUWIRANG SAGOT

Bakit ipinadarama sa atin ng Diyos na umibig nang mas maaga kaysa maghintay na makapag-asawa sa tamang panahon?

Hindi naman masamang maakit, siyempre pa, at kalaunan ay magsakatuparan ng isang banal na layunin sa pag-aasawa. Pero bakit natin kailangang madama ito nang maraming taon bago natin ito maipahayag nang angkop?

Mangyari pa, ang buhay na ito ay isang pagsubok sa pagsunod, at ang batas ng kalinisang-puri ay isa sa pinakamahahalagang batas na susundin. Ang pagsubok ay tumitindi sa pagbibinata o pagdadalaga, na idinidikta sa atin ng mga hormone (at mapagkunsinting kultura) na "Sige, sige, sige," ngunit sinasabi naman sa atin ng Liwanag ni Cristo at ang Espiritu Santo (gayundin ang mga banal na kasulatan, propeta, magulang, at lider) na, "Teka, teka, teka." Kapag sinunod natin ang huling mensahe, pinatutunayan natin ang ating pagkamarapat at nagpapakita tayo ng kahustuhan ng pag-iisip at disiplinang moral, "ang palagiang paggamit ng kalayaang piliin ang tama dahil ito ay tama, kahit mahirap pa ito" (D. Todd Christofferson, "Disiplinang Moral," *Liahona,* Nob. 2009, 105).

Tulad sa maraming pagsubok sa buhay, tinutulutan tayo ng isang ito na patunayan na karapat-dapat tayo sa mas malalaking pagpapalang darating—kabilang na ang pagbubuklod sa templo para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. ■

Bakit walang mga himalang nangyayari ngayon na katulad noong panahon ni Cristo?

Ang mga himala ng Tagapagligtas ay "mga banal na gawa" at "bahagi ng banal na pagtuturo" (Bible Dictionary, "Miracles"). Ang pagpapagaling at iba pang mga himala ay nangyayari pa rin sa Simbahan ngayon, bagama't ang mga iyon ay hindi laging kagila-gilalas at hindi laging binabanggit sa publiko dahil sagrado ang mga ito sa mga taong nakakaranas nito. Maaari kayong humanap ng mga himala sa inyong buhay o sa buhay ng inyong mga kapamilya o ninuno. Bagama't maaari tayong maghangad ng himala, dapat nating tandaan na sumasagot ang Ama sa Langit sa Kanyang takdang panahon at sa Kanyang sariling paraan.

Ang mga himala ay mga bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo. Tanda ito na may pananampalataya sa mundo (tingnan sa Eter 12:12), at ang mga ito ay kaloob ng Espiritu (tingnan sa D at T 46:21). ■

Pamimilit ng Barkada at Pisto

Nasa party na ako kasama ang lahat ng kaibigan ko, pero lahat sila ay nag-iinuman.

MAHALAGA ANG MABUBUTING KAIBIGAN

"Makisalamuha sa mga tao na nagpaplano, katulad ninyo, para sa mga bagay na pinakamahalaga—maging sa mga walang-hanggang mithiin."

Pangulong Thomas S. Monson, "Decisions Determine Destiny" (Brigham Young University devotional, Nob. 6, 2005), 4, speeches.byu.edu.

Ni Kiara Blanco

Noong 12 anyos ako, niyaya ako ng ilan sa mga babae sa bagong paaralan ko sa isang birthday party. Ito ang unang pagkakataon na naimbitahan ako sa isang party na kasama ang mga kaibigan kong ito. Nang itanong ko sa mga magulang ko kung puwede akong sumama, hindi sila pumayag dahil gabing-gabi nang nagsimula ang party.

Hindi nagtagal, may nag-imbita ulit sa akin. Muli akong nagpaalam sa mga magulang ko, pero hindi na naman sila pumayag, at nagalit ako. Hindi ba ako puwedeng magsaya?

Pagkatapos ay nagplanong magpa-party ang isa sa pinakamatatalik kong kaibigan. Isa ako sa mga unang inimbitahan niya. Nagsimula ang party nang mas maaga kaysa iba. Pribadong party iyon at gaganapin malapit sa bahay namin. Nagpaalam ako sa mga magulang ko, at pumayag sila! Tuwang-tuwa ako.

Sumapit ang araw. Nang ihatid ako ng mga magulang ko, sinabi nila na susunduin nila ako nang alas-10:00 n.g. Pagdating ko sa party, naroon na ang mga kaibigan ko. Pagkaraan ng dalawampung minuto, hindi ko pa nakikita ang may kaarawan.

Maya-maya pa, lumapit sa amin ang isang binata at nagtanong, "Nagdala ba kayo ng pera para sa *pisto*?" Sumenyas siya para ipaalam sa akin na ang "pisto" ay serbesa. Nagbigay ang mga kaibigan ko ng hinihinging pera. Wala akong dalang pera, kaya nagpasiya akong makihalubilo sa iba pang mga babae habang nagbabayad sa lalaki ang mga kaibigan ko.

Sa wakas, dumating ang may kaarawan—na huli nang isang oras. Binati ko siya, at habang nag-uusap kami, dumating ang isang malaking trak. Limang lalaki ang bumaba at nagdiskarga ng dalawang kahon ng serbesa. Nagkulumpunan doon ang lahat at nagsimulang mamigay ng serbesa. Nagpuntahan doon ang mga kaibigan ko, at naiwan akong mag-isa, na pinanonood ang mga kabataang iyon na nag-aagawang makainom ng serbesa.

Lumapit sa akin ang mga kaibigan ko at inalok ako. "Hindi na, salamat," sabi ko sa kanila. Nagpilit silang muli. Tumanggi akong muli. Nagsimulang bumilis ang pintig ng puso ko, at kakaiba ang nadama ko, na para bang nasa isang nakakatakot na pelikula ako kung saan ako ang bida at nakulong ako sa gitna ng kawalan. Pagkatapos ay narinig ko ang busina ng isang kotse—mga magulang ko iyon! Mabilis akong nagpaalam at tumakbo papunta sa kotse.

Sumakay ako, na humihingal. Inisip ko kung gaano katindi ang panganib sa lugar na pinanggalingan ko. Tinanong ako ni inay kung ayos lang ako. "Opo," sagot ko, "pero nabigla po ako sa nangyari."

"Ano ang nakabigla sa iyo?" tanong ng tatay ko.

"Lahat po ng kaibigan ko ay nag-iinuman, at naroon ako, sindak, nag-hihintay na may mabuting mangyari. Ipinagdasal ko na dumating na kayo, at ngayo'y narito na ako." Tiningnan ko ang orasan ng kotse; wala pang alas-10:00.

Sabi ng nanay ko, "Ganyan ang mga party sa mundo. Kaya ayaw ka naming payagang dumalo sa mga naunang party."

Nang magdasal ako nang gabing iyon, pinasalamatan ko ang aking Ama sa Langit sa maagang pagdating ng mga magulang ko.

Tayong mga miyembro ng Simbahan ay nasa mundo, pero hindi tayo katulad ng mga tao sa mundo. Natutuhan ko na kung patuloy akong dumalo sa gayong mga party, baka nalabag ko na ang Word of Wisdom at maging ang batas ng kalinisang-puri. Nangyari ito sa marami sa mga kakilala ko, na karamihan ay hindi miyembro ng Simbahan, pero kahit mga miyembro ng Simbahan mismo ay maaari ding matukso kung hindi sila mananatiling matatag.

Masaya ako sa desisyong ginagawa ko na huwag uminom. Akala ko pagtatawanan ako pagkatapos niyon, pero mas nirespeto pa ako ng mga kaibigan ko dahil alam nila ang mga pamantayan ko. Mula noon, hindi na ako takot humindi sa mga bagay na alam kong makakasama sa akin. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Saltillo, Mexico.

PAGLALARAWAN NI CRAIG PHILLIPS

SIYENSYA *AT ANG PAGHAHANAP NATIN SA* KATOTOHANAN



Walang dapat ikabahala kung tila salungat ang pagkaunawa ninyo sa ebanghelyo sa natutuhan ninyo sa siyensya.

Ni Alicia K. Stanton

Mawawari ba ninyo na nagpunta kayo sa dermatologist dahil sa malalang kaso ng acne at sinabihan kayo na kailangan kayong kunan ng dugo para gumaling? Maaaring kakatwa ito sa inyo, pero hindi ito mahirap paniwalaan ilang siglo na ang nakararaan. Noon, ang pagkuha ng maraming dugo ay itinuring na karaniwang pamamaraan ng panggagamot sa halos anumang sakit, kabilang na ang impatso, pagkabaliw, at maging ang acne. Walang nagduda rito. Bakit naman sila magdududa? Tutal, libu-libong taon nang ginagawa sa maraming iba't ibang kultura ang pagpapakuha ng dugo.

Pinagdudahan lang ang pamamaraang ito nang baguhin ng mga doktor ang pamamaraan ng panggagamot ayon sa pananaw ng mga siyentipiko. Nang sa huli ay masuri nang mas mabuti ang pagpapakuha ng dugo, hindi na ito ginamit ng mga doktor sa lahat ng sakit maliban sa ilang partikular na karamdaman.[1]

Sa halimbawang ito sa kasaysayan, nakikita natin na hindi komo tanggap na ng lahat ang isang paniniwala o matagal na itong umiiral ay totoo na ito. At nakikita natin na ang siyensya ay maaaring maging magandang kasangkapan sa pagtuklas kung ano talaga ang totoo.

Para sa mga Banal sa mga Huling Araw, malaking bagay iyan. Kapag alam natin ang katotohanan, hindi lang tayo nagkakaroon ng mas magandang batayan sa paggawa ng praktikal na mga desisyon ("Hindi ako magpapakuha ng dugo ngayon, salamat!"), kundi nadaragdagan din nito ang ating pag-unawa sa ebanghelyo. Tulad ng itinuro ni Pangulong Brigham Young (1801–77), "Walang katotohanan na hindi nakapaloob sa Ebanghelyo. . . . Kung makatatagpo kayo ng katotohanan sa langit [o] lupa, . . . ito ay pag-aari ng aming doktrina."[2]

Bakit Kumpara sa Paano

Mangyari pa, kapag pinag-uusapan natin kung paano nag-aambag ang siyensya sa mga katotohanang alam natin, kailangan nating tiyakin na nauunawaan natin ang uri ng katotohanang kayang tuklasin ng siyensya—at anong uri ang hindi. Ang isang paraan ng pagtingin dito ay itanong kung anong uri ng mga tanong ang kaya at hindi kayang sagutin ng siyensya.

Ganito ang paliwanag dito ni Sister Ellen Mangrum, na nag-aral ng chemical engineering sa Rensselaer Polytechnic Institute sa New York, USA: "Ipinaliliwanag ng siyensya ang paano. Subalit hindi nito maipaliwanag ang bakit." Idinagdag pa niya na relihiyon ang nagpapaliwanag sa bakit, tulad ng bakit nilikha ang daigdig at bakit tayo narito.

Naniniwala rin ang bantog na physicist na si Albert Einstein na ang relihiyon at siyensya ay magkaiba ang mga layunin na tumutulong sa isa't isa.

"Malilinaw lang ng siyensya kung ano ang isang bagay, ngunit hindi kung ano ang nararapat dito," pagsulat niya. "Sa labas ng sakop [ng siyensya], kailangan pa ring gumawa ng lahat ng uri ng paghatol batay sa mga pinahahalagahang moral na hindi sakop ng siyensya."[3]

Ano ang kahulugan niyan sa mga Banal sa Huling Araw? Una, alam natin na patuloy na magbabago ang pagunawa ng siyensya. Tutal, ang siyensya ay tungkol sa pagsisikap na makahanap ng mas magagandang paraan para maunawaan ang "mga paano" ng mundo sa ating paligid. Nababatid ito, hindi natin kailangang asahan ang pinakahuling pag-aaral para maunawaan ang "mga bakit" o "mga dapat" sa buhay. Makakaasa tayo sa di-nagbabagong ebanghelyo ni Jesucristo para makapagdesisyon tayo sa pagitan ng tama at mali.

MGA PAGLALARAWAN © ISTOCK/THINKSTOCK

Magkatugma ang Dalawa

Tinalakay ni Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at isang kilalang heart surgeon, kung paano nagkakatugma ang relihiyon at siyensya.

"Walang pagtatalunan ang siyensya at relihiyon," sabi niya. "Nagkakaroon lamang ng pagtatalo kapag hindi sapat ang kaalaman tungkol sa siyensya o sa relihiyon, o sa dalawang ito. . . . Nagmula man ang katotohanan sa laboratoryo ng siyensya o sa paghahayag mula sa Panginoon, magkatugma ito."[4]

Kaya kung nagkaroon man kayo ng mga tanong kung paano tumutugma sa ebangheyo ang edad ng mundo o mga dinosaur o evolution o anupamang ibang bagay na natutuhan ninyo sa isang klase sa siyensya, maganda iyan! Talagang magkatugma ang dalawa, ngunit napakarami pa ring tanong dahil napakarami pa rin nating nalalaman. Sinabi ni Brother Brian Down, isang pharmaceutical scientist sa Quebec, Canada, na inaasam niya ang panahon na lahat ng bagay ay ihahayag sa atin (tingnan sa D at T 101:32–34).

Samantala, "limitado ang kakayahan nating unawain ang lahat ng hiwaga ng mundo sa ating paligid sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng siyensya," wika niya. "Gayundin, limitado ang pang-unawa natin sa mga hiwaga ng Diyos at sa Kanyang dakilang plano para sa Kanyang mga anak."

Walang dapat ikabahala, kung gayon, kung tila salungat ang pagkaunawa ninyo sa ebanghelyo sa natutuhan ninyo sa siyensya. Ang totoo, walang inihahayag ang siyensya na maaaring pasinungalingan ang inyong pananampalataya.

Kaya kung gusto ninyo ang siyensya, alamin ang lahat ng kaya ninyo tungkol sa mga bagay na interesado kayong malaman! Maaari pa ngang makatulong sa inyo ang inyong pananampalataya. Sinabi ni Brother Richard Gardner, isang associate professor ng biology sa Southern Virginia University, na ang kanyang pananampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo ay naging malaking tulong sa kanya.

"Kung minsan kapag humirap ang pagsasaliksik, at tila walang nangyayari—karaniwa'y ganyan ang pagsasaliksik—nakatulong sa akin ang pagkakaroon ng pananaw sa mga pagpapala ng ebanghelyo para malagpasan ang mga ito," wika niya.

Nadarama rin ni Brother Down na nakatulong sa kanya ang kanyang pananampalataya sa kanyang gawain sa siyensya.

"Lagi akong nagtatrabaho na nananampalataya na may kabuluhan at kaayusan ang lahat ng bagay at na kung magsasaliksik ako tungkol sa isang katanungan nang matagal at masidhi, kalaunan ay ihahayag ng Ama sa Langit ang sagot sa aking isipan," wika niya.

Kagalakan sa Tuklas ng Siyensya

Ang pananampalataya natin kay Cristo at sa Kanyang ebanghelyo ay matutulungan din tayong manatiling mapagpakumbaba at bukas ang isipan sa katotohanang hinahanap natin, tuklas man ito ng siyensya o isang espirituwal na bagay.

"Napakarami pa nating hindi alam sa siyensya, at napakarami pa tungkol sa Diyos na hindi pa Niya inihahayag," sabi ni Propesor Gardner. "Kaya mahalagang manatiling bukas ang isipan sa mas marami pang impormasyong dumarating sa atin, at hindi muna mag-alala sa ngayon."

Halimbawa, naniniwala ang ilang tao sa Diyos dahil lamang sa wala silang nakikitang ibang paliwanag sa mga naoobserbahan nila sa mundo. Ito ay tinatawag na paniniwala sa isang "Diyos na sagot sa mga tanong na hindi masagot ng siyensya," at pakakabahin nito ang mga tao tungkol sa mga tuklas ng siyensya. Nagbigay ng halimbawa si Propesor Gardner:

"Naniniwala sa Diyos ang ilang tao dahil kulang ang impormasyon tungkol sa buhay noong unang panahon (ibig sabihin, para sa kanila, hindi maipaliwanag ng evolution kung paano tayo napunta rito). Ngunit ano ang mangyayari sa ating pananampalataya kapag nasagot nito ang mga tanong na ito ng mga bagong tuklas ng siyensya? Bagkus, kailangan tayong magkaroon ng positibong katibayan tungkol sa Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, nang sa gayon ay magalak tayo sa anumang tuklas ng siyensya sa halip na mabahala tungkol dito."

Kapag nag-isip tayo sa ganitong paraan, maaalala natin na matutulungan tayo kapwa ng siyensya at ng relihiyon sa paghahanap sa katotohanan, at na, sa huli, lahat ng katotohanang iyan ay iisa ang pinagmulan: ang Diyos.

"Maihahayag ng Diyos ang anumang gusto Niya, pati na ang lahat ng impormasyon sa siyensya," sabi ni Propesor Gardner. "At talagang nabigyang-inspirasyon Niya ang mga siyentipiko, imbentor. at inhinyero—ngunit hindi

lang Niya ibinibigay nang basta-basta ang lahat ng sagot. Nais Niyang gamitin nila, at natin, ang ating utak, kaya hinahayaan Niyang pag-aralan natin ang siyensya, at sa halip ang Kanyang mga paghahayag sa Simbahan ay tungkol sa kung paano itatag ang Simbahan, at higit sa lahat kung paano tayo maaaring lumapit kay Cristo at maligtas.

"Ang mga personal na paghahayag Niya sa atin ay maaaring tungkol sa anumang paksa, ngunit higit sa lahat ay para ipaalam sa atin na Siya ay buhay at mahal niya tayo, na binigyang-bisa ni Cristo ang plano ng kaligtasan, na mayroon tayong buhay na propeta ngayon, na maaari nating sundin ang plano ng Diyos, at na lubos na kapakipakinabang na gawin ito." ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TALA

1. Tingnan, halimbawa, sa K. Codell Carter at Barbara R. Carter, *Childbed Fever: A Scientific Biography of Ignaz Semmelweis* (1994).
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 19.
3. Albert Einstein, sa "Science and Religion," sa Ken Wilber, *Quantum Questions: Mystical Writings of the World's Greatest Physicists* 1984).
4. Russell M. Nelson, sa Marianne Holman Prescott, Church Leaders Gather at BYU's Life Sciences Building for Dedication," *Church News,* Abr. 17, 2015, LDS.org.

Q&A WITH DR. RICHARD GARDNER

Molecular at Cell Biologist

Paano ka nagkainteres sa siyensya?

Ang aking ama, na isang botanist, ang dahilan kaya ako nagkainteres sa siyensya. Habang lumalaki, madalas kong laruin ang kanyang mga microscope at iba pang kagamitan sa laboratoryo at naririnig ko siyang magsalita tungkol sa mga halaman at fungi. At binigyan ako ng kanyang amang geneticist ng ilang maliliit na insektong pag-aaralan noong mga siyam na taong gulang ako. Kinuha ko ang lahat ng klase sa siyensya na kaya ko sa hayskul at tuwang-tuwa ako nang atasan akong mangolekta ng mga insekto. Ipinasiya ko noong batang-bata pa ako na makakuha ng PhD sa science dahil gusto kong malaman kung paano gumagana ang mga bagay-bagay at gustung-gusto kong matuto.

Paano lumakas ang pananampalataya mo sa pag-aaral mo ng siyensya?

Kapag mas marami akong natutuhan tungkol sa pagkakumplikado ng loob ng isang selula, mas namamangha ako. May dalawa akong malalaking poster na inilalarawan sa maliliit na titik ang karamihan sa mga chemical reaction sa isang karaniwang selula; lahat ng reaction na ito ay kontroladong maigi. Minsan ipinakita ko ito sa priesthood class na tinuturuan ko. Ipinaalala ko sa kanila ang estatwa ng Christus sa Temple Square at sa iba pang mga LDS visitors' center. Sa likod ng estatwa ay may painting ng sansinukob, at ang pahiwatig ay, "Narito ang Lumikha ng lahat ng ito!" Ngunit iminungkahi ko, ilagay natin ang mga poster na ito sa likod ng estatwa. Hindi iyon kasingganda ng painting ng sansinukob, ngunit nilikha rin Niya ang cell chemistry na ito at nauunawaan ang lahat ng detalye nito!

Paano ka natulungan ng pananampalataya mo sa pag-aaral mo ng siyensya?

Kapag nagsasaliksik ako at ngayong kadalasa'y nagtututuro ako ng siyensya, mahalaga sa akin ang pananampalataya dahil hindi ko makikita ang kabuuan ng kaalaman kung wala ito. Ang malaman kung paano gumagana ang mga selula ngunit hindi malaman kung bakit ang mga ito o tayo ay narito sa lupa ay hindi makasisiya sa akin.

Elder Hugo E. Martinez
Ng Pitumpu

MAGHANDA—AT KUMILOS

Ang paghahanda ng inyong sarili at paggawa ng gawain ng Panginoon ay magpapabago sa inyong buhay.

Anim na taon akong naging guro sa seminary. Tuwing alas-6 ng umaga kami nagkaklase sa bahay ko sa Puerto Rico. Matrabahong maghanda ng mga aralin araw-araw, mula Lunes hanggang Biyernes. Pero masaya ako rito, at nakatulong ito sa akin na lalo pang mahalin ang mga kabataan ng Simbahan.

DUMALO NANG MAY HANGARING MATUTO.

Napansin ko na malaking bahagi ng natututuhan ng mga estudyante sa seminary ang nakasalalay sa kanilang paghahanda. Kaya kung gusto ninyong maraming matutuhan sa isang lesson sa seminary, inaanyayahan ko kayong pag-aralan ang aralin bago pumasok sa klase at talagang magnilay-nilay. Pumasok sa klase nang may matinding hangaring tumanggap ng kaalaman. Pumasok na tulad sa isang bata, na laging gustong matuto. Maghanda para makabahagi sa klase upang maturuan ninyo ang isa't isa. At pumasok nang may nakahandang mga tanong. Baka masagot ng isa pang kabataan, isang binasang talata sa banal na kasulatan, o siguro'y ng isang komento ng inyong guro ang mga tanong ninyo.

Ang pinakamagandang turo sa anumang klase o miting sa Simbahan ay dumarating kapag nakapaghanda at tumanggap kayo ng mga espirituwal na pahiwatig sa inyong isipan. Isulat ang mga ito, at saka kayo kumilos ayon dito. Maghanap ng iba pang mga talata sa banal na kasulatan o mensahe sa pangkalahatang kumperensya o artikulo mula sa mga magasin ng Simbahan tungkol sa mga ideyang iyon. Pagnilayan ang mga ito sa inyong puso't isipan at maging handang maglingkod, dahil kapag nasa isip ninyo ang mga katotohanang ito, gagamitin kayo ng Panginoon para tulungan ang iba.

Kalaunan, nang maglingkod ako bilang mission president kasama ang asawa ko, natanto ko na ang seminary ay napakagandang paghahanda sa paglilingkod bilang missionary. Sa paglipas ng mga taon, nakita ko na pinagpapala ng kagila-gilalas na kapangyarihan ng ebanghelyo ang matatapat na estudyante ng seminary.

MAGHANDA UPANG MAKABAHAGI.

Ipinamuhay nila ang mga itinuro sa seminary sa malalaking hamon sa kanilang buhay at nalagpasan nila ang mga ito, at bumalik pa sa Simbahan matapos maging di-gaanong aktibo.

Napakahalaga ninyo sa Panginoon. Totoo iyan. Ang gawain ng mga kabataan ay ang maghandang makibahagi sa gawaing misyonero at pagkatapos ay gumawa ng gawaing misyonero. Ngayon, kailangan ninyong maunawaan na kapag patuloy kayong gumawa ng gawaing misyonero, at patuloy kayong naghanda, ito ang hihikayat at gagabay sa higit ninyong pag-unlad bilang missionary ng Panginoon. Hindi ninyo kailangan ng missionary name tag para gumawa ng gawaing misyonero, dahil taglay ninyo ang pangalan ni Jesucristo na nakasulat sa inyong puso dahil sa inyong mga tipan.

KAYA NINYONG GAWIN ANG GAWAING ITO.

Totoo rin iyan sa gawain sa templo at family history. Halimbawa, sa Caribbean Area, kung saan ako naglilingkod, ang mga stake na gumagamit ng mga kabataan bilang mga family history consultant ay may mas mataas na porsiyento ng mga miyembrong nakahanap ng mga pangalan para sa gawain sa templo at gumagawa ng mga gawain sa templo. May 20 kabataan sa isang stake na tinawag na maging mga family history consultant sa loob ng isang taon bago sila

tumuntong sa edad ng pagmimisyon. Kapag binibisita nila ang mga miyembro sa bahay nila upang ipakita kung paano gumawa ng family history, kinakausap nila ang mga taong nakakasalubong nila at nagkukuwento sila tungkol sa family history at sa templo. Iyan ang gawaing misyonero!

PAGPAPALAIN AT BABAGUHIN NITO ANG INYONG BUHAY.

Sana kapag nasa misyon na sila, nadama na nila ang Espiritu sa matinding paraan—sana sa bahay nila, at kung hindi roon, siguradong sa paggawa nila ng gawaing misyonero, family history, at gawain sa templo. Pagkatapos, kapag pumasok sila sa missionary training center, sana walang sinuman sa kanila ang magsabi sa akin ng, "Nadama ko na nang mas matindi ang Espiritu rito kaysa rati." Dapat ay nadama na nila ang Kanyang impluwensya bago pa man iyon.

Mahal kayo ng Panginoon. Nais Niya na kayo ang gumawa ng gawain sa family history, sa templo, at sa gawaing misyonero. Kayo ay may mga kasanayan at kaalaman. Kapag naghanda kayong mabuti, magagawa ninyo ang gawaing ito. Pagpapalain at babaguhin nito ang inyong buhay. ■

PAG-ALAALA SA TAGAPAGLIGTAS

By Eric B. Murdock
Mga Magasin ng Simbahan

Sa ating pagsisimba linggu-linggo, mapalad tayong magkaroon ng pagkakataong makibahagi ng sakramento. Sa katunayan, ito ang isa sa mga pangunahing dahilan ng ating pagsisimba sa araw ng Linggo. Ngunit alam ba ninyo kung bakit napakahalaga ng sakramento? May isang bagay tayong ipinapangakong gawin na siyang dahilan kung bakit isa ito sa pinakamahalaga at sagradong ordenansa sa Simbahan: ang alalahanin si Jesucristo.

Pag-isipan ninyo: ang pag-alaala sa Tagapagligtas ay isang mahalagang bahagi ng mga panalangin sa sakramento. Nangangako tayo rito na "lagi siyang [a]alalahanin" (D at T 20:77, 79), hindi lamang sa araw ng Linggo, kundi *palagi*. Kapag lagi nating inalaala ang Tagapagligtas, mababanaag sa ating buhay ang Kanyang mga pamantayan at turo, at madarama rin natin ang matindi at nagpapalakas Niyang impluwensya sa ating buhay.

Paano Nakatulong sa Isang Kabataang Lalaki ang Pag-alaala sa Tagapagligtas

Halimbawa, nang pagsisihin ng isang anghel ng Diyos si Nakababatang Alma, bumagsak siya sa lupa at hindi nakapagsalita at nakagalaw nang ilang araw. Sa panahong ito, pinahirapan siya ng alaala ng kanyang mga kasalanan, ngunit "naalaala [niya na] . . . narinig [niya] ang [kanyang] ama na nagpropesiya . . . hinggil sa pagparito ng isang Jesucristo, isang Anak ng Diyos, na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan." Pagkatapos ay sinabi niya: Ngayon, nang maapuhap ng aking isipan ang kaisipang ito, nagsumamo ako sa aking puso: O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako, na nasa kasukdulan ng kapaitan, at napalilibutan ng walang hanggang tanikala ng kamatayan. At ngayon, masdan, nang maisip ko ito, hindi ko na naalaala pa ang aking mga pasakit" (Alma 36:17–19).

Ang pag-alaala lang kay Cristo ay nagtulak na kay Alma na humingi ng awa sa panalangin, na nagpalis sa panunurot ng kanyang budhi, nagpagaan sa kanyang pasakit, at tumulong sa kanya na magsisi. Tulad ni Alma, maaari nating ilaan ang ating buhay kay Cristo at maranasan ang kaligayahang nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo. Lahat ng ito ay nagsisimula sa ating pasiyang alalahanin si Jesucristo at ang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Dumarating ang malalaking pagpapala kapag inalaala natin si Jesucristo sa pamamagitan ng pakikibahagi sa sakramento.

MGA PAGLALARAWAN NI KEVIN KEELE

NARITO ANG LIMA PANG PAGPAPALANG NAGMUMULA SA PAGTUPAD SA ATING PANGAKO NA LAGING ALALAHANIN ANG TAGAPAGLIGTAS.

1. Mapapasaatin ang Kanyang Espiritu

Kapag nakibahagi kayo ng sakramento tuwing Linggo, maaalaala ninyo ang pangako na, kung aalalahanin ninyo si Cristo, susundin ang Kanyang mga utos, at tataglayin sa inyong sarili ang Kanyang pangalan, laging pasasainyo ang Kanyang Espiritu. Sa isang mundong puno ng mga pagsubok, madaling maligaw ng landas. Ngunit kung sumasainyo ang Espiritu Santo, "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5). Maaari kayong gabayan ng Espiritu ng Panginoon at biyayaan ng patnubay, tagubilin, at proteksyon.

2. Mabibigyan Niya Tayo ng Lakas na Labanan ang Tukso

Ang ating pinakamainam at pinakamabisang depensa laban sa tukso ay ang ating pananampalataya kay Jesucristo (tingnan sa Alma 37:33). Kapag itinuon natin ang ating isipan kay Jesucristo, makikilala natin ang mga kasinungalingan ni Satanas at matutukoy natin ang kanyang mga pagtatangkang linlangin tayo. Dahil si Jesucristo ay nakaranas ng tukso ngunit hindi kailanman nagpadala rito, makakaasa tayo sa Kanya kapag naharap tayo sa mga tukso. Itinuro ni Nephi na ang mga taong "mahigpit na [kumakapit sa salita ng Diyos] kailanman . . . ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila" (1 Nephi 15:24). Kapag inalaala natin ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga turo, mapapasigla at mapapalakas Niya tayo laban sa mga tukso.

3. Gagabayan Tayo ng Kanyang Halimbawa

Hindi lamang sinasabi sa atin ni Jesucristo kung saan tayo aasa para sa buhay na walang hanggan; inaakay pa Niya tayo sa daan. Sinabi Niya, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay" (Juan 14:6). Si Cristo ang ating perpektong halimbawa. Noong Kanyang mortal na ministeryo, nagturo at nagpamalas si Jesus ng

PARA SA IBA PANG IMPORMASYON TUNGKOL SA SAKRAMENTO

Para malaman ang iba pa tungkol sa Tagapagligtas at sa sakramento, maaari ninyong basahin ang:

- *Jeffrey R. Holland, "This Do in Remembrance of Me,"* Ensign, *Nob. 1995, 67.*
- *Cheryl A. Esplin, "Ang Sakramento—Isang Pagpapanibago ng Kaluluwa,"* Liahona, *Nob. 2014, 12.*

pagmamahal, kaamuan, pagpapakumbaba, at pagkahabag. Ginugol niya ang Kanyang panahon sa pagtuturo, paglilingkod, at pagmamahal sa iba.

Sa lahat ng ginawa Niya, sinunod Niya ang kalooban ng Kanyang Ama (tingnan sa Juan 5:30). Sa lahat ng bagay, nagpakita ng huwaran ang Tagapagligtas kung paano tayo dapat mamuhay, at inaanyayahan Niya tayong lahat na sundin ang Kanyang halimbawa.

Kung malaman ninyo na hindi ninyo alam kung saan pupunta o ano ang gagawin, alalahanin ang Tagapagligtas. Sabi Niya, "Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan" (Juan 8:12).

4. Matutulungan Niya Tayong Paglingkuran ang Iba

Laging inuuna ni Jesus ang mga pangangailangan ng iba kaysa sa sarili Niyang mga pangangailangan. Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Ang mga Gawa 10:38). Pinagaling Niya ang mga maysakit at tinulungan ang mga nasa paligid Niya. Kapag inalaala natin si Jesus, naaalala natin ang di-makasariling mga paglilingkod na nakita sa Kanyang buhay. Naaalala rin natin na sinabihan Niya tayo na maglingkod sa Kanya sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba. "Kapag kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17).

Bubuksan ng Panginoon ang inyong mga mata para makita ang mga taong nangangailangan ng inyong tulong. Gagabayan din kayong malaman kung paano ninyo sila higit na mapaglilingkuran. Magiging mas maligaya at mas makabuluhan ang inyong buhay kapag naglingkod kayo sa maliliit at simpleng paraan. Ang paglilingkod sa iba ay maghahatid ng kapayapaan at kagalakan sa inyong buhay.

5. Maaari Tayong Magsisi

Lahat tayo ay nagkukulang sa pagsunod sa mga kautusan, kahit taos-puso tayong nagsisikap, ngunit dahil sa buhay at misyon ni Jesucristo, may paraan para makabalik sa Kanya.

Ang pag-alaala kay Jesucristo ay ipinaaalala sa atin ang kaloob na pagsisisi na ibinigay sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Inaanyayahan tayong lahat ni Jesus na magsisi, at nagagalak tayo kapag tinatalikuran natin ang kasalanan at bumabaling tayo sa Kanya. Kapag taos ang hangarin nating magbago at sundin ang mga kautusan, nangako ang Panginoon na, "Siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, siya rin ay patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito" (D at T 58:42).

Kapag nakibahagi kayo ng sakramento, nangangako kayo na laging aalalahanin ang Tagapagligtas. Kapag lalo ninyong inaalaala si Cristo, lalo Siyang nagiging sentro ng inyong buhay at lalo Niya kayong gagabayan at papatnubayan para marating ninyo ang inyong buong potensyal. Ang pag-alaala sa Tagapagligtas sa tuwina ay magpapala sa inyong buhay. ■

PAGLILIGTAS SA AKING SABBATH

Ni Mackenzie Brown

Huli na ako! Dali-dali akong nagsuot ng magandang damit, kumuha ng panali sa buhok, nagmaneho papuntang simbahan, pumarada, at nagmamadaling pumasok. Hay, salamat! Nakakita ako ng mauupuan sa harapan bago tumayo ang bishop para simulan ang sacrament meeting.

Isa ako sa mga magsasalita sa Linggong iyon, kaya dali-dali kong binasa ang aking kodigo, at tiniyak ko na wala akong nakalimutan. Hindi naglaon, parang tapos na agad ang sacrament meeting, at papunta na ako sa Sunday School. Isa na namang matagumpay na sacrament meeting!

Pero matagumpay nga kaya ito?

Nang sumunod na linggo nagsimula akong mag-isip. Sumapit na naman ang araw ng Linggo, at habang nakaupo ako sa sacrament meeting, na iniisip ang kahulugan ng sakramento sa akin, biglang pumasok sa isipan ko: muli akong nangangako bawat linggo na lagi kong aalalahanin si Jesucristo, pero gaano ako kaseryoso sa paggawa niyon?

Gusto kong magbago, kaya nagpasiya akong gumawa ng lingguhang plano.

- Sa buong linggo, maglalaan ako ng panahon na pag-isipang mabuti ang pag-uugali ko at ihingi ng tawad ang mga kasalanan ko. Siguraduhin ko ring dumating nang maaga sa simbahan para makinig sa prelude music at madama ang Espiritu.
- Sa oras ng sakramento, aalalahanin ko si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala. Mapanalangin kong rerebyuhin kung ano ang nagawa kong tama at nagawa kong mali. Itatanong ko sa aking sarili, "Panginoon, ano pa ang kulang sa akin?" (tingnan sa Mateo 19:20).
- Sa araw-araw pagkatapos ng sakramento, ipagdarasal ko na tulungan akong magpakabait at alalahanin si Cristo.

Nang sundin ko ang aking plano, talagang lalong napamahal sa akin ang sakramento! Gustung-gusto kong magdasal sa Ama sa Langit at kausapin Siya tungkol sa buhay ko. Anuman ang pag-uugali ko sa nakaraang linggo, lagi kong pinasasalamatan ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang pagkakataong magbago at maging mas mabait. Ngayo'y alam ko nang hindi lang para sa araw ng Linggo ang sakramento; ito'y para sa *bawat* araw.

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

NARIYAN KA BA TALAGA?

"Ikaw ba ay nag-iisip nang malalim tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo para sa iyo kapag hinihilingan kang maghanda, magbasbas, magpasa, o makibahagi ng sakramento?"

Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol,
("Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Young Adult,"
Liahona, Mayo 2015, 68.)

Pagkatutong Maging ISANG LIWANAG SA MUNDO

Ni Victor de Jesus Cruz Vargas

Isinilang ako sa Dominican Republic at lumaki sa Simbahan. Lumaki ako na naliligiran ng magagaling na lider na nagsikap na tulungan akong sumunod sa tamang landas. Pinangarap kong magmisyon at tumulong sa mga tao.

Dahil nagpunta ang tatay ko sa Estados Unidos para makahanap ng mas magandang buhay para sa amin, mag-isa si Inay sa pagpapalaki sa mga kapatid kong babae at sa akin. Kung minsan pakiramdam ko ay nag-iisa ako, pero hindi naman talaga dahil nakakausap ko ang mga lider ko sa Simbahan tungkol sa mga problema ko sa buhay.

Nang lumipat kami sa Estados unidos, nagsimula ang malalaking pagsubok sa akin. Nagsimba kami sa isang maliit na branch at nagkaroon ako ng magagaling na lider na gustong tumulong sa akin, pero sinikap akong ilayo ng mga kaibigan ko sa paaralan sa landas ng ebanghelyo. Sa kasamaangpalad, sinimulan kong sagut-sagutin nang paasik ang nanay ko at bihira kong pakinggan ang kanyang mga payo.

Nagsisimba ako tuwing Linggo, pero ayaw ko talagang magsimba, at hindi ko na alam kung gusto ko pang magmisyon.

Isang umaga binuklat ko ang Aklat ni Mormon, at bumukas ito mismo sa pahina ng paborito kong mga talata, 3 Nephi 12:14–16:

"Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ibinibigay ko sa inyo na maging ilaw ng mga taong ito. Isang lunsod na nakatayo sa ibabaw ng isang burol na hindi maitatago.

"Masdan, ang mga tao ba ay magsisindi ng kandila upang ilagay sa ilalim ng takalan? Hindi, kundi sa isang kandelero, at ito ay nagbibigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay;

"Samakatwid hayaan na ang inyong ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit."

Nagalak ako nang husto nang mabasa ko ito dahil nakatulong ito sa akin na maalaala ang mga natutuhan ko sa seminary at kung gaano kagila-gilalas ang plano ng ating Ama. Kaya ipinasiya kong subukan na maging ilaw sa mundo.

Niyaya kong magsimba ang dalawang pinsan ko. Ang isa ay di-gaanong aktibo, at naging aktibo siyang muli. Ang isa naman ay hindi miyembro, at nabinyagan ko siya.

Pakaraan ng isang taon natanggap ko aking tawag na magmisyon sa California, USA. Nang maglingkod ako, natiyak ko na ito ang tunay na ebanghelyo ni Jesucristo. Sa pagtulong ko sa mga tao, lalo pang lumakas ang aking patotoo, at tuwing babasahin ko ang aking mga banal na kasulatan, lagi kong binibigkas ang mga talata sa 3 Nephi na maging liwanag sa sanlibutan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Dominican Republic.

Maging Sino Ka Man

Ni Linda Davies
Batay sa tunay na buhay

"Naku," naisip ni Andi. "Ano ang mangyayari ngayong hindi pa ako naibuklod sa pamilya ko?"

MGA PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

*"Ako ay anak ng Diyos, dito'y isinilang" (*Aklat ng mga Awit Pambata, *2).*

"Maganda na," naisip ni Andi nang sumulyap siya sa salamin. Suot niya ang paborito niyang pulang damit. Gusto niyang palagi siyang maganda tuwing Linggo. Nagmadali siyang bumaba para mag-almusal.

Patapos pa lang mag-almusal si Andi nang bumusina ang kotse ng pamilya Reeder mula sa driveway. "Babay po, Inay! Babay po, Itay!" sabi ni Andi, at hinalikan sila habang tumatakbo palabas ng pintuan.

Kahit hindi miyembro ng Simbahan ang kanyang Inay at Itay, hinikayat nila si Andi na magsimba linggu-linggo. Halos kada Linggo siyang isinasabay ng pamilya Reeder mula nang mabinyagan siya at makumpirma. Gusto ni Andi kung paano nila ipinadarama na tanggap at mahal siya nila.

Pagkatapos ng sacrament meeting oras na para sa Primary. Gustung-gusto ni Andi sa Valiant class nina Brother at Sister Long. Mababait sila, at ang ganda palagi ng mga lesson nila.

"Ngayon ay pag-uusapan natin ang mga templo," sabi ni Sister Long. "Ano ang ilang bagay na alam natin tungkol sa mga templo?"

May isang alam na sagot si Andi: "Makakagawa po tayo ng mga pagbibinyag sa templo." Sabik siya tungkol dito dahil taun-taon ay pumupunta sa templo ang mga kabataang babae sa kanyang ward para magsagawa ng mga pabibinyag. Di-magtatagal at makakasama na rin si Andi!

"Magaling, Andi. Ano pa ang alam natin?"

"Maaari kang ikasal sa templo," sabi ng kaibigan ni Andi na si Allison.

"Magaling," sabi ni Sister Long. May iba pa ba?"

"Maaaring magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman kapag ibinuklod sila sa templo," dagdag pa ni Allison.

"Pero hindi ang pamilya ko," naisip ni Andi. "Hindi pa nabuklod sa templo sina Inay at Itay!" Biglang nag-init ang kanyang mukha, at nagsimula siyang lumuha.

"OK ka lang ba, Andi?" tanong ni Sister Long.

"Opo," sagot ni Andi, na pinipigilan ang luha. Pero dama niya ang pagkabog ng kanyang dibdib hanggang sa matapos ang klase.

Pagkatapos ng klase, tinabihan ni Sister Long si Andi at inakbayan. “Ano’ng problema?” tanong nito.

“Hindi ko po makakasama ang nanay at tatay ko magpakailanman,” sabi ni Andi. “Hindi po kasi sila ikinasal sa templo. Sino po ang makakasama ko pagkamatay ko? Mahal pa po ba ako ng Ama sa Langit kahit hindi miyembro ang mga magulang ko?”

Tumitig si Sister Long sa mga mata ni Andi. “Maging sino ka man at nabuklod man sa templo ang iyong pamilya o hindi, bahagi ka pa rin ng pamilya ng Ama sa Langit. Maaari *kang* manatiling malapit sa Kanya at maging halimbawa sa iba. Lagi ka Niyang mamahalin, gagabayan, at poprotektahan, anuman ang mangyari. Nais ka Niyang pagpalain at ang iyong pamilya. Ikaw ay anak ng Diyos, Andi.”

Natuwa si Andi pagkatapos niyon, at tumigil ang pagkabog ng kanyang dibdib. Gumanda na ngayon ang kanyang pakiramdam. Alam niya na totoo ang sinabi ng kanyang guro. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.



ANO ANG MAGAGAWA MO?

Ano ang magagawa mo kung ayaw maging bahagi ng Simbahan ang isang magulang o isang kapamilya?

- Tandaan na malaya silang pumili at na mahal sila ng Ama sa Langit.
- Ipaalam sa kanila na mahal mo sila.
- Maging mabuting halimbawa sa kanila sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo.
- Alalahanin ang lahat ng mabuting bagay tungkol sa kanila.
- Ipagdasal na tulungan sila ng Ama sa Langit na madama ang Kanyang pagmamahal sa kanila at akayin sila patungo sa Simbahan.

Si Clarence Laban sa Kampeon

Ni Lori Fuller
Mga Magasin ng Simbahan
Batay sa tunay na buhay

Tumanaw si Clarence sa labas ng bintana ng kotse habang papalapit sila sa daungan. Maraming bangkang nakalutang sa tubig sa tapat ng makukulay na bahay at tindahan. Ang Copenhagen, Denmark, ay isang magandang lungsod na may maraming palasyo, mansiyon, at parke. Ibang-iba iyon sa bayang-sinilangan ni Clarence sa Utah, USA. Naalala ni Clarence ang maaalikabok at malulubak na kalsada kung saan siya nakipagkarerahan sa pagtakbo noong bata pa siya. Ngayon ay miyembro na siya ng track team ng Estados Unidos, at bukas ay lalabanan niya sa karerahan sa pagtakbo ang isang sikat na Danish runner.

Tumigil ang kotse sa isang maliit na kapilya kung saan nagsimula na ang isang pulong ng Simbahan.

Habang dahan-dahang pumasok sa likod si Clarence, isa sa mga missionary na nakaupo sa harapan ang nakakilala sa kanya dahil sa isang artikulo tungkol sa paligsahan kinabukasan. Hiniling ng branch president kay Clarence na umakyat sa harapan at magsalita.

Matapos sabihin ni Clarence kung bakit siya naroon, tumayo ang isang batang lalaki at nagtaas ng kamay. "Palagay mo ba matatalo mo ang kampeong Danish?" tanong nito.

Hindi sigurado si Clarence kung ano ang sasabihin. Ang Danish runner ay *talagang* mas mabilis tumakbo sa isang milyang karerahan noong taong iyon.

"Siyempre kaya niya," sabi ng isa sa mga missionary bago pa nakasagot si Clarence. "Dahil sinusunod niya ang Word of Wisdom." Binuksan niya ang kanyang banal na kasulatan sa Doktrina at mga Tipan 89. Binasa niya ang pangako na yaong mga sumusunod sa Word of Wisdom ay "tatakbo at hindi mapapagod, at [lala]kad at hindi manghihina" (talata 20).

Ano pa ang masasabi ni Clarence? Alam *niya* na totoo ang Word of Wisdom. Bata pa siya ay nangako na siya na susundin niya ito. Ngunit hindi ibig sabihin nito ay mananalo na siya sa karerahang ito. Kailangan din ng ensayo at galing para manalo. Nang lisanin ni Clarence ang miting, naisip niya, "Wala namang

PAGLALARAWAN NI MATT SMITH

ANG PASIYA NI CLARENCE

Nakipagkarerahan si Clarence F. Robison sa 1948 Summer Olympics at naging magaling na college track coach. Noong bata pa siya, nangako siya na lagi niyang susundin ang Word of Wisdom. Alam niya na hindi siya mananalo sa lahat ng karerahang sinalihan niya dahil lang dito. Pero alam niya na matutulungan siya ng Ama sa Langit na ibigay ang lahat ng kanyang makakaya kapag siya ay malinis at karapat-dapat at nanampalataya.

manonood na mga miyembro ng simbahan sa karerahan bukas."

Nang sumunod na gabi habang naghahanda si Clarence para sa karerahan, tumingala siya at nakita niya ang dalawang missionary na may kasamang isang grupo ng mga 17 kabataang lalaki. *Nagpunta* sila!

Habang papalapit sila, ibinulong ng isa sa mga missionary kay Clarence na, "Galingan mo ang pagtakbo ngayong gabi." Marami sa mga kabataang lalaki ang hindi miyembro ng Simbahan pero nagpunta na kasama ang kanilang mga kaibigan para tingnan kung talagang totoo ang Word of Wisdom.

Nag-alala si Clarence. Sa karerahang ito, baka hindi sapat ang kanyang galing. Pero tatakbo siya para patunayan ang isang alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kailangan *niyang* manalo. Hindi pa siya nakapagdasal kahit kailan para manalo, pero nakakita siya ng bakanteng silid para magdasal.

Ang dasal niya, "Ama sa Langit, alam ko pong totoo ang Word of Wisdom, at hindi ko pa ito sinuway kailan man. Tulutan po Ninyo akong manalo sa karerahang ito." Habang naglalakad siya papunta sa starting line, alam niya na dininig ng Ama sa Langit ang kanyang panalangin. Nagtiwala siya sa kalooban ng Ama sa Langit.

Maulan at maputik noong gabing iyon. Nang magsimulang tumakbo si Clarence, parang katulad lang iyon ng maraming iba pang isang-milyang karerahang natakbo niya. Mabilis ang takbo ng lahat, at nangunguna ang kampeong Danish. Pero nang matapos ni Clarence ang ikatlong lap, biglang nawala ang pagod niya. Nagsimula siyang tumakbo nang mas mabilis, at hindi siya nahirapan. Binilisan pa niya ang pagtakbo at hindi pa rin siya nahirapan. Naunahan niya ang kampeong Danish at mas binilisan *pa* niya ang pagtakbo.

Nang papaliko na si Clarence, sumigaw ang coach niya, "Dahan-dahan lang! Mauubusan ka ng lakas!" Pero alam ni Clarence na kaya pa niyang tumakbo. At nang makarating siya sa finish line, naunahan niya nang mahigit 50 yarda (46 m) ang Danish runner! Alam niya na nanalo siya dahil sinagot ng Ama sa Langit ang kanyang panalangin at dahil totoo ang Word of Wisdom. ■

Mga Kaibigan at Pananampalataya

Ni Melissa Hart, Utah, USA

Hi! Ako si Ivana.

Nakatira ako sa Bogotá, Colombia, at ako ay naninindigan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga kaibigan at kapamilya ko.

Nag-aaral ako sa isang paaralang Katoliko para sa mga babae. Ang ilan sa aking mga paniniwala ay iba sa mga kaklase at guro ko, pero iginagalang nila ako, at iginagalang ko sila. Nag-uusisa sila tungkol sa relihiyon ko, at kinukuwentuhan ko sila tungkol dito! Narito ako at ang kaibigan kongg si Luisa.

Tinanong ako ng isang guro kung kapareho ng sa Katoliko ang mga pinaniniwalaan natin. Sinabi ko sa kanya na naniniwala tayo kay Jesucristo. Bumanggit din ako tungkol sa Aklat ni Mormon, Biblia, at Doktrina at mga Tipan.

Ang tatay ko ay hindi miyembro ng Simbahan, pero madalas siyang dumalo sa mga aktibidad sa Simbahan. Binibiro ko siya na isa siyang "Cath-ormon" (Catholic-Mormon).

Bumisita kami sa Salt Lake City para sa pangkalahatang kumperensya at narinig naming magsalita si Pangulong Monson. Napakaganda ng mga sinabi niya, at nagtuturo ito tungkol sa ebanghelyo.

Inanyayahan ko ang isang kaibigan sa paaralan na dumalo sa binyag ko, at nagpunta nga siya! Natutuwa akong makabahagi siya sa karanasang iyon.

Maganda ang Bogotá Colombia Temple. Gusto kong makapasok doon balang-araw para marami pa akong matutuhan tungkol sa ebanghelyo. Sumama sa akin ang kaibigan kong si Laura.

MGA TIP NI IVANA SA PANININDIGAN

Ngumiti at ibahagi sa iba ang mga kuwento mula sa simbahan at mga banal na kasulatan.

Dumalo sa mga miting sa Simbahan tuwing Linggo.

Magdaos ng family home evening.

Sikaping magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw.



Paano tinatawag ang mga missionary?

Ni Elder M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Una, iinterbyuhin ka ng iyong bishop at stake president.

Susunod, makikita ng isa sa Labindalawang Apostol ang iyong larawan at impormasyon sa computer screen.

Titingnan nila ang iyong mga mata.

Pagkatapos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ng Panginoon, itatalaga ka nila sa isa sa 409 na mission ng Simbahan.

Mula sa "Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Young Adult," Liahona, *Mayo 2015, 67–70.*

PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

SULOK PARA SA TANONG

Kapag nagtatalo ang nanay at tatay ko, alalang-alala at lungkot na lungkot ako. Ano ang gagawin ko?

Maaari kang manalangin sa Ama sa Langit. Palagi nitong pinagagaan ang pakiramdam ko.
Hayden H., edad 6, Alberta, Canada

Para mapasaya sila, nakikipagbiruan ako sa kanila at ikinukuwento ko ang mga nangyari sa paaralan. Kapag nagsimula na silang tumawa, nadarama ko na sinasabi sa akin ng Espiritu Santo na tama ang ginawa ko.
Elena M., edad 12, California, USA

Max: Yayakapin ko sila at kakantahan ng isang awitin sa Primary para maalala nila si Jesus.

Gabe: Pagaanin ang pakiramdam ng iyong mga magulang sa pamamagitan ng pagdodrowing ng larawan ng inyong pamilya sa langit.
Max at Gabe C., edad 6 at 10, Kochi, India

Maaari mong ipagdasal na tulungan ang nanay at tatay mo na malagpasan ang kanilang problema at ihimig ang ilang awitin sa Simbahan para gumanda ang pakiramdam mo.
Addison S., edad 10, Washington, USA

Pumapasok kaming magkakapatid sa kuwarto namin at nakikinig sa Tabernacle Choir. Nakatulong ito para makadama kami ng kapayapaan.
Ben M., edad 11, Brisbane, Australia

Mananalangin ako sa Ama sa Langit at hihilingin ko sa Kanya na tulungan Niya ang mga magulang ko kapag nagtatalo sila para madama nila ang Espiritu at malutas nila ang kanilang mga problema.
Ethan M., edad 11, California, USA

SUSUNOD NA TANONG

"Paano ko malalaman na nasa hustong gulang na ako para mag-ayuno?"

May maipapayo ka ba? Ipadala sa amin ang iyong sagot at retrato bago sumapit ang Hulyo 31, 2016. Isumite ito online sa liahona.lds.org o i-email sa amin sa liahona@ldschurch.org. (Ilagay ang "Question Corner" sa subject line.) Tandaang isama ang pahintulot ng iyong magulang!

PAGLALARAWAN NI MARK ROBISON

Matapang si Kapitan Moroni

Pinamunuan ni Kapitan Moroni ang hukbo ng mga Nephita. Gustung-gusto niyang sundin ang Ama sa Langit. Tinulungan niya ang mga sundalong Nephita na ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga Lamanita. Ipinaalala niya sa kanila ang mga pagpapala ng Ama sa Langit. Ipinaalala niya sa kanila ang kanilang kalayaan at kanilang pamilya para tumapang sila.

Maraming bata sa paaralan ang gumagamit ng hindi magandang pananalita na hindi komportable sa akin. Nagdasal kami ni Inay para humiling ng lakas-ng-loob at para malaman kung ano ang pinakamagandang gawin. Kinabukasan, nang gamitin nila ang pananalitang iyon, magalang kong sinabi na, "Huwag na sana ninyong gamitin ang mga salitang iyan. Hindi ako komportableng marinig iyan." Sabi nila, "OK, sori." Sumaya ang kalooban ko dahil diyan, at natutuwa akong malaman na tutulungan ako ng Ama sa Langit kapag humingi ako ng tulong.

Bella T., edad 10, Virginia, USA

Grant L., edad 10, Florida, USA

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Gupitin, itupi, at itabi ang challenge card na ito!

Kaya Kong Maging Matapang!

- ☐ Isaulo ang Alma 48:11–12. Basahin din ang talata 17!
- ☐ Tulungang maging matapang ang isang taong nag-aalala o natatakot. Ibahagi sa kanila ang iyong patotoo tungkol sa Ama sa Langit.
- ☐ Panoorin ang mga kabanata 31–33 at 35 ng mga kuwento sa Aklat ni Mormon sa scripturestories.lds.org.
- ☐ Hinahamon ko ang sarili ko na . . .

_____

Mga Talata sa Buwang Ito

Matapos mong basahin ang isang talata sa banal na kasulatan, kulayan ang katugmang mga lugar na may numero sa bandila ng kalayaan!

1 Alma 43:9–12, 16–23, 47–54

2 Alma 44:1–10, 12, 19–20

3 Alma 46:10–16, 21–22

4 Alma 53:10–21

5 Alma 56:2–11, 41–48, 55–56

6 Helaman 5:20–44

7 Helaman 8:1, 4, 10, 25–28

8 Helaman 9:1–5, 19–24, 39–40



Ang Bandila ng Kalayaan

Pinamunuan ni Moroni ang mga Nephita sa isang digmaan laban sa mga Lamanita para ipagtanggol ang kanilang tahanan at pamilya. Gumawa ng "bandila ng kalayaan" si Kapitan Moroni mula sa kanyang bata (coat). Sumulat siya ng espesyal na mensahe para ipaalala sa mga Nephita ang ipinaglalaban nila: "Sa alaala ng ating Diyos, ating relihiyon, at kalayaan, at ating kapayapaan, ating mga asawa, at ating mga anak" (Alma 46:12). Basahin ang iba pa tungkol dito sa pahina 76. At maghanap ng isa pang hamon sa pagbabasa sa susunod na isyu! ■

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND; DETALYE MULA SA *ITINAAS NI KAPITAN MORONI ANG BANDILA NG KALAYAAN*, NI ARNOLD FRIBERG

Ang Bandila ni Kapitan Moroni

Minsa'y may isang masamang hari. Gusto niyang mamuno sa mga Nephita.



Si Moroni ang kapitan ng hukbo ng mga Nephita. Siya ay malakas, at mahal niya ang Diyos.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Gustong protektahan ni Kapitan Moroni ang kanyang mga tao mula sa hukbo ng masamang hari.

Nagpasiya siyang gumawa ng isang bandila para sa kanyang mga tao.

Ipinaalala ng bandila ni Kapitan Moroni sa kanyang mga tao na dapat nilang sundin ang Diyos at protektahan ang kanilang pamilya. Sa gayon ay magkakaroon sila ng kapayapaan. ■

’Pag Nariringig Ko ang Hirap ng mga Batang Pioneer

Mga titik at himig ni
Janice Kapp Perry

May pananalig ♪ = 120–126



© 2016 ni Janice Kapp Perry. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

Ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015)
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

MGA ESPIRITUWAL NA BUWAYA

"Kalokohan," sabi ko. "Walang mga buwaya roon."

Matagal ko nang gustong magpunta sa Africa at makita ang mga hayop, at sa wakas ay dumating ang pagkakataong iyon. . . .

Huminto kami sa isang inuman ng tubig upang masdan ang mga hayop na dumarating para uminom. Lubhang tagtuyot ang panahong iyon at walang gaanong tubig, talagang mapuputik na lugar lamang. Kapag tumapak ang mga elepante sa malambot na putik, tumatagas ang tubig sa naiwang lubak at umiinom ang mga hayop mula sa mga niyapakan ng elepante.

Ang mga usa, lalo na, ay takot na takot. Nilalapitan nila ang tubig sa putikan, para lamang pumihit at tumakbo sa labis na takot. Nakikita ko na walang mga leon sa paligid at tinanong ko ang guide kung bakit hindi sila umiinom. Ang sagot niya, at ito ang leksyon, ay "mga Buwaya."

Alam ko na nagbibiro lang siya at tinanong ko siya nang seryoso, "Ano ang problema?" Muli niyang sagot: "mga Buwaya."

"Kalokohan," sabi ko. "Walang mga buwaya roon." . . .

Halata niya na hindi ko siya pinaniwalaan at ipinasiya niya, sa palagay ko, na turuan ako ng leksyon. Naglakbay

kami sa isa pang lugar kung saan ang sasakyan ay nasa isang dike sa itaas ng maputik na inuman kung saan matatanaw namin ang ibaba. "Hayun," sabi niya. "Tingnan mo mismo."

Wala akong makitang anuman maliban sa putik, kaunting tubig, at mga natatakot na hayop sa kalayuan. Pagkatapos ay bigla kong nakita iyon!—isang malaking buwaya, na nakapirmi sa putikan, na naghihintay sa ilang walang kahina-hinalang hayop na mauhaw nang sapat upang lumapit para uminom. . . .

Napakabait ng guide sa akin. Ang "mapagmagaling" na hamon ko sa una niyang sinabi na, "mga buwaya," ay maaaring nagtulak sa kanya na sabihing, "Lumabas ka at tingnan mo mismo!"

Nakita ko mismo na walang mga buwaya. Sa sobrang tiwala ko na tama ako, lumabas na sana ako para tingnan lang kung ano ang naroon. Ang gayon kayabang na pamamaraan ay malamang na ikinamatay ko! Pero sapat ang tiyaga niya para turuan ako.

Mga kaibigan kong kabataan, sana'y maging mas matalino kayo sa pakikipag-usap ninyo sa inyong mga guide kaysa sa akin sa pagkakataong iyon. Ang mayabang at walang-galang na ideya na alam ko na ang lahat ay hindi nararapat sa akin, ni sa inyo. Hindi ko iyon ipinagmamalaki, at palagay ko mahihiya akong ibahagi iyon sa inyo kung hindi lang ito maaaring makatulong sa inyo.

Ang mga nakatatanda sa inyo na may mga karanasan na sa buhay ay binabalaan kayo sa mga panganib na maaari ninyong suungin. Hindi lamang ang malalaking buwaya na kaya kayong lapain, kundi ang *mga espirituwal na buwaya,* na talagang mas mapanganib, at mas mapanlinlang at mas mahirap pa ngang makita kaysa nakabalatkayong mga buwaya sa Africa.

Ang mga espirituwal na buwayang ito ay kayang patayin o luray-lurayin ang inyong kaluluwa. Kaya nilang sirain ang kapayapaan ng inyong isipan at ng isipan ng mga taong nagmamahal sa inyo. Ito ang mga bagay na dapat tayong mabigyang-babala, dahil talamak na ito ngayon sa buong mundo. . . .

Mabuti na lang at sapat ang mga gabay sa buhay upang mahadlangan ang mga bagay na ito kung handa tayong tanggapin ang kanilang mga payo paminsan-minsan. ■

Mula sa "Spiritual Crocodiles," Ensign, *Mayo 1976, 30–31.*

IMAHE © ISTOCK/THINKSTOCK

MGA KABATIRAN

Paano tayo mabubuhay sa isang mundong puno ng pagtatalo?

"Bilang mga indibiduwal, mga disipulo ni Cristo, na nabubuhay sa mundong puno ng pagtatalo na literal na nagkakagulo, maaari tayong mabuhay at lumago kung matibay ang ugat ng ating pagmamahal sa Tagapagligtas at mapagpakumbaba nating sinusunod ang Kanyang mga turo."

Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Tanglaw Ko ang Diyos," *Liahona,* Mayo 2015, 63.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

p. 44

PAANO MAKAKAYANANG HARAPIN ANG PAG-UWI NANG MAAGA

Ang pag-uwi nang maaga mula sa aking misyon ay nakapanlulumo, pero natuklasan ko na maaari itong maging isang hakbang pasulong kung pagtutuunan ko ang anim na bagay na ito.

PARA SA MGA KABATAAN

Pag-alaala sa TAGAPAGLIGTAS

Bawat linggo, nangangako tayo na lagi nating aalalahanin si Jesucristo, bawat araw ay maaari tayong tumanggap ng mga pagpapala sa pagsunod sa pangakong iyon.

p. 60

PARA SA MGA BATA



p. 76

Ang Bandila ni Kapitan Moroni

Gumawa ng bandila si Kapitan Moroni para maipaalala sa kanyang mga tao ang pinakamahahalagang bagay, tulad ng kanilang pamilya at ng Diyos. Paano mo inaalala ang pinakamahahalagang bagay sa iyong buhay?

Para magbigay ng feedback tungkol sa Liahona, *mag-email lamang sa liahona@ldschurch.org.*

TAGALOG
4 021328789 3 7

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW